
TOMO 2, 2021

ISSN 2815-1232

# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN



agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo 2, 2021
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

AGOS
Refereed Journal
ng Malikhaing Akdang
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)
Tomo 2, 2021
Sentro ng Wikang Filipino-
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Libreng maaakses at mada-download ang elektronikong bersiyon ng Agos sa *www.journals.upd.edu.ph / index.php/Ag*

Inilalathala ng
Sentro ng Wikang Filipino-
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
nang isang beses kada taon.

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA
**Punong Patnugot**
**Direktor, SWF-UP Diliman**

JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG
ELFREY VERA CRUZ-PATERNO
KATHERINE TOLENTINO-JAYME
**Kawaksing Patnugot**

JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG
ODILON B. BADONG, JR.
**Tagapamahalang Patnugot**

MICHAEL BALILI
**Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat**

ODILON B. BADONG, JR.
**Tagapamahala sa Sirkulasyon**

Hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektroniko man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinumiteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa AGOS ay dumaan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**Patnugutan at Sirkulasyon**
*Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
Ikatlong Palapag, Gusali ng School
of Urban and Regional Planning (SURP)
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,
Diliman, Lungsod Quezon

**Email:** agos.swf@gmail.com
**Facebook**: /swfupdiliman
**Telepono**: (02) 8924-4747 0 8981-8500

# INTRODUKSIYON


*x* **Artifact para sa Hinaharap**
John Christopher DG. Lubag

*xii* **Isang Diagnosis Gamit ang Panulat**
Elfrey Vera Cruz-Paterno

*xvi* **Praxis ng Pagpanig ang Panulat**
Mykel Andrada


# DAGLI


4 **Listahan ang mga Mata**
Clinton D. Abilong

6 **Balikbayan**
Regine Cantoria Bayotas

10 **Pagitan**
Ronnie M. Cerico

13 **Health Declaration Form**
**Tenement**
**Hybrid Class**
Christopher Bryan A. Concha

26 **Ang Manok ni Mando**
Ignacio Villegas Dasigan

30 **Face-to-Face**
DJ Ellamil

33 **Nakausap mo na ba ang Apoy?**
Raphael M. Ferrer

37 **Atrasado**
John Carlo S. Gloria

40 **Pagsalubong**
John Riz N. Ibesate

42 **Panaginip**

**Dory's Disinfectants**
Geraldine Gentozala-Juachon

47 **Réngōng Zhìnéng 人工智能**
Joel Costa Malabanan

50 **Brand New Normal**
Acel DC. Martinez

52 **Sa Wakas**
Joanna Marie L. Martirez

55 **Adobo**
Alpine Moldez

61 **Baril at Asarol**

**Manibela**

Ronnel V. Talusan

68 **HR**

**Unos**

Roi Yves H. Villadiego

## DULA

74 **Huni at Pakpak**

Luna Sicat Cleto

## MAIKLING KUWENTO

131 **Mañanita**

Cris R. Lanzaderas

142 **Ang Value ng X Kapag Choppy si Ma'am**

Charmaine Lasar

153 **Mga Lubid sa Bintana**

Elizabeth Joy Serrano-Quijano

## SANAYSAY

161 **Tapos, Pagkatapos, at Di Maipadalang mga Liham**
Roda Tajon

168 **Di-mabilang na Patong ng Patong-patong**
Jamela Angela Obligacion

180 **Kawít-ang-Palakol**
Adelma L. Salvador

## TULA

187 **Deliryo Ka na Lang Ba o Maaari na Talagang Hugutin ang Tubo?**

**Sinasanto**

**Pakete na lamang ang Sinserong Biyahero**

**Abot-leeg ang Baha**

**Kumperensiya ng mga Arsonista**
Dennis Andrew S. Aguinaldo

198 **Tungkung Langit**

**Ulysses**
Paul Alcoseba Castillo

203 **Kinabukasan**

**Sa mga Darating pang Buwan**

**Sa Susunod na Taon**

**Sa Susunod pang Limang Taon**

**Isang Dekada**

Fernando Castor Chavez

211 **19 na Pantig/Pintig sa mga Episodyo ng Pandemya**

Gerard P. Concepcion

214 **Tanawin mula sa Aking Bintana**

**Ang Matanda sa Gilid ng Simbahan sa Likod ng SM North**

**Hatinggabi ng Butiki sa Eskinita**

Rowena P. Festin

219 **Nasamid lang**

**Galing Cold Mountain**

Paolo Manalo

223 **Sa Sandali ng Pag-ulan**

Francisco A. Monteseña

226 **Kill Bilbil**
**Kill Bilbil (Salin sa Filipino)**

**Tambaloslos**
**Tambaloslos (Salin sa Filipino)**

Judel Paredes

223 **Pagkatapos**

**Alingawngaw ni Marx sa Tuklas ng Lagalag**

**Solitarium**

**Karaniwan**

**Kolustat**

MJ Rafal

237 **An Tiguyang**
**Ang Matanda (Salin sa Filipino)**

**Latagaw**
**Palaboy (Salin sa Filipino)**

Ava A. Villareal

243 Panawagan

# *introduksiyon*

# ARTIFACT PARA SA HINAHARAP

JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG
*KAWAKSING PATNUGOT*

Ito ang ikalawang isyu ng *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*, ang kauna-unahang refereed journal na monolingguwal sa Filipino para sa mga malikhaing akdang pampanitikan ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman (UP SWF Diliman). Matutunghayan sa isyung ito ang mga akdang nagmula sa iba't ibang manunulat, guro, estudyante, manggagawa, kritiko, at manggagawang pangkultura. Humigit-kumulang na 60 manunulat ang dapat pasalamatan sa pagsusumite ng mga akda bilang kontribusyon, at 81 literary referees na tumulong sa patnugutan ng *Agos* sa proseso ng pagtatasa at pagpili ng mga akda. Lubos ang pasasalamat ng patnugutan ng *Agos* at ng UP SWF Diliman sa lahat ng nagbigay-suporta at naging bahagi ng pagsasakatuparan ng ikalawang isyu ng *Agos*.

Sa ikalawang pagkakataon, ilulunsad ang *Agos* sa panahon ng pandemya. Sa nakalipas na dalawang taon at hanggang kasalukuyan, nakita ng masang Filipino kung paano kinasangkapan ng kasalukuyang pamahalaan ang pandemya para sa pansariling kapakinabangan. Sa gitna ng patuloy na paglaban at pagpapagaling ng buong bansa mula sa nakahahawang sakit, trahedya, at iba't ibang hamon na idinulot ng pandemya, patuloy rin ang

pagsulong ng puwersa ng pagtutol at paninindigan ng mamamayan laban sa paulit-ulit at patuloy na pag-iral ng malawak at tahasang pang-aabuso, kapabayaan, at karahasan ng kasalukuyang pamahalaan.

Tampok sa isyung ito ng *Agos* ang iba't ibang kritikal na konteksto at sariwang mga naratibo at karanasan, na tumatalakay sa malawak na epekto ng pandemya sa bansa at sa iba pang kaugnay na mga isyung kinahaharap ng mamamayan. Sa pag-usad ng panahon, ang kasalukuyang pagtatala ng mga danas at salaysay ng mga manunulat-mamamayan, na tinipon sa isyung ito ay magiging bahagi ng ebidensya para sa darating na mga panahon. Sa hinaharap, ang pagbabalik sa mga akdang ito ay tulad ng paghalungkat at pagkatuto sa nakaraan—mga testimonya ng kasalukuyan—mga artifact para sa hinaharap. Lagi't lagi, ito ay pagtatala ng katotohanan.

Binubuo ng mga dagli ang unang bahagi ng isyung ito. Isang sinserong obserbasyong tumatalakay at pumupuna sa lantarang pagpatay ng riding-in-tandem, na isang anyo ng extrajudicial killing ang akdang "Listahan ang mga Mata" ni Clinton B. Abilong. Sa mga akdang "Balikbayan" ni Regine C. Bayotas, "Pagitan" ni Ronnie M. Cerico, at "Sa Wakas" ni Joanna Marie L. Martirez, ipinakikita ang mga danas at sakripisyo ng mga migranteng Filipino sa gitna ng pandemya. Isinasalaysay naman ng "Health Declaration Form" at "Tenement" ni Christopher Bryan A. Concha ang red-tagging, pang-aabuso ng militar, at paglabag sa karapatang pantao. Sa akda naman niyang "Hybrid Class" at sa akdang "Ang Manok ni Mando" ni Ignacio Villegas Dasigan, isinisiwalat ang grabedad ng kahirapan, kagutuman, at kagipitang bunsod ng kapabayaan ng pamahalaan sa pagharap sa pandemya at pang-ekonomiyang krisis. Inilalatag ng akdang "Face-to-Face" ni DJ Ellamil ang satirikong pagsipat sa pisikal at mental na kahandaan ng mga mag-aaral at guro sa muling pagbabalik-eskuwela matapos ang pandemya. Sa "Nakausap mo na ba ang Apoy?" ni Raphael M. Ferrer, tampok ang mga sentimyento at daing ng mga maralitang tagalungsod na dinarahas at pinalalayas sa kanilang komunidad. Sa akdang "Atrasado" ni John Carlo S. Gloria, ibinabahagi ang danas at hanggahan ng mga indibidwal na niyayakap ang pagiging "troll" na bunga ng kawalan-ng-trabaho at kawalang-oportunidad. Kawalan-ng-pakialam naman ng isang politiko sa mamamayan at pagsasawalang-bahala sa pagharap sa mga isyung panlipunan ang ipinakikita sa akdang

"Pagsalubong" ni John Riz N. Ibesate. Sa mga akdang "Panaginip" at "Dory's Disinfectants" ni Geraldine Gentozala-Juachon, isinisiwalat ang naging malawak na epekto ng krisis na dulot ng pandemya sa mga ordinaryong mamamayan at manggagawa. Mga positibo at negatibong mukha naman ng hinaharap matapos ang pandemya ang ipinakikita sa akdang "Réngōng Zhìnéng" ni Joel Costa Malabanan at "Brand New Normal" ni Acel DC. Martinez. Makikita ang estilong pantastiko sa akdang "Adobo" ni Alpine Moldez, na tumatalakay sa stigma na dulot ng pandemya. Sa mga akdang "Baril at Asarol" at "Manibela" ni Ronnel V. Talusan, hayag na tinatalakay ang piyudalismo at kalagayan ng mga magsasaka at manggagawa sa dinaranas na kalupitan, pang-aabuso, at pananamantala ng mga panginoong maylupa, employer, at alagad-ng-batas. Sa akdang "HR" ni Roi Yves H. Villadiego, ipinamamalas ang kawalang-malasakit ng isang employer sa isang tapat na manggagawa matapos ang mahabang panahon ng pagseserbisyo. Isinisiwalat naman sa akda niyang "Unos" ang kawalang-pakialam at kapabayaan ng mga politiko matapos ang eleksyon sa paggampan sa kanilang mga tungkulin, partikular sa pagbibigay ng aksyon at suporta sa mga mamamayang biktima at nangangailangan ng tulong sa panahon ng kalamidad.

Sa ikalawang bahagi ng *Agos*, matatagpuan ang dula ni Luna Sicat Cleto, ang "Huni at Pakpak," na halaw sa nobelang *Ginto sa Makiling* ni Macario Pineda. Sa dulang ito, malayang ipinakikita ang mga kasalimuotan ng mga relasyon at desisyon ng tao. Sa pamamagitan ng mga tauhang umiiral sa dalawang magkaibang panahon, binubusisi ng dula ang kabuluhan ng mga damdamin at ang ugnayan nito sa buhay at kamatayan. Pinaglilimi ng akdang ito ang mga mambabasa hinggil sa masalimuot na pagtatanghal ng mga kaisipan, saloobin, pangarap, at motibasyon ng pagkatao bilang naglalakbay sa lipunan at/o mundo, at bilang bumubuo ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.

Binubuo ng tatlong maikling kuwento ang ikatlong bahagi. Gamit ang naratibo ng mitolohiya, ipinamamalas ng akdang "Mañanita" ni Cris R. Lanzaderas ang suliranin ng isang ordinaryong manggagawa na nawalan ng trabaho dahil sa pandemya, at ang mga suliranin ng mga ordinaryong mamamayan na umaasa sa ayudang paulit-ulit naantala at ginigipit ng

pamahalaan. Sa akdang "Ang Value ng X Kapag Choppy si Ma'am" ni Charmaine Lasar, inilalahad nang tapat ang mga sentimyento at agam-agam ng isang guro hinggil sa mga pagbabago at epekto ng pandemya at krisis sa larangan ng edukasyon. Nangingibabaw sa naratibo ang pagiging makatao, may pakialam, at may malasakit sa bayan. Tumatalakay rin sa mga pagbabago at epekto ng pangkalusugan at pang-ekonomiyang krisis sa larangan ng edukasyon ang akdang "Mga Lubid sa Bintana" ni Elizabeth Joy Serrano-Quijano, partikular sa kalagayan ng mga mamamayan, guro, at mag-aaral sa isang liblib at maliit na komunidad. Tinatalakay rin sa naratibong ito ang usapin ng depresyon bilang isang seryosong usapin ng mental na kalusugan, bagay na dapat na akmang mapag-ukulan ng tulong-propesyonal at tulong-komunidad, sa halip na pinupukol ng pagsasawalang-bahala at stigma. Ipinoposisyon ng akda ang pangangailangan para sa pang-unawa at kamulatan—kamulatan sa pambabaliw, hindi lang ng pandemya, kundi lalo't higit ng pamahalaan.

Binubuo ng tatlong sanaysay ang ikaapat na bahagi. Ang "Tapos, Pagkatapos, at Di Maipadalang mga Liham" ni Roda Tajon ay hayag na nagsasalaysay ng personal at kolektibong mga karanasan para sa isang kaibigang bilanggong politikal. Sa akdang "Di Mabilang na Patong ng Patong-patong" ni Jamela Angela Obligacion, litaw ang naratibo ng pagiging mapanuri at ang paghahangad ng pananagutan mula sa pamahalaan, kaugnay sa kakulangan ng serbisyong medikal at serbisyong panlipunan. Ang akdang "Kawít-ang-Palakol" ni Adelma L. Salvador ay nagsasatinig sa mga karanasan ng isang anak, ina, asawa, at babae hinggil sa pagharap sa mga pagsubok at hamon na dala ng krisis at pandemya.

Ang huling bahagi ay binubuo ng mga tula. Makikita sa koleksyon ng mga tula ni Dennis Andrew S. Aguinaldo ang iba't ibang kaligiran ng sakuna at panganib, gaya ng pandemya, baha, demolisyon, at swine flu. Sa mga tulang "Tungkung Langit" at "Ulysses" ni Paul Alcoseba Castillo, makikita ang naratibo at pananaw ng isang persona sa kaugnay na kalikasan ng mga naiwan at naghihintay. Sa koleksyon ng mga tula ni Fernando Castor Chavez, inilalatag ang mga salaysay ng extrajudicial killings, pagpasok at paglabag ng Tsina sa soberanya ng Pilipinas, pandemya, baha, lindol, at iba pang usapin. Makikita sa tulang "19 na Pantig/Pintig sa mga Episodyo ng

Pandemya" ang masinop na paghahain ng pagkakaiba at antagonismo ng mga uring panlipunan sa konteksto ng pandemya. Sa mga tula ni Rowena P. Festin, ipinakikintal ang mga obserbasyon, damdamin, at agam-agam kaugnay sa pag-iral ng pandemya, kalagayan ng mga nasa laylayan ng lipunan, at maging ang paghahanap at paghahangad ng katarungan. Sa mga tula ni Paolo Manalo, malinaw ang pagtalakay sa konteksto ng pandemya at sa mga personal at panlipunang suliranin gamit ang natatanging punto-de-bista. Sa tulang "Sa Sandali ng Pag-ulan" ni Francisco A. Monteseña, masisilo ang pagbabalik-tanaw sa kapayakan at kamuwangan mula sa pag-agwat sa bitbit na mga agam-agam at alalahanin ng kasalukuyan at hinaharap. Makikita naman sa koleksyon ng mga tula ni MJ Rafal ang ugnayan ng kapitalismo, pandemya, kapaligiran, at kalikasan. Ang mga tula nina Judel Paredes at Ava A. Villareal, na kapwa nakasulat sa wikang Surigaonon, ay malinaw na sinasaludsod ang sangandaan ng pandemya, pambansang eleksyon, at tunggalian ng mga uring panlipunan.

Ang mga akdang bumubuo sa ikalawang isyung ito ng *Agos* ay ilang pagtatala sa kolektibong kasaysayan at karanasan ng Pilipinas sa panahon ng pandemya. Malikhain, mapaglimi, mapanuri, mapagtimbuwal, at mapangahas ang mga naratibo at salaysay na nagbibigay-saysay sa karanasan ng sambayanan. Ang mga akdang ito ay hindi lamang nangangahulugan ng pagsibol ng mga salita't talinghaga at pag-iral ng kabuluhan, kundi ito rin ay malawak at aktibong partisipasyon ng mga manunulat bilang mga mamamayan tungo sa pagharap at paghinuha ng kasalukuyan at hinaharap. Lagi't laging may halaga at ugnayan ang panitikan at kasaysayan, hindi lamang sa panahon ng pandemya, kundi sa malawakang pagbuo ng mas malusog na kinabukasan para sa sarili, kapwa, komunidad, at bayan.

# ISANG DIAGNOSIS GAMIT ANG PANULAT

ELFREY VERA CRUZ-PATERNO
*KAWAKSING PATNUGOT*

Nilalagom ng mga akda sa ikalawang isyu ng *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan* ang kolektibong karanasan ng iba't ibang sektor ng lipunan sa panahon ng pag-igting ng krisis na kinahaharap ng bansa sa konteksto ng global na pandemya. Nagsilbing instrumento ang panulat at pagiging kritikal ng mga manunulat para bigyang diagnosis ang malubhang "sakit" na dinaranas ng ating bansa sa dalawang aspekto: (1) ang paglalahad ng tunay na uri ng "sakit" na kinahaharap ng bansa sa anyo ng pag-igting ng krisis at pagsasamantala at (2) ang pagiging banta ng "sakit" na ito sa kaligtasan at kinabukasan ng mamamayan, kung hindi ito mabibigyan ng karampatang lunas sa hinaharap.

Malinaw na nailatag ng mga akda ang mga palatandaan at sintomas ng isang lipunang may malubhang "sakit" at ng mga mamamayan nitong nasa panganib. Una na rito ang sintomas ng kawalan-ng-malasakit ng umiiral na sistemang panlipunan. Sa halip na maging makatao at magmalasakit ang sistema ay kinasangkapan pa nito at ginamit ang global na pandemya para itaguyod ang mga mapaniil at mapang-abusong sistema. Sa halip na unahing mapabuti ang kalagayan ng mamamayan sa krisis pangkalusugan ay mas

pinaigting pa ang pasismo, militarisasyon, at sistematikong pandarahas. Walang-pakundangang nilabag ang mga karapatang pantao para makontrol lamang at masiil ang mga kritikal sa kanilang kapangyarihan.

Kaakibat nito, sinamantala rin ng umiiral na sistema ang global na pandemya para matiyak ang mga potilikal na bentahe at pinatatag ang mga politikal na alyansa para sa sariling ganansya. Pinaubaya at inilagay sa bulnerableng posisyon ang soberanya ng bansa para sa pansariling interes ng mga nasa kapangyarihan.

Hindi rin natinag at nabago ng global na pandemya ang umiiral na mapang-abusong sistemang pangkalusugan. Sa halip, kinunsinte at pinanatili pa rin nito ang bulok at atrasadong sistema at programang pangkalusugan na idinisenyo para pagsilbihan ang iilang may kapangyarihan. Inuna pa rin nito ang kaligtasan at kalusugan ng mga nasa kapangyarihan, habang ipinain, pinabayaan, at inabandona ang kalakhan ng populasyon. Nanatiling bulnerable rin ang kaligtasan at kinabukasan ng mamamayan dahil sa kakulangan ng plano at kakayahan ng pamahalaan na magbigay ng disente at karampatang batayang serbisyo, mula pa man noon at mas lalo ngayon.

Hindi rin nagpaawat ang walang-konsensiya at ang lantarang korapsiyon at katiwalian sa bihis ng pakikipagkapuwa-tao at mapagkunwaring pagbibibigay-tulong na ang totoong layon ay mangamkam at mandambong. Walang-pagtatangging inuna ang interes at kita ng malalaking pribadong kompanya, sa halip na ang kapakanan at interes ng publiko at mamamayan. At sa kabila ng lahat ng ito, pinagtakpan at binago pa ang katotohanan sa pamamagitan ng pagkontrol sa mass media at social media.

Sa ganitong konteksto, lalong mahalaga ang ambag ng mga akda sa ikalawang isyu ng *Agos* para maisiwalat ang katotohanan at kinahaharap ng bansa. Malinaw na nakapaglatag ng diagnosis ang mga akda sa totoong katangian ng "sakit" na ito ng lipunan—na ang tagibang na sistemang nagpapatakbo rito ay hindi kailanman magmamalasakit. Napatunayan na kahit sa pandaigdigang krisis, pandemya, at sakuna ay hindi kusang malulunasan ang panlipunang "sakit" na dinaranas ng ating bansa.

Sa katunayan, nakatatak na sa mahabang kasaysayan ang tunay na sakit ng lipunan at bansa—ang nagpapatakbo ng lipunan ay matagal nang nagmamalupit at walang-katarungang kumitikil sa buhay ng maraming

mamamayan. Inihaharap sa atin ang katotohanang walang mamamayan ang ligtas sa "sakit" na ito; ang ligtas lamang ay ang mga nasa kapangyarihan, na gumawa at may kontrol nito. Ang mapait pang reyalidad ay naging kasangkapan at kasapakat na rin ang ibang mamamayan sa patuloy na pag-iral, paglaganap, at paglubha ng "sakit" na ito sa mahabang panahon.

Tinatanggal ng "sakit" ang kapasidad ng mamamayan na labanan at sugpuin ito sa pamamagitan ng paghubog sa mamamayan na maging mga manhid, paralisado, bulag, bingi, immune sa pagsasamantala, at naging sunod-sunuran na lamang sa mapagsamantalang sistema. Sa pamamagitan nito, pinilay ng sistema ang maraming mamamayan na maging kritikal at magmalasakit para labanan at bigyang-lunas ang sakit na dinaranas nito.

Ipinaunawa sa atin ng mga manunulat, sa pamamagitan ng diagnosis na ito ng lipunan, na walang magandang hinaharap at kinabukasan ang bansa at mamamayan sa pag-iral at paglubha ng "sakit" na ito ng lipunan. Nagbigay rin ito ng hudyat sa hinaharap na hindi kailanman makakamit ng sinomang ordinaryong mamamayan ang mabuhay nang may dangal hangga't hindi siya gumigising sa pagiging paralisado at maging kritikal sa mga sintomas at palatandaan ng pagsasamantala at pang-aabuso.

Pinagtitibay sa isyung ito ng *Agos* na hindi kailanman kusang magmamalasakit para sa kapakinabangan ng nakararami ang mapang-abusong sistema na gustong mapanatili ang kanilang kontrol at kapangyarihan. Wala itong pakialam sa interes ng nakararami at hindi rin ito kailanman magbabago para sa kapakanan ng mamamayan. Kung mayroong dapat na maikintal sa isip ng mga mambabasa ng isyung ito ng *Agos*, ito ay ang katotohanan na tanging mismong mamamayan, sa pamamagitan ng kritikal at kolektibong pagkilos, ang may kapasidad at kakayahang magmalasakit at maghangad ng tunay na pagbabago—para sa sarili, para sa pamilya, para sa mga minamahal, para sa komunidad, para sa bansa, at para sa hinaharap ng masang Filipino.

# PRAXIS NG PAGPANIG ANG PANULAT

MYKEL ANDRADA
*PUNONG PATNUGOT*

Kailangang kilalanin na ang praxis ng malikhaing pagsusulat ay praxis ng pagpanig. Hindi na dapat pagtalunan pa ang pagpanig at pagkiling. Ito ay pagpapasiya. Habang ang iba ay pumapanig batay lamang sa opinyon at asosasyon, ang kailangang idiin ay dapat na umalpas at lumagpas ang pagpanig mula sa haka-haka, barkadahan, at iba pang hilatsa ng pyudal at atrasadong relasyon. Imperatibo na ang pagpanig at ang pagpapasiya ay nakabatay sa dalawang bagay: katotohanan at hustisya.

Ang malikhaing pagsulat ay dapat na pagpanig sa katotohanan at hustisya, lalo na sa interregnum na ito ng ating bansa na pinupuspos tayo ng disimpormasyon at dinidiktahan ng algoritmo ng monopolyo kapital. Hindi na lamang payak na pekeng balita ang hinahabi ng mga sinungaling, magnanakaw, diktador, at berdugo sa ating bayan. Nagbubuhos sila ng oras, salapi, at rekurso para sa proliperasyon ng "deep fake" at lisyang impormasyon, distorsyon ng katotohanan, pagbubura ng kasaysayan, at

pandarahas sa kaalaman. Lahat ng pananalaula sa tereyn ng impormasyon at kaalaman ay sinasabayan nila ng politikal na karahasan at pamamaslang.

Habang inaakusahan ang mga malikhaing manunulat na lumalalang ng gawa-gawang mundo, ang totoo'y paghinuha sa reyalidad ang mababasa't mababanaag sa mga panulat. Ang lohika ng malikhaing pagsulat ay hindi pabrikasyon, kundi repraksyon ng reyalidad. Mula paghalaw hanggang direktang ekspresyon ng reyalidad, ang ethos ng malikhaing pagsulat ay ang pagsandig sa totoo. Sa katunayan, sa kaso at kasaysayan, halimbawa, ng pagsusulat ng maikling kuwento sa bansa, mas nalalapit ito sa naratibong sanaysay, kung kaya't hindi talaga naihihiwalay sa reyalidad ng buhay at sa tunay na karanasan ng kuwentista-mamamayan. Sa ganitong kontinuum matitipa ang pag-unlad ng malikhaing pagsulat: hindi hiwalay sa karanasan at lagi't laging nakasalig sa katotohanan. At sa posisyonalidad ng pagsulat sa lipunan, ang malikhaing manunulat ay hindi nababakuran ng reyalidad, kundi mismong matamang pagsipat sa reyalidad. Ito'y nasa utak, puso, pusod, hati, balumbalunan, sakong, at iba pang bahagi ng lawas ng reyalidad.

Ang tanging nambabakod sa malikhaing manunulat ay ang paniniil ng mga nasa poder ng kapangyarihan—silang lango sa kapangyarihan ang hiwalay sa reyalidad. Silang lango sa kapangyarihan ang lumalalang ng mga kathang-isip na nagpapaypay ng apoy ng kanilang sistema ng kawalang-kaayusan. Dahil doon sa sistemang iyon, ang mga lango at lasing sa kapangyarihan ang silang nakikinabang. Ang mali ay pinagmimistulang tama. Ang kasinungalingan ay ginagawang katotohanan. Habang sa kanilang delusyon ng ganitong pagkatha ng mundo, isinusulat ng mga lisya at tiwali ang mamamayan bilang reklamador, matigas ang ulo, baliw, pasaway, at salot sa bayan.

Gayong ang totoo, maraming malikhaing manunulat, na dati'y kibit-balikat sa mga isyung panlipunan, ang ginising mismo ng mga lisya at tiwali. Nagising sa reyalidad, 'ika nga, na ang mga gawa't aksyon ng mga lango at lasing sa kapangyarihan ay hindi nakabubuti sa mamamayan at bayan, kabilang ang mga manunulat. Hindi dapat pagtakhan kung bakit ang dating kimi, inosente, nagtataka, makasarili, at apatetikong manunulat ay nagsusulat na ngayon ng mga akdang naglilimi, nagngangangawa,

nambubuska, naniningil, at nananawagan. Natutunan nila ito sa kolektibong karanasan ng bayang pinamumugaran at pinamumunuan ng mga sinungaling, mandarambong, at berdugo. Patunay ang ganitong pagbabanyuhay ng kanilang malikhaing panulat, na ang pagpanig ay hindi ipinipilit kailanman. Ito ay pagpapasiya. Ito ay pagpili. Ito ay paninindigan.

Sa isang banda, may ilang malikhaing manunulat—at ang iba'y guro pa man din—ang pinagsisilbi ang kanilang sining para sa interes ng naghaharing-uri. Mali, sa isang banda, na sabihing pinagsisilbi lamang nila sa interes ng naghaharing-uri ang kanilang sining. Mas akma, mas tama, na sabihing pumapanig sila sa naghaharing-uri—sa isang kaayusang nagpapalaganap ng kawalang-kaayusan. Ito marahil ang parikala ng malikhaing pagsulat para sa kanila. Mapanganib silang malay na nagpapagamit sa naghaharing-uri. Mapanganib silang malay na nagiging apendeho ng pagwawaglit ng katotohanan. Mapanganib silang mga manunulat na ang makauring pagpanig ay nasa naghaharing-uri. Mapanganib silang ipinagtatanggol ang mga mali, tiwali, at lisya.

Samakatuwid, lampas sa internal na tunggalian na nararanasan ng bawat malikhaing manunulat, nangungusap at nangungutos ang katotohanan. Sa panahong tinititigan na ng reyalidad ang malikhaing manunulat, kailangan niyang magdesisyong maging mapanuring mamamayan. Kailangan niyang magdesisyon na yakapin ang pagiging bahagi ng bayan. Kailangan niyang magdesisyong huwag nang muling pumikit o pagpikitan ang reyalidad kung siya'y namulat na sa katotohanan.

Ngayong ang bansa ay nasa interregnum, natatagpuan ng malikhaing manunulat ang sarili sa gitna ng pletora ng impormasyon at disimpormasyon. Sa ganitong punto, kailangan baklasin ang romantisasyon ng panulat. At sa halip, radikalisasyon ng malikhaing pagsusulat ang kailangan, hindi lamang ng pagkakataon, kundi sa lahat ng pagkakataon. Ang pagpiling isiwalat ang katotohanan ay pagpili ring iwaksi ang kasinungalingan at karahasan sa bayan. Ang pagpanig sa katarungan ay pagpiling maging mapanuri sa lahat ng panahon. Kaya't ang malikhaing pagsulat ay dapat na maging sapat na mapanuri at tapat sa bayan.

Habang ang mulat at mapanuring mga malikhaing manunulat ay itinuturing ng mga nasa poder ng kapangyarihan bilang mga langaw at

peste ng bayan, mismong ang ganitong pananalinghaga ay nagsisiwalat ng katotohanan: maraming langaw dahil nabubulok ang lipunang pinatatakbo ng mga tiwali, berdugo, at diktador. Ang pananalinghaga ay pagpanig.

Ang pananalinghaga at panulat ay mga rebolusyonaryong akto, lalo na kung nagnanais ito ng tunay na pagbabago. Hindi nga ba't rebolusyonaryo ang malikhaing pagsulat dahil kaya nitong isiwalat ang totoo, iwaksi ang lisya, at mag-ambag sa paghahawan, 'ika nga, ng malayang bukas? Naroon, naroroon sa pagpanig, pagsalig, at pagsandig sa katotohanan at katarungan ang bisa at bisig ng mapanuring malikhaing panulat.

# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

# Dagli

# *CLINTON D. ABILONG*

Si Clinton D. Abilong ay tubong-Pio V. Corpus, Masbate. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bilang School Head sa isang paaralang elementarya sa SDO Masbate Province. Kasapi siya ng Parasurat Bikolnon, Inc. at Kataga: Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas. Nailathala ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya at isa siya sa mga editor ng antolohiyang *PAGTUOD: Mga Sigulanong Europeo sa Minasbate kag Tigaonon*, na inilathala ng Ateneo de Naga University Press.

# LISTAHAN ANG MGA MATA

Dapithapon nang dumapo ang isang uwak sa gitnang bahagi ng bubong ng kubo na gawa sa sulirap[1], na halos may 250-metrong layo mula sa minahan ng ginto. Tahimik na dumungaw ito sa ibaba.

Sa may gawing kaliwa, gumagalaw na repleksyon sa mga mata nito ang isang may-edad na lalaki at isang babae na dinuduro-duro ang kausap na matandang lalaki. Habang sa gawing kanan, gumagalaw na repleksyon sa mga mata nito ang dalawang paslit na walang-humpay ang tawanan at naghahabulan habang naglalaro ng tumba-lata[2].

Biglang nabulabog ang uwak. Napalipad sa isang nakakabinging putok na maaaring hindi nagmula sa akmang pagtama ng ibinatong tsinelas sa lata. Isang motorsiklo ang mabilis na humarurot papalayo. Mula sa pinaglipatang puwesto ng uwak, malapit sa kubo, tanging paggalaw na repleksyon sa mga mata nito ang anino sa pader ng tatlong taong may niyayakap-yakap.

Kinulayan na ng gabi ang buong paligid. Hindi brownout noon, ngunit walang-liwanag ang ilaw ng tahanan.

---

[1] sulirap – uri ng paglala ng dahon ng niyog upang gamiting bubong o dingding ng bahay.

[2] tumba-lata – tradisyonal na *Larong Pinoy* na karaniwang nilalaro gamit ang isang lata at pamatong tsinelas.

# *REGINE CANTORIA BAYOTAS*

Si Regine Cantoria Bayotas ay nagtapos sa paaralang gradwado ng Bulacan State University at kasalukuyang kumukuha ng doktoral sa La Consolacion University Philippines. Siya ay isang guro sa Senior High School ng Vicente P. Trinidad National High School. Isa siyang manunulat at kontribuytor sa aklat na *Baybayin ang Lihim at Lalim* na inilathala noong 2020.

# BALIKBAYAN

Sampung taon nang OFW si Charm sa Korea. Napakabait kasi ng amo niya. Para bang kapamilya na siya kung ituring ng mga ito. Kahit saan pumunta, kasa-kasama siya. Nakarating na rin siya sa iba't ibang bansa dahil sa pamilya nina Mr. at Mrs. Ko. Nakapagsuot na siya ng magagarang damit, nakatikim na ng lilibuhing mga pagkain, at nagagawa na rin niyang tumawag sa Pilipinas anumang oras na gustuhin niya. Malaki na rin kasi ang alaga niyang si Jun-Pyo.

"Hello, Ate Day, kumusta na kayo d'yan sa Cebu? Natanggap n'yo ba yung ipinadala ko kanina? Binilhan n'yo ba ng gatas si Inay?"

"Ay, oo, Charm. Salamat sa padala mong kuwarta, a. Yung traysikul na kinuha mo, nahulugan ko na rin. Itong balay natun, ginapahimo pa para pag-uwi mo rito, terd plur na."

"Salamat, Ate Day. Isang dekada na rin ako rito at sa wakas, makakauwi na ko sa Marso. Makakasama ko na kayong lahat. Salamat talaga, 'Te, a … sa pag-aalaga kay Inay at sa pag-aasikaso d'yan sa atin."

"Oo, Charm. Mag-ingat ka d'yan lagi."

*Marso 16, 2020*

*Breaking News: Lockdown sa buong Pilipinas dahil sa COVID-19 Pandemic.*

"Ate Day, ma-de-delay na naman ang uwi ko. Patapusin ko lang ang lockdown, ha. Uuwi ako, Ate."

"Ingat ka d'yan, Charm. Alagaan mo ang sarili mo, a."

"Opo, Ate. Si Inay, 'wag mong palalabasin, ha."

Makalipas ang ilang linggo, nabalitaan ni Charm na unti-unti nang lumuluwag sa Pilipinas. Naisip niyang tawagan ang kaniyang Ate Day para ipaalam ang petsa at oras ng kaniyang pag-uwi. Ilang beses niyang sinubukang tawagan ang numero nito, ngunit hindi niya ito makontak. Wala rin siyang maisip na ibang kamag-anak na maaari niyang tawagan. Nag-alala na si Charm ngunit walang siyang ibang nagawa kundi ang manalangin.

"Ladies and gentlemen, welcome to Mactan-Cebu International Airport. Local time today, August 1, 2020, is 10:05 a.m. ..."

Sa wakas, nasa Pilipinas na si Charm. Malaking sorpresa ito para sa kaniyang Inay at mga kapatid. Nakahanda na ang lahat ng tsokolate para sa mga pamangkin at kaibigan niya, sapatos para sa anim niyang kapatid, at mga damit para sa kaniyang Inay.

"Manong, para po!"

Ito pa rin ang lugar nila. Halos walang ipinagbago, bukod sa matayog nilang bahay. Tama ang Ate Day niya, third floor na ang bahay nila. Abot-hanggang-tainga ang ngiti ni Charm habang papalapit siya sa pinto at ambang kakatok na sana.

"Bakit po? Sino po kayo?" wika ng batang nagbukas ng pinto. 

"Ikaw na ba ang pamangkin ko? Si Tita Charm mo ito."

Biglang lumabas ang isang babaeng kahit minsan ay hindi pa nakikita ni Charm.

"Kapatid mo ba sina Day?" wika ng babae habang hawak sa balikat ang batang nagbukas ng pinto.

"Opo. Nandiyan po ba sila?" nakangiti pa ring wika ni Charm.

"Naku! No'ng Abril pa nila ibinenta sa amin itong bahay simula no'ng naospital at namayapa si Aling Luzviminda dahil sa COVID. Tapos, ang

sabi nila, luluwas na lang daw sila sa Maynila para doon maghanapbuhay. Hindi ba nabanggit sa 'yo ni Day?"

Nanlambot ang mga tuhod ni Charm. Nanginginig ang kaniyang mga kamay. Pilit niyang hinahanap ang cellphone niya sa bag para subukang muling tawagan ang Ate Day niya. Hindi niya halos mahagilap ang numerong kailangan dahil sa mga luhang nakatakip sa kaniyang mga mata. Nanghihina na si Charm. Hindi niya pa rin makontak ang Ate Day niya. Wala pa ring kasagutan ang kaniyang mga katanungan. Wala pa ring nakaaalam sa kaniyang pagbabalik sa bayan.

# *RONNIE M. CERICO*

Si Ronnie M. Cerico ay tubong-Maygnaway, San Andres, Catanduanes. Kasapi siya ng Bilog Writers' Circle, isang samahan ng mga manunulat sa isla-lalawigan ng Catanduanes. Naging fellow siya ng 9th Saringsing Bikol Writers' Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat 14 noong 2021. Nailathala ang ilan sa kaniyang mga akda sa *Liwayway Magazine*, *Habi (Zine 2)* ng Titik Poetry, *Katastropiya* ng 7 Eyes Productions, OPC, *Dulang: Dyornal Ning Pagsurat Catandunganon*, *Ani*, ang opisyal na Literary Journal ng Cultural Center of the Philippines (CCP), at Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD).

# PAGITAN

*Programang "Balik-Pinas! Balik-Hanapbuhay!" ng pamahalaan, magkakaloob ng livelihood assistance sa mga apektadong OFWs.*

Ito ang magandang balitang bumungad sa amin habang nanonood kami ng pang-umagang balita sa TV. Magkakaloob ang pamahalaan ng pinansyal na ayuda sa mga apektadong OFWs, na gaya ni Ate Regina na uuwi sa bansa.

Dekada na rin ang iginugol ni Ate Regina sa pagiging kasambahay sa bansang Kuwait. Bagamat ayaw pa niyang umuwi sa isla-probinsiya ng Catanduanes, pikit-mata siyang uuwi dahil sa banta ng pandemya, kahit di pa tapos ang kanyang huling kontrata.

Kahit papaano, malaking bagay na rin ang matatanggap na ayuda, kahit kulang na kulang. Marahil, iniisip niya na lang na paraan ito ng Diyos upang makompleto silang mag-iina. Dahil kasi sa milya-milyang layo, hindi niya makuha-kuha ang loob ng aking dalawang pamangkin na lumaki na sa aming pangangalaga. Kami na kasi nina Mama at Papa ang umako sa mga responsibilidad sa mga anak niya nang maghiwalay sila ng kanyang asawa. Rumupok kasi ang pundasyon ng kanilang padre-de-pamilya, naglipat-

bahay, at nagpakasasa sa buwanang padala ng ate ko.

Kaya nang balitaan namin siya tungkol sa programang ito ng pamahalaan, pumayag na rin siya kahit mawawalan siya ng hanapbuhay. Nang makauwi at matapos ang kanyang quarantine sa Maynila at dito sa isla, hindi na niya inaksaya ang pagkakataon na bumawi sa kanyang mga anak. Bagamat binabalewala siya ng mga ito sa umpisa, sa paglipas ng mga araw ay unti-unti rin silang naging malapit sa isa't isa.

Ngunit kasabay ng malawakang bakunahan at pagsilay ng liwanag sa dilim ng pandemya, kasabay rin ang pagnipis ng kaunting ipong naitabi ni Ate Regina. Puro kasi palabas ang pera at walang pumapasok. At manlulumo na lamang siya sa kaiisip sa dekada niyang sakripisyo sa ibayong-dagat, na tila nilamon lang ng dagat ang lahat dahil sa pagloloko ng dati niyang asawa.

At dahil muling nagbukas ang mga paliparan at maaari na ulit bumalik sa ibang bansa, agad niyang inasikaso ang kanyang mga papeles sa muling paglipad, maging ang pagpoproseso niya sa ayudang ipinangako ng pamahalaan. Halos araw-araw siyang wala sa aming bahay kaya madali rin niyang naisaayos ang mga kakailanganin niyang dokumento.

At sa bawat araw na papalapit na ang kanyang pag-alis, unti-unti na namang nagkaroon ng pagitan sa kanilang mag-iina. Ramdam ulit ni Ate Regina ang lungkot ng muli niyang paglayo at ang muling mabalewala. Hanggang sa magpasya siyang itago sa kanilang silid ang mga dokumento at hanggang sa matanaw niya mula sa bintana ng kuwarto ang pagitan ng lupa at dagat, maging ang mga paralawod[1] at ang bangkang de-motor sa dalampasigan. Biglang sumagi sa kanyang isip, nang napasakamay na ang ayuda mula sa pamahalaan, ang dating puwesto ni Mama sa saod[2] bilang rigaton[3] ng isda. At maiisip rin niya ang pagitan, na magiging milya-milya, sa sandaling siya'y lumipad—para sa kinabukasan ng aming pamilya, at lalo't higit, ng kanyang mga anak.

---

[1] paralawod – tawag sa mga mangingisda.
[2] saod – palengke.
[3] rigaton – nagtitinda ng isda.

# *CHRISTOPHER BRYAN A. CONCHA*

Si Christopher Bryan A. Concha ay nagtapos ng AB Philippine Studies, Major in Filipino in Mass Media (Magna Cum Laude), Master of Arts in Philippine Studies (Natatanging MA Thesis), at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Nailathala na ang kaniyang mga sanaysay, dagli, at maikling kuwento sa iba't ibang antolohiya at dyornal, kabilang ang *ANI 40: Katutubo* (CCP Intertextual Division, 2018), *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan* (SWF, 2020), at *Dx Machina 2: Philippine Literature in the Time of COVID-19* (UP Likhaan, 2021). Naging writing fellow rin siya sa 2019 UST National Writers' Workshop (Sanaysay) at Palihang Rogelio Sicat 14 (Dagli). Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Department of Filipino ng Pamantasang De La Salle, Maynila.

# HEALTH DECLARATION FORM

Hindi pa man sumisilip ang araw ay nakapila na si Gian para sa "Balik-Trabaho Project" na inilunsad ng pamahalaan. Kasabay niya ang isang bulto ng mga aplikanteng kapwa niya nabiktima ng pandemya ang hanapbuhay at umaasang makakukuha ng regular na trabaho ngayong araw.

Baon ni Gian ang inihandang dalawang egg sandwich ng asawa at ang pangakong magandang balita na iuuwi sa pamilya. Nang makalapit siya sa bukana ng gusali, kinuhanan siya ng temperatura ng isa mga organizer.
"36.5!" masungit na sabi sa kaniya nito na halatang kanina pa iritable dahil sa ingay at gulo ng mga taong nasa pila.

Kasunod na iniabot sa kaniya ang isang blangkong pormularyo. Inabisuhan siyang sagutan ito at ipinaliwanag na ito ang magsisilbing pass niya upang makapasok sa loob.

## BALIK-TRABAHO HEALTH DECLARATION FORM

Bilang isa sa mga kahingian para sa Balik-Trabaho Project ng pamahalaan, hinihiling sa bawat aplikante na sagutan ang health declaration form na ito. Bagama't tuluyan nang nakaraos ang bansa mula sa pandemya, nais ng bagong pangulo na magkaroon ng paunang pag-iingat kung sakali mang magkaroon ng bagong virus sa hinaharap. Pagbabawalang pumasok para sa job interview ang sinumang aplikante nang hindi narerebyu at naaaprubahan ang form na ito.

Hinihiling sa bawat aplikante na sagutin nang may buong pag-iingat at katotohanan ang bawat katanungan. Kung sakaling mapag-alaman na nagsinungaling ang aplikante, agad siyang mawawalan ng pagkakataong matanggap at maaaring maharap sa pagmumulta at/o posibleng pagkakakulong.

| | |
|---|---|
| **Pangalan:** | Gian Talastas |
| **Contact Number**: | 09234215610 |
| **Petsa**: | Hulyo 11, 2022 |

1. Kasalukuyan ka bang nakararanas o nakaranas sa nakalipas na labing-apat (14) na araw ng anuman sa mga sumusunod na sintomas? (Kinakailangang kuhanan ng temperatura ang aplikante)

Oo ☐ Hindi ☒ Lagnat (Higit sa 37.8°C ang temperatura)
Oo ☐ Hindi ☒ Ubo
Oo ☐ Hindi ☒ Paninikip ng dibdib
Oo ☐ Hindi ☒ Pananakit ng lalamunan
Oo ☐ Hindi ☒ Pagkawala ng panlasa at/o pang-amoy
Oo ☐ Hindi ☒ Pananakit ng ulo at/o katawan
Oo ☐ Hindi ☒ Pagtatae at/o pagsusuka

2. Nakaramdam ka ba ng side effect o anumang karamdaman matapos mabakunahan para sa COVID-19?

Oo ☐ Hindi ☒

Kung oo, anong bakuna ito at ano ang narramdaman mo?

______________________________________________

______________________________________________

3. Lumabas ka ba ng bansa sa nakalipas na tatlumpung (30) araw?

Oo ☐ Hindi ☒

Kung oo, anong bansa at kailan ka bumalik?

______________________________________________

______________________________________________

4. May kasaysayan ka ba ng pagkakaroon ng anuman sa mga sumusunod na sakit?

- ☒ Cancer
- ☒ Heart disease
- ☒ Diabetes
- ☒ High blood pressure
- ☒ High cholesterol
- ☒ Kidney disease
- ☒ Stroke
- ☐ Iba pa: ____________________

5. May kasaysayan ka ba ng pagsasailalim sa anumang uri ng operasyon (kabilang ang plastic surgery at sex reassignment surgery)?

Oo ☐ Hindi ☒

Kung oo, anong operasyon ito at kailan isinagawa?

_______________________________________________

_______________________________________________

6. May kasaysayan ka ba ng pagdalo sa anumang rally laban sa pamahalaan?

Oo ☐ Hindi ☒

Kung oo, para saang rally ito at kailan?

_______________________________________________

_______________________________________________

7. May kasaysayan ka ba ng pag-po-post sa anumang social media site ng kahit anong puna at/o reklamo laban sa pamahalaan?

Oo ☐ Hindi ☒

Kung mayroong higit sa isang sagot na "Oo," hinihiling sa aplikante na magtungo sa tent na nakapuwesto sa gilid ng gusali para sa karagdagang pagrerebyu ng militar sa health declaration form nito. Kung wala namang sagot na "Oo" sa anumang katanungan, maaari nang dumiretso ang aplikante sa job interview na magaganap sa ikalawang palapag.

_________________________

Lagda ng Aplikante

Balot man ng pagtataka dahil sa dalawang huling katanungan, magalang na iniabot ni Gian ang sinagutang form sa organizer na nasa harapan ng pila, na agad namang sinuri ang ipinasa niyang pormularyo. Maya-maya, kinuha ng organizer ang iPad sa kaniyang bag at tinipa ang buong pangalan ni Gian.

Makalipas ang ilang minuto, biglang napailing ang organizer sa hawak na iPad. Sumenyas siya sa grupo ng mga sundalong nakapuwesto sa tent na nasa gilid ng gusali, kasunod ang pagturo kay Gian.

"Ha? Bakit, ano pong meron?"

"May violation ka, Sir."

"Ha? Ano po 'yon? Wala naman po akong sagot na 'Oo'."

"November 25, 2020, 5:57 PM. Twitter: Ano na? Nagsisibilihan na ng bakuna 'yong ibang mga bansa. Samantalang tayo, papetiks-petiks lang. #DuturtleTalaga."

Nagitla si Gian sa narinig. Bukod sa ilang taon na mula nang i-post niya ang tweet na iyon, naka-private din ang setting ng kaniyang Twitter.


"Pero, miss. Teka lang po. Ano pong kinalaman ng post ko sa lagay ng kalusugan ko?"

"Next!"

Hindi na nagawang umapela ni Gian nang paligiran siya ng apat na armadong sundalo.

Mangiyak-ngiyak siyang naglakad kasama ang mga sundalo patungo sa tent na napapalamutian ng mga nakasabit na karatula ng pagbati kay Inday Sara bilang bagong halal na pangulo ng Pilipinas.

# TENEMENT


●●●○○ Globe 4G
5:30 PM
75%
Messages
Joshua Cruz
Details
AUG 14, 2022, 5:30 PM
Kuya?
AUG 14, 2022, 6:15 PM
Kuya? Handa ka na ba bukas?
Audio Call
Tap to call again
AUG 14, 2022, 10:23 PM
Srry. Kauwi ko lang. Napa-OT kanina di dumating yung kapalitan ko.

**Audio Call**
Tap to call again

AUG 14, 2022, 10:23 PM

Basta yung napag-usapan natin ha. Maghanda ka na bukas

Uu kuya. Naayos ko na lahat. Kailangan ko na talagang makaalis dito

Kumusta na b ang lagay diyan?

Hindi na maganda kuya. Parang kahit anong oras complete take-over na

Gnun b? Mukhang news blackout diyan ha. Kahit sa soc med wala ako mabalitaan

Tangina. Kahit soc med di nila pinaglagpas. Under review lahat ng posts dito. Kung may nakakalusot man, natatanggal din agad pag may nakakitang SP.

Teka lang kuya. Tumunog yung bell sa baba ng Tenement. Curfew na pala mukhang PAP. Sibat nako. Wag mo kalimutang i-delete tong convo natin.

Oo utol. Mag-ingat ka. Magkikita na tayo bukas.

AUG 14, 2022, 10:23 PM

Ano na balita tol?

Baka ma-delay ako kuya. Nagpatawag ng meeting si chairman. Hindi maganda kutob ko dito. Ito na sgro yung npapabalitang mass evac ng CWs sa Tenement para sa Taguig infrastructure projects

Ha? E anong mangyayari sa mga nakatira sa Tenement? Saan sila lilipat?

Yun ang di ko alam kuya. Pero panigurado magkakagulo niyan mamaya dahil maraming aalma

Wag k na kayang dumalo dyan tol. Umalis k na

Di pwde kuya. May mga namataan akong PAP. Mukhang pinaligiran na buong Tenement. Panigurado papipirmahin kaming lahat ng Waiver kaya and2 yang mga gagong yan Pero pilitin kong makapuslit ng bandang 11. Gagawan ko ng paraan

Sige. Balitaan moko. Mag-iingat ka.

AUG 15, 2022, 11:32 AM

Ano na tol? San k n? Di ka raw makontak ni Tonyo.

AUG 15, 2022, 11:52 AM

Tol? Ano na nangyayari? San ka n? Baka di niyo maabutan ang huling sched ng ferry

AUG 15, 2022, 12:15 PM

Audio Call
Tap to call again

AUG 15, 2022, 12:20 PM

Audio Call
Tap to call again

AUG 15, 2022, 12:20 PM

Tol ano na?

Audio Call
Tap to call again

AUG 15, 2022, 12:31 PM

Tol bat nawala ka? Ano nangyayari dyan? Bat may mga putok ng baril?

AUG 15, 2022, 12:35 PM

Audio Call
Tap to call again

Audio Call
Tap to call again

Tol? Bat di na kita makontak? Pinasunod ko na si Tonyo dyan.

You can't reply to this conversation. **More options.**

**Mga Terminolohiya mula sa Chatbox:**

SP – Socmed Patrol
PAP – People's Armed Police
CW – Chinese Workers
FB Tenement – Fort Bonifacio Tenement

# HYBRID CLASS

Abalang nag-aayos ng lesson plan si Aleli para sa maghapong online class nang biglang tumunog ang kaniyang selpon—padalang text mula sa bunsong anak na nasa probinsya.

"Kauwi ko lang po from skul. Ingat po sa pagpasok, mama. Luv u."

"Online lang si mama today. Bukas pa ko pasok ng skul. Ingat kayo dyan ni Papa. Aral mabuti. Miss u."

Tumayo si Aleli upang kumuha ng tubig. Muling pinaalala ng mga nakasabit na bill sa ref ang mga bayaring naghihintay sa susunod na linggo. Napahinga siya nang malalim at muling bumalik sa inaasikasong lesson plan.

Maya-maya, pumuwesto na siya sa harap ng computer suot ang unipormeng pampaaralan. Sinipat niya ang sticky note na nasa gilid ng kaniyang home screen.

**Classes for today: (July 18, 2022)**

SECTION 2 – M/W (1:00-3:30 PM)
SECTION 30 – M/W (4:00-5:30 PM)
SPECIAL CLASS 1 – M/W (6:00-7:00 PM)

Saglit muna siyang nag-unat bago pindutin ang link ng kaniyang unang klase sa araw na iyon. Ilang sandali pa'y isa-isa nang nagsipasukan sa meeting room ang kaniyang mga estudyante.


Mabilis na lumipas ang maghapon, kasabay ng pagtatapos ng kaniyang dalawang klase. Bago upuan ang huling klase, kinain muna niya ang nakatabing burger at fries na inorder niya kaninang umaga.

Nang matapos maghapunan, muli siyang pumuwesto sa harap ng computer. Sinuklayan ang sarili habang inuusisa sa monitor kung maganda

ang rehistro ng kaniyang mukha sa camera. Tiningnan niya ang suot na relos—isang minuto na lang bago magsimula ang kaniyang special class. Maya-maya, pinindot na niya ang link.

*Loading …*
*Loading …*
*Loading …*

HI ALELICOUS03! WELCOME BACK TO YOUR FANTASY CLASS!
July 18, 2022 (Monday, 5:59 PM)
Your live show for tonight will start in a few seconds …




**Live Chatroom:**

6:03 PM Jaxon_05 It's showtime babyyyy
6:04 PM Henry35 Show us what you got honey

----------- PRRD sent $25 ----------

6:06 PM PRRD Stop wasting our time, take off your fu*cking clothes!

6:07 PM Lee_x30 Tnx man! Hear that b*tch? Take it off!

6:10 PM Moon_gu1 will send money too if u take off all of ur clothes, darling

# *IGNACIO VILLEGAS DASIGAN*

Si Ignacio Villegas Dasigan ay isang guro sa Leandro I. Verceles Sr. National High School sa bayan ng Pandan, lalawigan ng Catanduanes. Siya ay nagtapos sa Catanduanes State University sa kursong Bachelor of Secondary Education, Major in English noong 2016. Nagturo siya pagkatapos gumradweyt sa kolehiyo sa Immaculate Conception Seminary Academy of the Diocese of Virac, Incorporated, isang pribadong paaralan sa Catanduanes. Siya ay isang school paper adviser at manunulat. Nailathala ang akda niyang dagli na may pamagat na "Labada" sa *Agos: Refereed Journal sa Malikhaing Akdang Pampanitikan* ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman noong 2020. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kursong Master of Arts in English.

# ANG MANOK NI MANDO

Nilasing niya ang kaibigan at saka ginawa ang plano.

Tinitigan ang alaga ng binatang maestro at marahang hinimas ang ulo nito. Sa paanan nito ay nagkukubli ang dalawang munting itlog na anumang oras ay mapipisa. Nang maramdaman ng munting nilalang ang init ng mga palad ni Kanor ay nagising ito at galit na tinuka ang kanyang kamao, na tila ba nanlalaban sa mapangahas na balak ng biyudo. Ngunit mas malakas ang kanyang puwersa at mariin niyang nahawakan ito. Hindi na nakapalag ang manok ni Mando at nagpaubaya na lamang hanggang sa napisa ang pinaka-iniingatang mga itlog.

*****

Malakas na ang ihip ng hangin habang manaka-nakang bumubuhos ang malakas na ulan. May bagyo at magla-landfall ito sa madaling araw. Kaya naman abala na ang mga tao sa paghahanda o paglilikas nang hapong iyon sa buwan ng Nobyembre.

Ipinapako ni Kanor, isang biyudo na may limang anak na lalaki, ang

kanilang dingding nang tawagin siya ng panganay.

"Itay, luto na ho ang kanin. Ano ho ang ulam?" tanong ng labintatlong taong gulang na si Rico.

Saglit na tumigil ang ama sa ginagawa. Oo nga. Maghahapunan na naman. Ang tanging nautang niya sa tindahan ni Manang Felia ay tatlong kilong bigas lamang. Hindi na siya pinagbigyang makakuha ng de-lata. Sagad na raw ang utang niya noon pang nakaraang Abril habang naka-lockdown ang buong Luzon dahil sa pandemya.

"Ako na ang bahala, 'Koy," tugon ng ama. "Ikaw na muna'ng gumawa nito."

Kinakain na ng dilim ang kalupaan nang lumabas ng bahay si Gardo. Sumabay sa ihip ng hangin ang samyo ng pabangong iwinisik niya sa kanyang leeg at batok. Binagtas niya ang gilid ng kalsada patungo sa bahay ng kaibigang binatang maestro—si Mando.

"Tuloy ka, p're. Magkape ka at tiyak na nilamig ka sa daan. Delikado na, a!" wika ni Mando nang mapagbuksan ang biyudo.

"Hindi na. May bitbit ako," itinaas ni Gardo ang isang bote ng alak habang nakangisi.

"Naku! P're, mukhang wrong timing, a. Masama ang panahon at kailangan ka ng mga bata. Sa susunod na lang," payo ng binatang maestro.

Agad binuksan ni Kanor ang bote at nilagok ang alak. Walang-nagawa ang may bisita kaya pinagbigyan niya na ang biyudo, ilang beses na rin niya itong nakainuman.

Isa … dalawa … tatlo … apat …

Limang bote. Limang bote ang naubos bago tuluyang bumagsak sa sofa ang binatang maestro at iyon ang sandaling hinihintay ng biyudo. Alam niya ang kahinaan nito kaya maingat ang kanyang pandaraya sa bawat tagay.

Nilasing niya ang kaibigan at saka ginawa ang plano.

Tinitigan ang alaga ng binatang maestro at marahang hinimas ang ulo nito. Sa paanan nito ay nagkukubli ang dalawang munting itlog na anumang oras ay mapipisa. Nang maramdaman ng munting nilalang ang init ng mga palad ni Kanor ay nagising ito at galit na tinuka ang kanyang

kamao, na tila ba nanlalaban sa mapangahas na balak ng biyudo. Ngunit mas malakas ang kanyang puwersa at mariin niyang nahawakan ito. Hindi na nakapalag ang manok ni Mando at nagpaubaya na lamang hanggang sa napisa ang pinaka-iniingatang mga itlog.

Umuwi na si Kanor bitbit ang limandaang pisong delihensya sa manok ni Mando.

# *DJ ELLAMIL*

Si DJ Ellamil ay isang mag-aaral ng AB Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Naging fellow siya ng 3rd Amelia Lapeña Bonifacio Writers' Workshop (Nobela), 6th Cordillera Creative Writing Workshop (Dula), 2nd Global Grace-UP National LGBTQ Writers' Workshop (Nobela), at Ricky Lee Online Screenwriting Workshop. Nagkamit siya ng Gawad Dominador B. Mirasol (2019) at AAG x KLFI Essay Writing Prize (2020). Nailathala rin ang kaniyang mga akda sa *Liwayway Magazine, Bookwatch, Vital Points*, at iba pang publikasyon sa bansa.

# FACE-TO-FACE

Hindi maipaliwanag ni Arlyn ang kasiyahang nararamdaman niya nang magsimula ang unang araw ng face-to-face class sa pamantasang pinagtuturuan niya. Na-miss niyang makita nang personal ang mukha ng kaniyang mga estudyante. Mas nalalaman niya kasi kung naiintindihan ba ng mga ito o hindi ang kaniyang itinuturo sa pamamagitan ng reaksyon ng mga ito. Subalit naalala niyang nakasuot pa rin pala ng mga face mask at face shield ang mga mag-aaral.

Pagkapasok niya sa classroom ng unang klase niya sa araw na iyon, naabutan niyang maingay na nagkukuwentuhan ang mga mag-aaral nang magkakalayo ang mga upuan dahil sa social distancing. Tumahimik lamang ang mga ito nang makita siya.

“Okay lang ‘yan, class. Alam kong na-miss n’yo ang isa’t isa kaya ganyan kayo kaiingay.”

Hindi niya pinagalitan ang mga ito. Aminado kasi siyang isa iyon sa hinanap-hanap niya noong nagtuturo pa siya sa online—ang ingay, gulo, at daldalan ng mga mag-aaral. Para kasing hindi tao ang mga kausap niya, lalo na kapag naka-close ang lahat ng webcam ng mga ito. Madalas ding hindi

sila nakokompleto dahil mayroong nawawalan ng signal ng internet o may mahalagang gagawin sa bahay.

Ngayon, bumalik na sa normal ang lahat. O bagong bagong normal. Ang mahalaga, mas lalo niyang naramdaman ang kasiyahan dahil sa salitang "normal."

"Good morning sa inyo. Dahil gusto kong sulitin ang oras natin, recitation kaagad tayo," nakangiti niyang sabi.

Nagulat ang mga mag-aaral sa sinabi niya, ngunit alam niyang walang-magagawa ang mga ito. Kilala siyang terror na teacher. At ngayong nasa paaralan na ulit sila, ramdam na ramdam niyang kontrolado na niya ulit ang lahat.

Tiningnan niya ang class list upang tawagin ang unang mag-re-recite. "Miss Santiago, please, stand up and answer this question ..."

Nanginginig na tumayo ang estudyante. "Ma'am, sorry po. Mahina ang signal!" sabi nito at dali-daling lumabas ng classroom.

Napatulala lamang si Arlyn sa kaniyang nasaksihan.

# *RAPHAEL M. FERRER*

Si Raphael M. Ferrer, o Paeng, ay isa sa mga awtor ng *Tsikiting Stories* na naibalita sa ilang mga outlet ng midya dahil sa layunin nitong makatulong sa mga bata sa panahon ng COVID-19. Siya ang may akda ng mga kwentong “Pabili ng Munting Ilaw,” “Si Krono, ang Natutulog na Dragon,” at “Ang mga Misyon ni Cadet Brennon.” May mahaba siyang karanasan sa pagtuturo sa kolehiyo ng University of the Philippines, Los Baños (UPLB). Nagtapos siya ng BS Social Work sa University of the Philippines, Diliman (UP) at MA Psychology sa Ateneo de Manila University (ADMU). Sa kasalukuyan, isa siyang registered social worker.

# NAKAUSAP MO NA BA ANG APOY?

Habang nasa kani-kanilang tahanan ang ibang tao, kailangan kong pumalaot para may pagkain sa araw-araw ang aking asawa't mga anak. Nabalitaan ko rin itong COVID-19 na isang uri ng sakit at tinawag pa nilang isang pandemya. Pumirmi sa loob ng bahay? Paano ang pera?

Pagdaka'y may dumating pang bagyo at hindi na magkandaugaga dahil sunod-sunod ang mga problema at malakas daw ito. Ika-5 signal! Siguro'y sa mata ng iba ay isa lamang itong pakikipagsapalaran. Pero para sa akin, bawat araw, panibagong problema. Paano papalaot?

Sa totoo lang, hindi ko na iniisip kung paano kakain ang iba kung hindi ako nanghuhuli ng isda. Kahit hindi ako tawaging frontliner, ang iniisip ko na lang ay ang pang-araw-araw na pagkain namin.

Kailangan daw manatili muna sa ligtas na lugar kaya't lumikas kami rito sa paaralan na ipinasara dahil sa pandemya. Siguro nga mas maganda rito kaysa naman manganib ang buhay namin. Siguro nga.

Hindi ko naisip na ganoon ang nangyari at kasalanan daw ng bentilador. Kasalanan ng kandila, saksakan ng kuryente, dikit-dikit na bahay o buhol-buhol na alambre. Kasalanan ng bentilador, na habang nasa bakwit

kami, ay naiwang nakabukas—may kuryenteng nabasa o may kandilang sinidihan.

Kaunti lang ba ang 402 na pamilya? Dalawang libong tao? Isang libong bata? Siguro tiningnan nila kami bilang mga numero, hindi mga tao. Hindi nabubuhay, mga bagay lamang na binibilang at sinusukat. Dagdag-gastos pa raw at mga pasaway sa gobyerno. Siguro kaunti lang kami para sa … para ba kaming mga nanghuhuthot?

May bumisita ritong organisasyon at narinig ko sa kanila ang salitang “trauma.” Saka ko naisip na may katuturan pala ang salitang iyon, nagkaroon ng kahulugan. Hindi ko alam kung anong mangyayari bukas, ni hindi ko rin mapagtanto kung ano ba talaga ang nangyari. Hindi ko na siguro babanggitin ang mga pagdududa. Bakit nagkasunog? Paano na ang mga naiwang gamit? Saan titira? Para rin akong natupok ng apoy at naging abo. Gumuho ang buong katawan ko.

Ito raw ang pinakamadaling demolisyon dahil natupok ng apoy ang lahat at abo lamang ang natira. Hindi na kailangan ng malalaking makina at mga kasangkapan o mga tauhan. Walang permit. Walang tumutol.

Isang proyektong reklamasyon ang ipinalit dito, kung saan iwinasto ang lupa kapalit ng buhay namin. Mas mahalaga palang iwasto ang lupa kaysa tao. Kami na habang-buhay na nagsusumikap para makaahon, hindi kami naging wasto sa paningin nila. Hindi kami naging priyoridad. Hindi kami napansin. Hindi ko alam kung ano ang mas masakit: ang hindi kami priyoridad o ang pagtaboy sa amin.

Isang pirasong damit lang ang natira sa akin ang dinala ko noon papunta sa paaralan. Naranasan mo na ba ‘yon? Nakita mo na bang nasusunog ang bahay mo? Nakakita ka na ba ng halimaw? Isang halimaw ang apoy. Isang halimaw ang nagsindi ng apoy. Magtataka ka pa ba kung bakit puno ng pagdududa ang isip ko ngayon?

Bakit mabilisan ang pagsang-ayon sa relokasyon at hindi kami kinausap nang maayos? Akala ko’y puwede naming muling itayo ang mga bahay namin, pero binakuran na ang lupa. Mabuti pa ang mga aso, nakakapasok doon. Pero kaming mga taong dating nakatira roon, pinagbabawalan ng mga guwardiya. Kung sino-sino na ang kinausap ko—mga politiko, abogado, pari, empleyado, at guwardiya. Meron ba akong

makakausap na nakakaalam? May makakasagot pa ba sa mga tanong ko? Bakit walang impormasyon?

Narinig ko ang sampal ng hangin mula sa dagat. Naranasan mo na ba ang masunugan? Ano ba naman ang kumustahin man lang muna kami?

# *JOHN CARLO S. GLORIA*

Kasalukuyang instruktor sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila at Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas si John Carlo S. Gloria. Kasama niyang namumuhay ang kaniyang ama at ang mga alaga niyang aso't pusa na paminsan-minsan niyang binabasahan ng mga tula.

# ATRASADO

Dinukot ulit ni Nato ang kumpol ng barya sa bulsa. Inilapit niya ang palad sa mukha para matiyak na tama ang kompyut niya rito, lalo na't naging magkakamukha na ang hitsura ng piso, lima, at sampu. Pangalawang bilang na niya sa natitira niyang barya at nagbabaka-sakaling nagkamali lang siya sa una.

"Buwakanang ina! Kulang talaga!" bulong niya sa sarili habang nag-iisang linya ang kanyang kilay at nakakulubot ang balat sa ilong.

Napapalatak siya't pailing-iling na naisip na ang dating dose pesos na pamasahe sa traysikel ay treinta y singko na ngayon. Dati na niyang inireklamo sa Messenger ng Tricycle Regulation Division ng city hall ang mahal na singil sa kanila pero na-delivered-zoned lang siya. Nabuburyong siyang ni hindi man lang nila nabasa ang linyahan niyang, *"Pancnin niyo 2. Sa gUbyerno Dn aq nagwo-wRk. Kng aLm niO Lng."*

Dinampot niya ang katabing cellphone at nakita niya ang Facebook notification at ilang Message Requests, pero hindi ang inaasahang text. Pinindot niya ang icon ng create message at pinili sa contact list ang pangalang "Robert" at nagsimulang mag-type ng kanyang mensahe.

*"AtraSdo n nmn swLdo?"*

Pagkaraan ng ilang minuto, tumunog ang cellphone ni Nato at nakita niya ang reply ni Robert.

*"Oo, pre. Kung alam ko lang na ganito, di ako nag-resign sa pagka-IT ko sa HSBC."*

*"HRap n q. KuLang pMsahe pRa mkaCngil sa opis."*

*"Kaya nga e. Kung kelan wala nang pandemya, saka pa ganito. Maikli na raw kasi ang pisi ni boss. Tayong mga nasa baba ang ipit."*

*"Tangna! knG aLm ko Lng na gNi2, d n Q nagSvi ng kNg aNu-anO sa FB. TgaL na nTing wLang iSkrip."*

*"Ako nga, tinakwil na ng mga kamag-anak ko dahil dito. Nilunok ko lang dahil akala ko, maganda ang kitaan dito."*

Hindi agad nag-reply si Nato. Kinalma muna niya ang sarili at pinili sa isip ang pinakaangkop na mga salita bago tumipa. Buntong-hininga ang simula bago muling kumilos ang mga daliri niya.

*"Pre, bKa my soBra k jAn. PdaLhan mo nmn aQ sa GCash. Tnx, sobra."*

Binitiwan niya ang cellphone at kakaba-kabang hinintay ang reply ng kausap. Nagtatalo ang kagustuhan niyang tingnan ang telepono at ang pansamantalang pag-iwas dito hanggang sa matanggap ang mensahe ng kausap.

Tumunog muli ang cellphone dahil sa mensaheng natanggap. Sinilip ni Nato at nakita ang reply ng kausap:

*"Pre, alam mo, ito pala ang pinakamasakit na comment na puwede nating matanggap: Don't feed the trolls."*

# JOHN RIZ N. IBESATE

Si John Riz N. Ibesate ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education, Major in Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina na may karangalang "Cum Laude." Nagturo siya ng asignaturang Filipino sa loob ng dalawang taon sa Kolehiyong Pangkompyuter ng AMA sa ilalim ng Departamento ng Batayang Edukasyon. Nahalal siya bilang Bise-Presidente ng Organisasyong Pangkabataan ng Empress Subdivision sa loob ng taong 2018-2020. Isa sa malaking impluwensya niya sa pagsusulat ng mga kuwento sina Joselito Delos Reyes at Eros Atalia. Sinisikap niyang mabuo ang kaniyang proyektong koleksyon ng mga dagli at umaasa siyang maipalilimbag ito sa hinaharap.

# PAGSALUBONG

Nagising siya sa ingay ng mga hiyaw, palakpakan, at musika. Bumangon ang matanda, hinawi ang kurtina, at nasilaw siya sa liwanag na tumagos sa bintana. Nasilayan niya ang mga nag-aabang sa labas.

Namili siya ng igagayak. Sinuot ang de-kalidad na barong na nasasabitan ng isang makinang na pin. Nagsuklay, nagpabango, at saka bumaba sa kusina upang mag-agahan.

Masarap nga ang almusal ngunit tila ba hindi niya ito malasahan.

Handa na siyang lumabas. Nakapaligid na ang kaniyang mga guwardiya. Binuksan niya ang malaking pinto at bumungad ang mga hiyaw, palakpakan at musika. Gayundin ang mga plakard, mga imaheng sinusunog, mga piraso ng basurang lumilipad sa kinatatayuan nila, at ang galit na mamamayan—mga kaluluwang naghihirap.

Puno na ng mga tao ang harapang gate kaya iikot ang escort car sa likod para ihatid sila sa airport.

"Mayor, pasensya na po. Ganito po talaga pag-COVID free," pagbibiro ng isang guwardiya.

Tahimik ang matanda pero hindi ang kaniyang budhing inuusig ng nabasang plakard: *"PA'NO LALAYA SA PANDEMYA ANG BANSA, KUNG ANG PESTENG VIRUS AY NAKAUPO PA!"*

# GERALDINE GENTOZALA-JUACHON

Si Geraldine Gentozala-Juachon ay nagtapos ng SMPF at BA Araling Pilipino sa UP Diliman. Nagtrabaho siya bilang isang manunulat sa telebisyon para sa mga programang pambata, lifestyle, at travel. Gayundin sa pelikula, ahensiya, events, at turismo. Naging fellow siya ng Palihang Rogelio Sicat 12 at nailathala ang kaniyang mga dagli sa *Liwayway Magazine*, unang isyu ng *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*, *Locked Down, Lit Up* ng UP Manila, *Hinaharap sa Isang Iglap, Aruga,* at *Alamat at Pabula* ng Lampara. Isa siya sa mga nagwagi ng AAG-KFLI Essay Writing Prize. Kasapi siya ng Kataga: Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas at UP Mountaineers. Nagturo siya sa Senior High School, kolehiyo, at ngayon naman ay nagtatrabaho bilang isang freelance writer.

# PANAGINIP

Nakasalubong ko sa pagtawid ang dati kong nakatrabahong direktor. Abala siyang nakikipag-usap sa isang lalaki na inakbayan pa niya. Kunwari'y di ko sila napansin. Hindi ko malimutan ang working style ng direktor na 'yon. Demonyong palamura sa set at manyak na power-tripper sa loob ng opisina. Umalis na siguro siya sa reunion. Mabuti naman at hindi ko siya gustong makaharap. Naghihintay sa loob ng meeting place ang dati kong mga kasamahan—writers, producers, graphic artists, cameraman, lightman, soundman, at iba pa. Excited akong makita sila matapos ang ilang taon na paghihiwalay. Ngunit mas excited akong makatisod ng trabaho mula sa kanila.

Bago ko pa marating ang pinto ng lugar, bigla akong naalimpungatan at nakita ang sarili na nasa loob ng isang dyip.

"Mandaluyong na!" Dali-dali kong dinukot ang isang daang piso sa loob ng aking bulsa at inabot sa drayber.

"Bayad ho, galing Shorthorn. Dito na ho ako bababa." Mabuti na lang at may deretsong dyip mula sa amin hanggang dito. Sa haba siguro ng biyahe ay nakatulog ako. Bago ako bumaba ng dyip, isang babae ang humawak sa aking braso at nagsabing, "Nanaginip ka kanina, Miss. Umuungol ka pa."

Isang ngiti ang iginanti ko, "Oo nga. Sige po, baba na ako." Magkahalong hiya at buwisit ang naramdaman ko. Minsan, ang ibang tao, di talaga makapagpigil ng sasabihin.

Hinanap ko agad ang building kung saan ako magpapasa ng resume. Alam kong malapit iyon sa billboard kung saan nakabandera ang halos hubad na katawan ng mga lalaking modelo ng produktong underwear. Isusulat ko siguro kung gaano kakomportable at paano nagbibigay ng lakas-ng-loob ang mga underwear na ito. PR Writer ang inaaplayan kong posisyon sa kompanya. Nang malampasan ko ang billboard, nilapitan ko ang katabing entrada. Isang security guard ang nakabantay.

Ngunit parang may nakalimutan ako! Bago tuluyang humarap sa tapat niya, nagmadali akong isuot ang aking face mask. At nakalimutan ko ang face shield ko sa bahay! Siguro'y sa sobrang pagmamadali. Papasukin kaya ako? Alam kong may bagong ordinansa sa lungsod tungkol dito.

Nang maisuot ko ang aking face mask, may isang lalaking parang mauuna pang pumasok kaysa akin. Pipigilan ko sana siya nang magising akong nakahiga sa kama.

Tiningnan ko ang aking paligid. May manipis na kumot na nakatakip sa mga paa ko. May unan ako sa ulunan at tabi. Walang dekorasyon ang mga puting pader ng kuwarto. May isang mesita na pinagpapatungan ng alcohol, face mask, face shield, tissue, libro, bolpen, at papel. Nakatabi sa pader ang isang backpack na alam kong puno ng aking mga damit.

Oo nga pala, mag-iisang linggo na ako rito. Nasaan ba ang cellphone ko? Ba't hindi tumutunog? Wala kayang kailangan sa opisina? Pansamantala lang naman akong hindi mapakinabangan. Pero hindi kaya ako matanggal? Mabuti't asymptomatic ako. Siguro nama'y hindi ako masisisante at maiintindihan sa opisina ang nangyari. Sabi ng doktor, malaki raw ang pag-asa kong bumalik sa dati.

Binuksan ko ang data nang mahagilap ko ang cellphone. Sinilip ko ang email inbox at nakitang hindi ko pa tinatanggal ang notifications ng jobseek.com. Inilagay ko sa ilalim ng unan ang cellphone matapos kong patayin.

Sinubukan kong pumikit at matulog muli. Bakasakaling paggising ko ay tapos na ulit itong panaginip.

# DORY'S DISINFECTANTS

Amoy bagong ligo ang bahay ni Ma'am Dory mula sa tarangkahan. Dumating na ang unang batch ng sabon—magkahalong bareta na nakakahon at likidong nakabote. Patong-patong ang mga ito sa tabi ng isang pader kung saan may nakasabit pang banner na "We'll miss you!" ang nakasulat sa makukulay na letra.

Kasama ang kaniyang pamangkin, inaayos nila ang ilang piraso ng mga sabon at bote sa mesa para kunan ng litrato.

"Itabi mo pa nang konti, Tiyang," mungkahi ni Elsa. "Parang ang layo sa bulaklak e."

Iba't ibang posisyon ang sinubukan nila. May nakapaibabaw sa tuwalya, nakapatong sa plato, at nakaposisyon sa kamay. Namili siya ng ilan dito at mabilis na in-upload ni Elsa sa kagagawa pa lang na social media page ng Dory's Disinfectants.

"Mag-aantay lang tayo ng order, Tiyang. Pero kailangan, i-share mo rin sa mga co-teacher mo 'yang post. Lahat ngayon ay gumagamit ng sabon at disinfectant. Siguradong maraming o-order!" paalala ni Elsa.

“Paano ko nga ba ulit gagawin ‘yon?” nakakunot-noong tanong ng Tiyahin.

“Dito sa page ng produkto ...” muling inulit ni Elsa kung paano maibabahagi ang balita tungkol sa bagong negosyo.

“Kaya nga ako nag-early retirement, e. Ayokong humawak ng kompyuter na ‘yan. Sumasakit ang ulo ko sa online-online,” singit ng kaniyang tiyahin habang itinuturo niya ang proseso.

“Malapit ka na rin naman mag-retire, Tiyang. Napaaga lang ang pagpapahinga mo,” nakangiting tugon ni Elsa.

Hindi ngumiti ang kausap.

“Abangan ninyo na lang po ‘yong mag-te-text sa telepono. Ako na po ang bahala sa online orders,” dugtong nito.

Sa sinabi ni Elsa, tumango at tumayo ang kaniyang tiyahin at nilapitan ang study table na nag-uumapaw sa ilang dekadang libro at papel. Nagsimula itong magligpit at magsalansan ng mga naipong gamit sa pagtuturo sa mga kahon na kanina’y sabon ang laman.

# JOEL COSTA MALABANAN

Ipinanganak si Joel Costa Malabanan sa Los Banos, Laguna at lumaki sa Indang, Cavite. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Philippine Normal University. Tagapagtaguyod din siya ng Baybayin mula pa noong 1995 at kasapi ng Tanggol Wika na nananawagang panatilihin ang pagtuturo ng wikang Filipino at Panitikan sa kolehiyo. Isa rin siyang musikero at tagapagsulong ng *Pagtatahip-Dunong* sa larangan ng edukasyon.

# RÉNGŌNG ZHÌNÉNG 人工智能
# HAIBUN

Sampung taon ang itinagal ng pandemyang COVID-19. Sanay na ang mga tao nang may face mask at social distancing. One third ng populasyon ng mundo ang namatay at karamihan ay mula sa Amerika, na patuloy pa rin ang kaguluhan dahil sa racial discrimination. China ang pinakamaunlad na bansa sa mundo at pinalitan na ng Mandarin at Fookien ang English bilang universal language.

Obligado ang lahat na matuto ng alinmang wika ng China. Lahat ng transaksyon ay online at nakaprograma na ang lahat mula sa Model 107, na sinimulan ng Chinese computer scientist na si Xia Peisu. Binuwag na ang DepEd at CHED noong 2028 dahil nakaprograma na ang template ng labor-export education sa online modality sa bansa gamit ang *Artificial Intelligence* mula sa Beijing. *AI* na ang ginagamit sa edukasyon, bangko, negosyo, at maging sa operasyon ng MRT at LRT, na nasa ilalim na ng Tencent (TCEHY), ang pinakamalaking Chinese company sa buong mundo. Hawak din nito ang online shopping industry at ang lahat ng automated transport system ng bansa.

Maraming guro, accountant, call center agents, doktor, nurse, at factory workers ang nawalan ng trabaho dahil mga computer na ang ginagamit sa halos lahat ng bagay. Karamihan sa kompanyang pag-aari ng mga Chinese sa Pilipinas ay gumagamit na ng robot mula sa *AI Nemo, AUBO, Borns Robotics, Geek+, Makeblock, Rokid*, at iba pang nangungunang industriya sa China pagdating sa robotics. Ang pinakamaunlad na industriyang Filipino ay ang pag-eeksport ng tao na nakapagpapadala ng maraming OFW sa iba't ibang panig ng mundo. Sa 2034, idaraos ang plebesito kung papayag na ba ang Pilipinas na maging probinsya ng China.

Paalam, chalk at pisara,
Pati guro'y etsa-pwera.
Online teaching ay *AI* na,
Huān yíng na tayo sa China!

# *ACEL DC. MARTINEZ*

Si Acel DC. Martinez ay isang estudyanteng kasalukuyang naninirahan sa Santa Maria, Bulacan. Lumabas ang ilan sa kaniyang mga akda at dibuho sa mga online page ng Titik Poetry, Likhanayan, Lapis Artcom, Artists in BPO Unite for Social Change (AUX), at Vox Populi Ph. Kasalukuyan siyang abala sa pag-aaral, pagbabasa, at pagsulat ng mga dagli at tula.

# BRAND NEW NORMAL

Mababakas sa nagmamantikang mukha ni Romel ang kaba at pagkabalisa habang panay ang paglingon niya sa magkabilang bahagi ng kalsada, at ang maya't maya niyang pagsilip sa mga kamay ng suot niyang relo. Maigi na namang iniunat ng kaniyang kamay ang kanina'y plantsado niyang polo at saka gigil na pinaypayan ang namamasa niyang kilikili.

Tuluyan lamang siyang napangiti nang matanaw ang paparating na dyip.

Pagkat sa wakas, matapos ang mahigit isang oras na pananatili sa mapanghing weyting shed, paglusong sa mahigit anim na bahang dulot ng labing-isang bagyo, ilang buwang pagtitiis sa kawalan ng kuryente, dalawang taong pagkabakante matapos siyang makapagtapos ng kolehiyo, at tatlong taong pananatili ng pandemya sa Pilipinas, ay makapaghahanap na siya ng trabaho.

# *JOANNA MARIE L. MARTIREZ*

Si Joanna Marie L. Martirez ay nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Junior High School sa Pasig City Science High School at tagapagsanay sa pagsulat ng haiku at dagli. Kumukuha siya ng Master of Arts in Filipinolohiya, na may Complete Academic Requirements, sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina. Hilig niya ang pagsusulat ng panitikan, tulad ng maikling kuwento, tula, dagli, at iba pa.

# SA WAKAS

Sa wakas, paglaya. Nagkaroon na nang kaluwagan sa paglabas ang mga tao dahil unti-unti nang bumaba ang kaso ng COVID-19 sa bansa. Ito na ang pagkakataon para tuparin ang mga naudlot na pangako—ang pag-uwi ko kina Inay at Itay, na tatlong buwan ang lumipas bago ko maisakatuparan. Lingguhan sana ang uwi ko sa Teresa mula sa trabaho sa Maynila kung hindi lamang nagka-lockdown noong Marso. Dahil lockdown, hindi maaaring bumiyahe sa ibang lungsod o probinsya. Ipinatupad ito upang makontrol ang pagkalat ng virus. Buti na lang at may cellphone kaya nakakausap ko sila paminsan-minsan.

Ngayon, malaya na akong nakabiyahe pauwi sa amin. Hindi ko mawari ang aking nararamdaman—mas akma ang pangungulila. Kasabay ng pagbaba ko sa tricycle ang pagsikat ng araw na nagpapaalala ng panibagong pag-asa, pagsisimula, at pagbabago.

Hindi nagbago ang lugar pero nakakapanibago. Wala ang mga batang naghahabulan sa mga eskinita at maging ang mga tsismosa. Hindi ko alam kung kakilala, dayo o mamamatay-tao ang aking nakasalubong. Naaliw akong masyado sa pagkukumpara ng mga kilay at mata, na tanging

nakikita ko dahil sa face mask. Hindi ko namalayan na nasa tapat na pala ako ng bahay namin.

"Inay, nandito na po ako," pahayag ko pagpasok ko sa aming bakuran.

Lumabas si Inay kasama si Itay. Inilapag ko ang aking mga gamit sa sementadong hagdan na kinatatayuan ni Inay.

"Pasuyo na lamang po ng mga gamit ko, Inay. Kami na lang ang pupunta ni Itay sa simbahan. Tutal, iyon din naman ang pangako ko sa kanya, hindi ba, Itay?"

Tumango si Inay matapos ibigay sa akin ang garapon ng abo ni Itay.

# ALPINE MOLDEZ

Si Alpine Moldez ay nagtapos ng kursong Bachelor of Arts in Communication Arts sa University of Santo Tomas. Kasalukuyan siyang bahagi ng isang Sales and Marketing team sa isang maliit na BPO sa Makati. Dati siyang manunulat sa pahayagang *The Varsitarian* at naging bahagi ng seksyong Literary at Filipino.

# ADOBO

Mula sa pagkalunod ni Maita sa kaniyang mga iniisip, iniahon siya ng pagtahol ng alaga niyang asong si Laika. Sa wakas, may dumating na ring kostumer para sa araw na iyon. Ilang linggo na kasi ang lumipas matapos siyang i-tag as recovered ng health center. Ngunit mahina pa rin ang benta ng kaniyang karinderya dahil sa tsismis na COVID positive siya. Paano, wala pa rin siyang panlasa.

Isang matandang babae ang lumapit sa kaniyang tindahan at tingin niya ay hindi ito tagaroon. “Anong mayro’n tayo ngayon, Ineng?” tanong nito. Maligayang sumagot si Maita at sinabing adobong baboy ang punong putahe.

“Ayos. Bigyan mo ako ng isang order.” Tinanggal ng matanda ang suot na face mask at marahang umupo sa hapag na nakakabit sa tindahan.

“May panlasa ka na ba ulit, Maita?” Muntik niya nang mabitawan ang platong pinagtatakalan niya ng kanin. Sa kung anong dahilan, hindi siya nakasagot sa narinig. Nilapag niya ang plato ng kanin sa harap ng matanda at isinunod ang platitong may lamang adobo.

“Kilala n’yo ho ako?”

Pumasok bigla sa tindahan ang asawa ni Maita, na wari ay kagigising lamang at tila hindi pa naliligo. Hinanap nito ang pulang plastik na arinolang pinaglalagyan niya ng pera, binawasan ang kakarampot na laman, at lumabas na parang walang nangyari. Hindi naman nagtanong ang matanda, ngunit nagpaliwanag si Maita sa inasal ng asawa, “Pasensya na ho. Alam n’yo naman, kailan lang ulit pinayagan ang mga inuman.”

Ipinagpatuloy niya ang pakikipag-usap sa kostumer at inusisa kung paano siya nakilala nito, gayong parang noon niya lang ito nakita sa lugar. “Marami akong kilala, Ineng,” sagot nito.

Hinimay ng matanda ang tipak ng adobong baboy sa platito, ipinares ito sa isang kutsarang kanin, at isinubo. “Medyo matabang. Paabot naman ng toyo.” Iniabot sa kaniya ni Maita ang hinihingi at nagpatuloy ito sa pagsasalita. “Makinig kang mabuti sa akin. Sa maghapong ito, babalik ang panlasa mo kung hahainan mo ng adobo ang isang tumatangis, isang tumatawa, isang nanggagalaiti, at isang mamamatay.”

Napakunot ang noo niya sa narinig. “Po? Paano naman ho mangyayari ‘yon, e, hindi ko naman mapipili ang mga kakain at lalapit sa karinderya?” Tumalikod siya para kumuha ng isang basong tubig. Mapupuno niya na ang hawak na baso nang muling biglang tumahol si Laika. Nilingon niya ang matanda ngunit wala na ito. “Walang ‘yang ‘yon! Ni hindi man lang nagbayad!” Sa pagkainis sa nangyari, padabog niyang sinimulan ang paglilinis sa pinagkainan ng sana ay buena mano niya.

Agad na may dumating na isang babaeng mukhang kalalabas lang mula sa isang opisinang malapit sa kaniyang karinderya. Matapos paliguan ng baong alcohol ang kaniyang uupuan ay umorder ito ng adobo at isang platong kanin. Makaraan ang tatlong subo ay napansin ni Maita na lumuluha ang kostumer. Lumapit siya at tinanong kung ayos lang ba ito. Pinunasan ng babae ang kaniyang mga luha at pagkatapos ay pilit na ngumiti.

“Opo. Na-miss ko lang kasi ang mommy kong namatay. Ganitong-ganito ho kasi ang timpla ng adobo niya.” Naramdaman ni Maita na bahagya niyang nakagat ang kaniyang dila.

“Maasim din po pala kayo gumawa,” pagpapatuloy ng babae. Naguluhan si Maita sa narinig dahil natatandaan niyang matabang ang unang komento na ibinigay sa adobo niya para sa araw na iyon. Agad siyang

nagtakal ng ulam at tinikman ito. “Maasim nga,” bulong niya sa sarili. Nanlaki ang mga mata niya sa naisip, “Maasim ... nalasahan ko ang asim!” Ngumiti siya sa kausap at sinegundahan ang komento nito, “Di bale, ganito ba ang paborito mo, Ate? Dalasan mo ang pagkain dito at kapag adobo ang ulam, dadagdagan ko ang para sa ‘yo.” Tumawa nang bahagya ang kostumer at saka tinapos ang pananghalian.

Hinarap ni Maita si Laika at nagpipigil na tumiling sinabi, “Narinig mo ‘yon? Nalasahan ko na ang luto ko, Laika! Maasim!” Tinitigan siya ng alagang aso at humihingal itong naglabas ng dila. Tinapik ni Maita ang ulo nito at pagkatapos ay nilinis niya ang pinagkainan ng babae.

Makalipas ang ilang minuto, magkasabay na dumating ang dalawang lalaki na dati niyang mga suki: ang foreman sa ginagawang gusali, isang kanto ang layo mula sa kaniyang karinderya, at isang estudyante.

“Putang ina!” sigaw ng foreman matapos niyang ibaba ang selpon sa mesa. Pabiro siyang sinaway ni Maita, “‘Uy, may bata!” Napailing na lang ang lalaki habang isa-isa niyang sinilip ang laman ng mga kaldero ng ulam.

Pumasok bigla sa isip ni Maita ang bilin sa kaniya ng matandang babae: hainan ng adobo ang isang tumatangis, isang tumatawa, isang nanggagalaiti, at isang mamamatay. Kung sa lumuluhang babae kanina ay mahiwagang bumalik ang panlasa niya para sa maaasim, baka may iba pang mga panlasang bumalik kapag hinainan niya ng adobo ang galit na foreman. O-order na sana ito ng niluto niyang pinangat na sapsap, pero agad siyang inabutan ni Maita ng isang platong kanin na may kasamang isang platitong adobo. “O, libre ko na ‘yang ulam mo ngayon. Para naman mabawasan ang init ng ulo mo.” Natawa ang kostumer sa ideya ngunit malugod niyang tinanggap ang alok.

Sa isang upuan mula sa foreman, humagikgik ang estudyanteng kasabay nitong dumating. Nakatingin ito sa kaniyang selpon at wari ay may binabasang nakakatawa. “Sige, unahin mo ‘yang selpon mo at bubusugin ka niyan!” puna ni Maita sa kausap.

“Si Aling Maita talaga! Okey lang ‘yan! Sine-serve n’yo pa naman si Kuya,” sagot nito. Pinili ng estudyante ang piniritong hotdog at itlog na nakahain sa tabi ng mga kaldero. Pumasok muli sa isip ni Maita ang bilin ng matanda. Tiningnan niya ang patuloy na pagtawa ng batang lalaking hindi

itinigil ang pagkalikot sa kaniyang selpon. Naisip niyang bigyan din ito ng adobo. “O, libre ko na rin sa ‘yo. Para fair.” Magiliw na kumain ang dalawa.

Naunang natapos ang foreman at pinilit nitong bayaran ang ulam na inihain sa kaniya. Aniya, napakasarap ng maanghang na timpla ni Maita sa adobo. Nagulat si Maita sa naging komento nito dahil alam niyang maasim ang timpla niya at totoong iyon din ang nalasahan niya kanina. Matapos kunin ang bayad ng tumalikod nang kostumer ay kinausap niya ang estudyanteng patapos pa lamang kumain.

“Maanghang ba?” Umiling ang kausap at sinabing sa katunayan nga ay matamis ang pagkakagawa niya sa adobo. Naramdaman bigla ni Maita na dalawang beses niyang magkasunod na nakagat ang kaniyang dila. Iyon na marahil ang hudyat. Nagtakal siyang muli ng adobo at tinikman ang lasa nito—maanghang. Maanghang na ngang bigla ang lasa nito. Agad siyang uminom ng isang basong tubig at pinisil ang mukha ni Laika. Kinilig siya at agad na nilinis ang pinagkainan ng foreman.

“Hoy!” sigaw ng asawa ni Maita. “‘Yon ba ang lalaki mo?” Para siyang umaandar na bentilador na biglang binunot sa saksakan. Naglaho ang saya sa mukha ni Maita. Hindi siya nakasagot sa asawa at minabuting talikuran na lamang ito. Natapos ang estudyanteng kumakain at sumubok ding magbayad. Tinanggihan ito ni Maita at sinabing, “Galingan mo na lang sa school. Matagal din kayong nag-stay sa bahay kaya treat ko na ‘yan para malakas ka sa araw na ‘to.”

Nang makalayo-layo ang bata, sinugod si Maita ng kaniyang asawa at hinawakan sa braso nang mahigpit. “Binigyan kita ng negosyo para magluto. Hindi para lumandi!” sigaw nito. “Bigyan mo ako niyang adobo. Panira ka sa inuman namin, e!” Nagmamadaling nagtakal ng ulam si Maita para makaalis na ang kaniyang asawa.

Hinubad niya nang tuluyan ang suot na face mask at huminga siya nang malalim.

Tumahol si Laika para sindakin ang pusang pinuntahan ang pinagkainan ng estudyante. Naawat naman si Maita sa kaniyang pagtulala at siya na mismo ang nagtaboy sa pusa. Naalala niya bigla ang komento ng bata sa adobo. Kinuha niya ang platito nito at tinikman ang sabaw na natira. Labis siyang nabagabag. Hindi nga nagsisinungaling ang kostumer niyang

iyon. Matamis … matamis ang timpla ng adobo niya roon.

Totoo nga ang sinabi ng matandang babae. Babalik ang kaniyang panlasa kung maghahain siya ng adobo sa apat na pagkakataong ibinilin nito. Ngunit saan naman siya makatatagpo ng mamamatay? Dumaan ang maghapon at naging matumal pa rin ang bentahan. Bandang alas-sais ng gabi ay nagpasya nang magsara ng karinderya si Maita.

Habang inililigpit ang mga kalderong may laman pang tirang ulam, dumating ang asawa niyang lasing na lasing at naghahanap na naman ng pera. Makikipagpustahan daw ito sa mga kainuman niya sa kabilang barangay at namimilit itong ibigay sa kaniya ang kinita ng karinderya sa maghapon. Ipinaliwanag ni Maita na naging mailap ang benta at wala siyang maibibigay na sobra sa kaniya. Sinampal at tinabig siya ng kausap para makuha ang pulang plastik na arinolang pilit niyang tinatakpan. Binuksan ito ng kaniyang asawa at kumuha roon ng ilan pang natitirang pera. Bago lumabas ng bahay, humirit ito ng makakain.

Humihikbing nagtakal si Maita ng tirang kanin. Wala nang malinis na platito kaya pumunta siya sa lababo para maghugas. Ubos na ang dishwashing liquid kaya yumuko siya para kunin ang stock sa ilalim.

"'Tang ina, Maita!" sigaw ng kaniyang asawa. "Isang platito lang 'yan!" Hindi siya sumagot. Tinitigan niya ang bote ng liquid sosa sa tabi ng dishwashing liquid.

Nagtakal siya ng adobo at hinati ito sa dalawang platito. Ibinigay niya ang isa sa asawa at ang isa naman ay sa asong si Laika. Makalipas ang ilang minuto ay nakagat niya ang kaniyang dila. Tinitigan niya ang bote ng vetsin sa tabi ng mga kaldero. Nagtakal siyang muli ng adobo at tinikman ito—mapait.

# *RONNEL V. TALUSAN*

Si Ronnel V. Talusan ay anak ng magsasaka at taal na taga-San Rafael, Bulacan. Kasalukuyan siyang guro sa Tanggapan ng Larangan ng Filipino, Institute of Arts and Sciences ng Far Eastern University, Manila. Siya ang awtor ng mga librong *TALUSALING: 100 Dagli ng Buhay* at *TULAG: 100 Tulang Tagpi-Tagpi*. Nailathala ang kaniyang mga akda sa *Agos Journal* at *Daluyan Journal* ng SWF-UP Diliman; sa *Liwayway Magazine* at *Kawing Journal*, at sa mga librong inilabas ng 7 Eyes Productions, OPC, gaya ng *BUHAWI* (Antolohiya ng mga Tula), *AKSYON* (Antolohiya ng mga Dagling Eksena ng Buhay), *BALINTUNA* (Antolohiya ng mga Kwentong Kakatwa), *LAKBAY* (Antolohiya ng mga Tulang Lagalag), *KATASTROPIYA,* at *MABAYA: Mga Tula ng Galit at Pangamba;* sa *Talinghaga ng Lupa: Mga Tula ng at para sa Kababaihang Pesante* ng Gantala Press, Titik Poetry, Kasingkasing Press, *Nostalgiya* (Antolohiya ng mga Tula), *BUK(L)OD* ng Kataga: Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, at *Lunduyan: Kaparangan ng mga Alaala* ng Lunduyan ng Bulakenyong Artista't Manunulat (LAMBAT).

# BARIL AT ASAROL

Di magkamayaw ang mga mirong nag-uusyoso. Kaaalis lang ng ambulansyang dumating. Sumisirenang humaharurot iyon patungo sa pinakamalapit na ospital.

“Totoo ba?” pasigaw na tanong ng isang babae. “Si Donya Cecilia ang lulan ng ambulansya?”

“Totoo!” mariing sagot ng isang matandang may hawak na lilik.

“Susmaryosep!”

Lumalakas ang anasan sa ilalim ng malabay na punong iyon ng akasya. Habang pasulyap-sulyap sila kay Carlos na nakasalampak sa gilid ng pilapil. Hawak pa sa puluhan ang ginamit na asarol. Nakayuko siya. Walang-imik. Habang nilalaro-laro ng kamay ang tingkal ng mga putik.

Di naglipat-saglit ay dumating ang isang police mobile. Marahas na tumigil iyon sa kalipumpunan ng mga tao. Padabog na bumukas ang pinto ng sasakyan. Hawak ang baril, pasugod na lumapit ang pulis sa umpukang iyon. “Nasa’n ang pukang ama?” mabagsik ang tinig niyon.

Walang-imikang sinulyapan nila ang lalaking nakasalampak sa pilapil. Napabaling doon ang tingin ng mga pulis at may puyos ang anyong

nilapitan si Carlos.

"Tarantado ka! Sumama ka sa 'min!" Pahablot na dinaklot ng bata-batang pulis ang jaket ni Carlos. Mabigat ang katawang tila hindi nagpatangay. Bahagyang nahila ang pulis sa hatakang iyon.

"Aba't gago, lalaban ka?" Sinikwat ng pulis si Carlos. Sabay palo ng kamay na may tangang baril sa likod nito.

"Ayyyy! Huwag ho!" sigaw ng isang babaeng sumasaksi.

Pabalikwas na tumayo si Carlos at mahigpit na ginagap ang asarol. Nakabitin na iyon sa hangin ngunit mabilis na nakapagpaputok ang pulis. Sapul sa kanang balikat ang magsasaka. Nagdurugo iyon.

"Tama na ho!"

"Ayyyyyyy!"

Nagkilusan ang mga lalaki upang daluhan ang kanilang kasama ngunit mabilis na nanutok ng baril ang mga pulis. "May plano ba kayo?" malakas na singhal ng isa.

Walang nakaimik, ngunit may igting sa mga mata ng mga magsasaka.

"Isang maling kilos mo pa at tutuluyan ka na namin!" banta ng batang pulis. Dinampot niya ang asarol at binalibag palayo. Saka pahablot na dinakma sa braso si Carlos at pakaladkad na hinila patungo sa kanilang mobile. Nanatiling nakatutok ang mga baril sa mga lalaking magsasaka.

"Sa'n ninyo dadalin si Carlos?" sigaw ng isang matanda.

Umandar ang makina ng sasakyan at mabilis na humarurot. Nagtinginan ang mga magbubukid. Bakas ang takot at pangamba sa kanilang mga anyo. Ayaw nilang isipin ang posibilidad ng pinakamasamang sasapitin ni Carlos sa kamay ng mga alagad ng batas. Alam nilang sa kanilang bayan ay matagal nang walang-batas kundi ang mayayamang maylupa at mga politikong para-parang pinapanginoon ng awtoridad. Paano na ngayon na isang mabigat na sala ang nagawa ng isang maglulupa sa isang panginoon?

"Hindi n'yo ba alam? Pamangkin sa pinsan ni Donya Cecilia ang batang pulis na iyon!"

Natahimik sila. Waring tinitimbang ang mga bagay-bagay. Sinusuri ang serye ng mga pangyayaring naganap lamang kanina—ang ginawa ni Carlos at ang mainit na girian kanina. Hindi tuloy naiwasang magunita nila

ang mga panggigipit ng Donya at ng mga kapwa nito nagmamay-ari ng lupa, lalo nitong kasagsagan, at kahit hanggang ngayong katatapos lamang ng krisis na dulot ng pandemya. Krisis? Hindi ba't habang panahon namang tagpisi ang kalagayan nilang mga magbubukid? Kumain-dili at batbat ng utang.

"Kulang na lang ay hingin nila ang ani nating palay!"

"Pa'nong di gagawin ni Carlos 'yon?" usal ng isang lalaki. "Namatayan na ng kalabaw, naospital pa ang anak. Nasa Center pa nga ngayon!"

"Di pinautang ni Donya Cecilia?"

"Pinautang! Pero lahat daw ng aanihin ngayon ay ilalagay sa kamalig nito! Kulang pa raw sa utang ni Carlos!" Tiyak sa sinasabi ang nagsasalita. "Iilitin na raw ang lupa dahil sa laki ng utang!" Sinurot-surot pa si Carlos at pinagmumura, dagdag pa nito. "Nilahat pa tayo, pulos daw tamad at pabaya!"

"Kaya nagdilim ang paningin ni Carlos!" parirala ng isa pang magbubukid. "Lahat ba ng lupa rito'y pagtatayuan niya na talaga ng kaniyang negosyo?"

"Iligtas sana si Donya Cecilia ng palalong kaluluwa ni Don Salvo!"

Nagkani-kaniya sila ng kilos. Patumpa sa kanilang saka ang karamihan. May isang mabilis na umuwi upang ibalita sa kanila ang pagdakip kay Carlos. May ilang lalaking naiwan sa lilim na iyon. Mandi'y niyayari ang desisyon tungkol sa isang bagay.

Dinampot ng isang matanda ang asarol ni Carlos. "Hanga ako sa tapang ng batang iyan." Napatango ang mga kaharap. "Nakita ninyo sana kung paano pinalamon ng lupa ni Carlos ang mabagsik na bunganga ng Donya!"

"Wag mong sayangin. Ito na ang huling pagkakataon mo." Tumingin ito nang tuwid sa kaniyang mga mata. "Bago lang tayo bumabawi sa biyahe, panay purnada pa."

Tumango siya. "Salamat ho, Sir." Saka marahang tumayo at tinungo ang pinto palabas sa opisinang iyon. Marahan siyang naglakad palayo at minsan pang nilingon ang opisina bago nagtuloy sa munting kantina ng kanilang terminal.

Nangangalahati na ang kaniyang kape nang dumating at tabihan siya ng isang kasamahan. "Ano, pare, pinagbigyan ka ba ni Boss?"

Hindi umimik at tumango lamang siya.

"Mabuti, mabuti." Tinapik-tapik siya nito sa balikat. "Ingat na lang tayo lagi sa daan, pare. Alam mo naman ang kumpanya, basta nagpaluwal, markado ka!" Tinungo nito ang counter upang umorder ng makakain.

Tumayo na rin siya at sumensyas ng pamamaalam. Narinig niyang tinawag na ng dispatcher ang numero at biyahe ng bus na minamaneho niya. Nakita niya ring kumakaway na ang kaniyang partner na kundoktor.

Inaapuhap niya ang sigla sa kaibuturan ng kaniyang sarili.

Napabuntong-hininga pa nang gagapin ang manibela at silipin ang rear mirror ng sasakyan. Pinaandar niya ang makina at banayad na pinatakbo ang behikulo palabas ng terminal.

Tahimik siya sa buong biyahe. Napansin iyon ng partner niya. Sumimple ito ng bati nang makapaningil na sa mga pasahero. “Buti na rin, brad, binigyan pa tayo ng isang pagkakataon.” Nakatingin ito sa daan habang nagsasalita. “Ilang buwan tayong gutom at walang-kita. Akala ko’y masisibak pa tayo agad.”

Nanatili siyang walang-kibo. Nasa kalsada ang kaniyang paningin, ngunit wala roon ang kaniyang diwa. Nagsalimbayan sa utak niya ang serye ng mga pangyayaring naganap sa buhay niya. Sampung taon siyang drayber ng trak sa isang oil company sa Saudi. Nasa Pilipinas siya nang kumalat ang peligrosong pandemyang kinaharap ng mundo. Hindi na siya muling nakabalik. Nang payagan na ang mga biyaheng papasok at palabas ng bansa, sinubok niyang mag-apply ulit nang ilang ulit ngunit hindi na talaga siya sinuwerte. Bukod sa nawalan ng hiring sa dating kumpanyang pinapasukan niya, nagkaproblema rin siya sa kaniyang medical. Natakot siyang baka masilip iyon o kung makalusot ma’y salakayin naman siya ng sakit at sa ibang bansa pa abutan. Minabuti niyang magbakasakaling dito na lang magtrabaho sa Pilipinas.

Sinaka niya ang kapirasong lupa na nabili niya sa kanilang bayan sa Sta. Rosa. Ngunit hindi siya kumita. Luging-lugi at nagkautang pa siya nang salantain ng isang malakas na bagyo ang gitnang Luzon noong nakaraang taon. Naubos na ang kaniyang kaunting ipon. Sabay-sabay pang nagkokolehiyo ang kaniyang tatlong anak, nasa hayskul ang dalawang mas nakababata. Nag-aplay siya sa bus company na iyon. Suwerteng natanggap dahil maraming drayber ang hindi na bumalik sa trabaho. Ngunit nakatatatlong buwan pa lang siya, marami-rami nang naging aberya. May mga linggong hindi siya nakabiyahe dahil may ibang pinabiyahe sa kaniyang minamanehong bus. Noong nakaraang buwan ay pinahinto na naman ang bus company nila at pinagbawalang makabiyahe pa-Maynila. Hinala ng management, pinepersonal sila ng ilang matataas na nakaupo sa LTFRB. Ayon sa alingasngas, politika at personal na interes. Sabi’y may ilang nakaposisyon na nagmamay-ari rin ng mga bagong linya ng P2P ngayon, na

silang kumokopo sa kita, lalo na kung hindi nga nakakabiyahe ang lahat ng provincial bus. Noong isang linggo ay tinikitan siya ng enforcer ng MMDA dahil sa pagkakagitgitan sa lansangan. Alam niyang wala siyang violation. Kamakatlo'y kinukuha naman ng isang enforcer ang kaniyang lisensya—beating the red light, overloading, at nakapagbaba pa raw siya sa di tamang babaan.

Lahat iyon ay hindi totoo, alam niya. Nang abutan ng pera ng kaniyang partner ang enforcer ay pinayagan na silang makaalis at hindi na kinuha ang kaniyang lisensya.

"Nako, brad, hayan na naman ang mga bugok na MMDA!" Bigla siyang natauhan sa narinig. Malayo-layo pa sila ay kitang-kita niyang kumukumpas-kumpas ang isang enforcer. Pinatatabi sila sa anyo ng paninita. Napansin niyang pinalampas ang ilang bus na kanilang sinusundan. Ano na naman ang violation niya? Yamot na gumilid siya sa daan.

"Lisensya!" malakas ang tinig ng enforcer.

"Ano hong violation ko?" namukhaan niya ito. Ito rin ang sumita sa kaniya noong nakaraan. Humigpit ang hawak niya sa manibela.

"Dikit-dikit, tayuan na naman ang mga pasahero n'yo!" pasinghal na sabi. "Saka, di ba, bawal na kayong bumiyahe rito?" Sinundan ng nakaiinis na halakhak.

Tinapak-tapakan niya ang silinyador at baha-bahagyang bumuga-buga ang tambutso.

"Hoy! Lisensya!"

Ikinambiyo niya nang paatras ang transmission, pinaangil-angil ang silinyador, at minaniobra pakanan ang manibela, pagawi sa gitna ng kalsada. Napaatras ang sumisita sa kaniya. Wala-sa-loob itong tumawid papunta sa kanilang post sa kabilang gilid ng kalsada.

"Hoy, gago! Lisensya mo! Sasamain kayo ke Tsip!"

Bigla niyang pinaangil ang makina at diniinan ang silinyador.

# *ROI YVES H. VILLADIEGO*

Nagtapos si Roi Yves H. Villadiego ng kursong BA Communication Arts, Major in Speech Communication sa UP Los Baños noong 2019. Sa apat na taon ng kaniyang pag-aaral, natutunan niya na ang pagsusulat ay isang lenteng nakapagpapaintindi ng mga problema sa lipunan. Naniniwala siyang darating ang panahon na ibabahagi niya ito at ang iba pa niyang natutunan sa pamamagitan ng pagtuturo.

# HR

Pumapatak ang oras sa noo ko. Dinig kong may mga bulong na sumasabay sa lagutok ng mga kompyuter. Ramdam ko ang pag-iisa sa hanay ng mga upuan.

“Mr. Adlawsinag,” tawag sa akin ng ulong dumungaw sa pinto ng conference room, “Please, come in.”

Nawala ang mga tinig. Di ko na muling naramdaman ang oras sa aking pag-upo ngunit patuloy na namamasa ang noo ko.

“Mr. Adlawsinag, we are glad to have you here today!”

“Talaga po ba? Hindi ‘yan ang narinig ko sa kanila,” sagot ko.

“Please, Sir, ‘wag na po nating palakihin pa ang issue.”

“Para sa inyo, gano’n na lang ho ‘yon? Labinlimang taong kabuhayan ng pamilya ko ‘to, Ser. Mawawala lang po?”

“Mr. Adlawsinag, I am pretty sure na magagamit mo ‘yang experience sa iyong susunod na job.”

“Ser, katatapos lang ng pandemya at bihira ang job opening. Kaya kung bibigyan n’yo sana ako ng pagkakataon, ipakita n’yo sana sa ‘kin ang bidyo ng CCTV. Nandoon ...”

"The sugar spillage was an accident under your watch, Mr. Adlawsinag. Ikaw pa rin po ang responsible do'n."

Nanikip ang aking mga kamao. Sa segundong pagitan, nakapagpigil ako dahil tumunog ang telepono.

"I'm really sorry, Mr. Adlawsinag. Let me just take this call," sabay tayo niya.

Malambing niyang binati ang kaniyang kausap ng "Hello, Mr. President! How are you, Sir?" Kasunod nito ang walang-katapusang "Yes."

Sa huling bati, giit niya, "Of course, I will do anything for your pleasure, Mr. President Lee." sabay baba ng telepono.

"I'm really sorry, Mr. Adlawsinag. Bilang konswelo, we would like to request you to submit your letter of resignation. Kung hindi man, Kola Drinks, Corp. will be forced to fire you."

Pinunasan ko ang basa kong mga mata at noo. Sa aking pag-abot, mabilis niyang kinuha ang papel at isinilid sa isang sobre.

"Thank you, Mr. Adlawsinag. We know that you'll do well in your next company," muling bati niya. Mabigat kong tinitigan pabalik ang ngiti niyang nakangingitngit. Naisip ko, may pagtugon sa mga nandudusta at hindi ako nag-iisa.

"Hindi pa ito ang huli nating pagkikita, Ser." At lumabas na ako.

Pansin ko, wala nang puwang ang mga upuan sa lobby. May mga mukhang di ko makilala ngunit lahat sila, may dalang mga papel. Bago ako makalabas ng HR, narinig ko ang huling hirit ni Ser.

"Good morning! Job interviews for Mr. Chen, Mr. Dy, and Mr. Chu? Yes, please come inside."

# UNOS

Nagising akong naririnig ang mga suntok ng ulan sa aming yero. Sinisipa rin ng mga dahon at sanga ang aming dingding na kahoy.

"Mama!" sigaw niya at itinuro ang pinto. Nakita kong unti-unting gumagapang ang tubig patungo sa aming paanan.

"Bing!" madali kong sinabi. Namutla siya habang kinukuha ko ang puting trapal sa papag. "Sige na, 'Nak, patulong na muna at baka ..."

"Opo, 'Nay, bibilisan ko po," sambit niya habang tinutulungan ako. Maging ako, takot ding marinig ang kasunod ng aking sasabihin.

"'Nak, pakihanap naman ang panali natin. Kukunin ko lang 'yong mga kailangan. Ipambabalot natin 'yang trapal."

Lumakad ako sa kusina at dama ko ang mga tulo sa aking braso, likod, at bunbunan. Madali kong kinuha ang mga sardinas, instant noodles, at iba pang makakayang dalhin. Sa malakas na pagpalakpak ng langit, nagdilim ang maliit naming mundo.

"'Nay, kailangan natin ng kandila!" sigaw niya.

"Dala ko, 'Nak! Nahanap mo na ba ang panali?"

"'Nay, mga susuotin na lang natin ang kulang, 'Nay!" Lumakas na

ang boses niya. Magkalapit na kami. Habang nangangapa ay inabot ko ang kandila at posporo sa kanya.

"Pakisindihan muna, 'Nak. Dalawa, ha, at kukunin ko sa kabinet ang mga damit natin."

"'Nay," pahikbi niyang sinabi, "Paano kung ..."

"'Nak ... Sige na, sindihan mo muna."

"Wala po bang sasagip sa 'tin, 'Nay?" Saka lumiwanag nang bahagya.

Hindi na ako nakasagot, maging ang puso ko'y lumulubog na rin sa pag-angat ng tubig. Natulala na lamang ako sa nailawang trapal na dala niya. Nakaimprenta rito ang isang mukha at sa itaas ay may mga salitang: *"TUDERDE, IBOTONG PRESIDENTE SA 2046!"*

Saka ko naalala ang pag-upo niya sa posisyon. Pagkakuha ng mga damit, pagalit akong sumagot kay Bing, "Basta, anak, alalahanin mo, Diyos lang ang hindi natutulog."

# Dula

# *LUNA SICAT CLETO*

Si Luna Sicat Cleto ay isang manunulat sa wikang Filipino. Lumabas ang koleksyon niya ng mga tula na *Bago Mo Ako Ipalaot* (High Chair) noong 2018. Siya rin ang pangunahing patnugot ng *Lapat: Antolohiya ng mga Kontemporaneong Kuwento*, (KWF at NCCA, 2020) at *Reading the Regions 2* (NCCA, 2021). Ang kaniyang mga dula, katha, sanaysay, at tula ay nagkamit ng mga pagkilala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards, Gawad CCP, at Madrigal-Gonzalez Prize for Best First Book. Noong 2018, pinarangalan siya ng Gawad Alagad ni Balagtas para sa Katha sa Filipino. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

# HUNI AT PAKPAK

HALAW SA "GINTO SA MAKILING"
NI MACARIO PINEDA

MGA TAUHAN

DORO$^{m}$, edad 40, kung magbihis ay disente at nasa ayos, gaya ng kanyang disposisyon.

DORO$^{b}$, edad 9, bibo, mausisa, maliksi; may sambalilo at nakakamisa't itinuping pantalon.

SANANG$^{m}$, edad 60; nakabestidang kulay abo o lupa, daster na halos basahan, may nakasabit na mga susi sa baywang, may kuwintas sa leeg; bakas sa mukha at katawan ang mga taon ng masikhay na trabaho.

SANANG$^{b}$, edad 18-20; nakabaro't saya na karaniwang damit ng mga taganayon; karaniwan ang ganda.

EDONG, edad 20-25, matikas, batak sa trabaho, may maamong mga mata.

KORO O MGA TINIG NG MGA TAONG KASAMA NINA SANANG O NI DORO NOON, hindi na mahalagang pangalanan at ibukod; sila ang palatandaan na ang dula ay nasa loob mismo ng kamalayan ni Sanang o Doro, bata man o matandang bersiyon.

LAKANDULA at MARIANG MAKILING, mga immortal.

SIETE KOLORES

TAGPUAN

Isang silid, isang gubat. Maaaring espasyo na nagpapahiwatig ng aklatan, mesang sulatan, kusina o tulugan. Malasapot ito, gaya ng bakas ng alaala sa utak nina SANANG$^{m}$ at DORO$^{m}$. Mahalagang wala ring katiyakan upang isagisag na ang espasyo ay tila isang manipis na telang naaaninag ang nakalipas at kinabukasan; ang kabundukan at ang lungsod ay tila nasa iisang lugar.

PANAHON

Ipinahihiwatig sa akda ni Pineda na pagkaraan ito ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ngunit nasa panlasa na ng direktor na hugutin ang panahon ayon sa kasalukuyan. Bilang karagdagang palatandaan ng panahon, may installation ng mga telebisyong iba't iba ang laki, na waring bundok na nasa kalagitnaan ng set. Lumilitaw ito kapag kinakailangan, tulad ng pagsasadiwa ng pagkasino ng tauhan sa konsepto ng *Kabulukan* at *Utopia*.

DORO$^{m}$

Naalala ko siya … ang aking Tiya Sanang. Naalala ko kung pa'no siyang naghintay.

*Pasok, SANANG$^{m}$.*
*Sari-saring gawain ang pinagkakaabalahan ni SANANG$^{m}$. Maaaring naghahalo ng kung ano sa kawa, may sinusulsi, may mga tinitiklop, may ginagantsilyo, at may pinipihit na itinimpla at ilalagay sa mga garapon.*

DORO$^{m}$

Sana'y tiniklop ko na muna ang mga librong aking pinagkakaabalahan.

SANANG$^{m}$

Mas masarap ba silang magkuwento kaysa sa akin?

DORO$^{m}$

Ha? Ano ka'mo, 'Nang?

SANANG[m]

Batang ‘to. Kangina ka pa tinatawag. Lumamig na tuloy ang sinigang. Ano ba ‘yang binabasa mo’t kanina ka pa nangingiti?

DORO[m]

Si Rizal, ‘Nang. ‘Yong binaril sa Bagumbayan.

SANANG[m]

A …

DORO[m]

Kinukuwento niya si Maria—‘yong sinabi n’yo noon na nagnanakaw ng mga binata.

SANANG[m]

Aba’y loko ‘tong batang ‘to, a. Gumagawa ka na ng kuwento. Wala akong sinasabing ganyan.

DORO[m]

Wala po ba? Mahigpit n’yong ibinilin na bantayan ko siya nang mabuti at huwag na huwag akong papayag na magpahatid na lang at iwan siya?

SANANG[m]

Sinabi ko ba ‘yon?

DORO[m]

Hindi n’yo na ba natatandaan? *(Lilitaw sa isang sulok si SANANG[b].)*

SANANG[b]

Bantayan mo ang Kuya Edong mo, ha? Huwag mong pababayaang nakawin ng mga dalaga.

SANANG[m]

Marahil … marahil nga.

DORO[m]

‘Nang, hindi ko naman po kayo pinagtatawanan, e. Alam ko pong mahal na mahal n’yo si Kuya Edong ko.

SANANG[m]

Ang damuhong batang ito. Baka gusto mo pang makatikim ng hataw.

*Dadamputin ni DORO[m] ang isang libro at babasahin. Mas mainam kung tila hinango lang niya sa ere ang "bagay" na parang totoong libro.*

DORO[m]

"Nakinig ako sa gitna ng katahimikan ng kakahuyan para mahagip ang kanyang malungkuting bagting. Naglamay ako nang magdamag sa gabi, inaabangang lumitaw ang kanyang perpektong aninong lumulutang sa hangin, at naaninagan ng liwanag ng buwan na sumusuyod sa makapal na buhok ng mga dahon. Wala akong nakita. Wala akong narinig."[1]

SANANG[m]

Wala akong nakita. Wala akong narinig.

DORO[m]

Maluwat na nga ang panahon, 'Nang. Pero pansin n'yo ba, ni hindi na natin napag-uusapan si Edong … At ni minsan, hindi n'yo nabanggit ang pangalan ng diwatang iyon.

SANANG[m]

Bakit pa? Anong saysay?

DORO[m]

Napagtitiyap ko lang po. Tila ang binabasa ko'y bakas na rin ng aktuwal na nangyari sa atin—wala tayong nakita, wala tayong narinig. Isipin n'yo kung paanong naunsyami ang ating kalayaan. Pero tila wala tayong natutunan.

SANANG[m]

Kakabasa mo, ihong, umiimpis ang iyong nalalaman at ulo mo'y nahahanginan.

DORO[m]

'Nang, binibiro ko lang kayo … *(Yayakapin ang tiyahin.)* Ako pa rin ito, ang inyong Kabise.

SANANG[m]

Siyanga? Hindi ka kaya nasasaniban ng kaluluwa ng yumao mong ama?

DORO[m]

Si Tatay ay naging lubhang mainipin at mainitin noong tumanda.

SANANG[m]

Siyanga! Kung hindi mo lang alam, Doro, napakasugid niya noon nang nililigawan pa ang nanay mo. Sibak dito, sibak doon. Kapag naghanap ang Ingkong ng gatas ng kalabaw, maghahanap na ‘yan ng inahing gagatasan. Kapag natakam naman si Impo ng pinakamalalaking sugpo, susuong siya sa mga sapa’t ilog para manghuli. Hindi na baleng mangulubot ang mga kamay sa pagkakababad o kaya’y maabutan ng ulan. Nilalabhan niya ang iyong lampin, Doro. Pinagtatawanan pa nga siya kapag sumasabay siya sa amin sa paglalaba. Kundangan lang na naging … *(Buntong-hininga.)*

*Pasok, DORO[b].*

DORO[b]

‘Tay, ito ba ay ginto rin, sabi ni Edong.

TINIG

Ang damuhong ito. Ginto ba ‘yan? Mga bato lang ‘yan.

DORO[b]

Ginto nga po, Tay! Hindi lamang po lahat. Iyon lang pong mga maliliit na kumikislap. Tingnan ninyo.

TINIG

Ay, oo nga. Tila nga ginto ang inuwi nitong si bubwit, a.

SANANG[m]

Nakakatuwa naman talaga ang mga bato—inipong butil ng panahon.

TINIG

Ginto nga! Ginto!

TINIG

Kung sabagay, kumpare, walang ginto sa mundong makatutumbas sa halaga ng ating mga anak.

TINIG

Pagka’t maaari ring sintigas ng bato ang ulo ng mga anak.

TINIG

At maaari ring ipukol sa atin ang mismong batong iyon para magtanda.

TINIG
Kung paghahati-hatian natin, yaman lang din na tayo'y magkakaharap …

TINIG
Ay, anong laking ginhawa!

KORO
Luluhod silang lahat!

TINIG
Ipagbili na at salapiin ang ginto! At salapi na ang paghahati-hatian!

KORO
Luluhod silang lahat!

TINIG
Akalain n'yo bang parang naengkanto 'yong ugok na 'yon. Akala ko po'y hihimatayin. Pihadong noon lang siya nakakita ng gintong gano'n karami.

SANANG[m]
Kung hindi lang nabulag ang ama mo.

DORO[m]
Nakalipas na po 'yon …

TINIG
E, di naengkanto na nga ang beho. Ang ginawa ko, sinilid ko ulit sa bayong. Para ba lalo siyang maglaway!

TINIG
At naglaway nga ang damuho.

TINIG
Itinanong kung sa'n namin nakuha. Ano 'ko, bugok na mapaglalangan?

TINIG
Walang labis, walang kulang.

TINIG
Ganyan ang bigat ng kasamaan.

TINIG
Sakto. Saktong-sakto lang.

TINIG
Porke ba ganito lang ang ayos ko'y kaya niya akong goyoin? Ano siya, sinusuwerte?

TINIG
Tatang, kung tayo po'y uurong ay magpapatuloy kami ni Takyo.

TINIG
Sana nakinig siya. Pero alam mo namang walang tainga ang mga bato.

DORO$^{b}$
'Tay, wag na po kaya tayong tumuloy?

DORO$^{m}$
Bakit ba hindi ko 'yon naisip? Parang tinahi ang lalamunan ko.

SANANG$^{m}$
Kung minsan, bato na talaga tayong dumating sa mundong ito. Matagal-tagal pa bago matibag at matuto, kung matututo.

*Patlang. Babalik ang panahon sa 1906, kung kailan nagbalik ang mga kasamahan ni EDONG sa bahay nina SANANG upang ihatid ang masamang balita.*

SANANG$^{b}$
*(Sa di makitang mga bisita.)* Sandali, hintay! Gusto kong malaman. Gusto kong malaman ang lahat!

*Titingin ang KORO sa isa't isa bago kay SANANG$^{b}$.*

TINIG
Oo. May karapatan siyang marinig ang lahat. Hindi makapipinsala.

TINIG
Ikaw na, Ading. *(Iiling ang tinukoy.)* Ikaw na, Kardo. *(Gayundin.)*

TINIG

*(Titikhim.)* Ikaw na, Pepe.

TINIG

Nakabili na kami ng Santo Kristo sa Paete.

SANANG$^{b}$

Saan?

*Ilalapit ng KORO ang pasalubong, tatanggalin ni SANANG$^{m}$ ang panyong nakataklob bago iabot kay SANANG$^{b}$, na hahalikan iyon na waring anak, at kakalungin ito.*

SANANG$^{b}$

Ituloy mo, Pepe.

TINIG

Masaya kami noong umagang iyon. Bitbit namin ang riple ng Amerikano. Nagtatawanan pa nga kami na baka makahuli kami ng baboy ramo. Si Edong ang pumipigil sa amin.

*Sa isang sulok ng tanghalan, naroon si EDONG. Sa buong pagsasalaysay, bibigkasin ni EDONG ang mga linyang tila may recreation ng mga pangyayari.*

EDONG

Baboy ramo ba ang pakay natin dito? Tinatakam na naman ba kayo? Huwag na natin hangarin.

TINIG

Magtatanghali na noon. Nakumbinsi niya kaming huwag nang ituloy ang pangangaso. Saka namin inasikaso ang paghahanap ng dapo.

EDONG

*(Tila pabulong, parang dasal.)* Mapuputi, hugis bituin na mga bulaklak. Ipinangako ko ito kay Sanang.

TINIG

Nakatagpo kami ng dapo sa tabi ng malalim na bangin … marami.

EDONG
Sasama po ba kayo?

TINIG
Hindi na, ihong ko. Kayo na lang at malalakas pa ang tuhod ninyo.

TINIG
Matarik ang inakyat namin.

TINIG
Halos sumabog na ang dibdib namin sa hingal.

EDONG
Ang doon po ninyo'y napakalayo na pala.

TINIG
Aba'y ganyan talaga kung nais mo ng kagandahan—paghihirapan mo.

EDONG
Sa wakas, nakarating din kami sa tuktok ng bangin. Napakatarik nito. Ngunit kaygaganda ng mga halaman. Hayun, tila malalaking ibong nakadapo ang mga bulaklak sa sanga ng kahoy!

TINIG
Kundi nga lang sa busilak na loob ni Edong ay ano bang lintik na dapong yan at mag-aabala pa kaming umakyat  dito sa bundok ng Makiling?

TINIG
Pero lalong sumigla si Edong nang makita ang mga bulaklak na iyon.

*May tila itinataling lubid ang KORO sa baywang ni EDONG, na tila paakyat na noon at pataas nang pataas.*

TINIG
Kaiingat lamang po tayo sa pag-akyat.

EDONG
Naku, may pugad pala. *(Tila may inaaninaw, may inaabot.)*

TINIG

Bakit, Edong?

EDONG

May pugad palang katabi 'yong huli kong inabot. Nalaglag 'yong inakay. Hayun, o, nakasabit. *(Sa mga ibon.)* Kaaawa-awa naman. (*Gamit ang pinigtal na sanga, tatangkaing abutin ang inakay.)*

TINIG

Akala namin ay kung ano na ang nangyari sa kanya.

TINIG

Sabi niya, kaawa-awa. Kaawa-awa at mamamatay lang doon ang inakay kung hindi kukunin.

SANANG[m]

Ipinasya niyang tulungan ang inakay na makaahon. Kahit na kinakabahan ang mga kasama para sa kanya, hindi siya natakot.

*Papanaog si EDONG para ibigay ang huling dapo sa mga kasama. Itatali muli nito ang lubid sa baywang. Itatali rin ng KORO ang kaugnay na lubid sa mga baging at sangang nasa gilid ng bangin para gawing mas ligtas. Mapapansin ni EDONG ang mukha ng mga kasama.*

EDONG

Kayo naman, heto nga't nakatali itong aking baywang. *(Iaangat muli ang sarili, aabutin ang pugad.)*

TINIG

Pero pag-abot na pag-abot niya ng pugad …

TINIG

… napigtal ang lubid …

TINIG

… at dere-deretso ang bagsak.

TINIG

Wala na kaming narinig kundi …

EDONG

*(Pabagsak.)* Inangkupo …

KORO

At nakabibinging katahimikan pagkaraan.

TINIG

Hinanap namin siya.

TINIG

Lumipas na po ang tatlong araw, pero wala kaming nakita …

TINIG

Kahit ang binagsakan ng kanyang katawan.

*Titingin ang KORO kay SANANG, waring humihingi ng paumanhin.*

KORO

Hinanap namin siya.

SANANG[b]

Pero bakit walang nakitang bangkay?

KORO

Hinanap namin siya.

SANANG[m]

Nasaan na siya?

KORO

Hinanap namin siya.

SANANG[b]

Kinain kaya ng mga hayop?

TINIG

Ewan ko po.

SANANG[m]

Walang makapagsabi.

TINIG

Walang hayop na maaaring kumain sa bangkay.

SANANG[b]

Magkagayunman, tiyak na may maiiwang labi.

TINIG

Pero wala po talaga kaming nakita.

SANANG[m]

Sabi nila'y baka kinuha ni Mariang Makiling.

TINIG

Siya ang nagpalibing.

SANANG[b]

Si Mariang Makiling!

KORO

Kinuha ni Mariang Makiling ang bangkay ni Edong dahil sa kanyang kabutihang-loob.

TINIG

Una'y sa baboy ramo …

TINIG

At ikalawa'y sa inakay na nalaglag.

EDONG

Ang lahat ng nilalang ay may buhay. Ang lahat ay mahalaga.

SANANG[b]

Noon pa man, laging mabuti ang kanyang loob. Kaya ko siya minahal.

SANANG[m]

Kaya ko siya hinintay. Hinintay nang apatnapung taon.

TINIG

Tila gayon na ang aming magiging sapantaha.

SANANG[m]

Wala silang natagpuan kahit isang balahibo ni Edong pagkaraan. Pero

nagpakita rin siya.

*Mapapakrus ang KORO. Nakatingin lang sa kanila si SANANG[m] at SANANG[b], na kalong ang santong pugot na parang anak.*

EDONG
Sanang, ano ka ba? Lingunin mo naman ako. Ako ito, si Edong.

SANANG[m]
Sigurado ka?

EDONG
Hindi pa ako magaling. Nakikita mo namang *(ituturo ang paang umiika.)* mayroon pa akong pinsalang hindi pa napagagaling ngunit gagaling din.

SANANG[m]
Saan ang pinsalang iyon, Edong?

EDONG
Ipinangako ko sa kanya na ako'y babalik.

SANANG[b]
Sinong *kanya*? Sinong *siya*?

EDONG
Wala siyang hinihinging kapalit. Kabilin-bilinan lang niyang bumalik ako.

SANANG[m]
Hindi pa man, hindi na ako ang tunay niyang kabiyak.

EDONG
Bayaan ko raw na siya na ang gumamot.

SANANG[b]
Bakit, wala bang mga manggagamot dito? Kung iyon lamang iyong sugat …

EDONG
Hindi mo nauunawaan, Sanang.

SANANG[m]

May pinsala na siya. Hindi nga lang sugat. At hindi nakikita ng karaniwang mata.

TINIG
Hiwa, gasgas, saksak.

TINIG
Sama-ng-loob, inipong buntong-hininga.

KORO
Walang sinisinong uri at kulay ng balat.

TINIG
Saksak, gasgas, hiwa.

TINIG
Sari-saring makawawakwak tulos, sibat, salita, pangako.

EDONG
Iniligtas niya ako. Pinagpala niya ako. Pero kailangan kong bumalik.

SANANG[b]
Sinong *siya*, Edong? Sinong *siya*?

TINIG
Siya, ang sugat.

TINIG
Siya, ang saksak.

KORO
Siya ang hilom at saksak. Bumubuti't nakasasama ang mga antak.

EDONG
Maibibigay mo kaya sa akin ang pagtitiwalang hindi maaaring magkaroon ng batik kailanman?

SANANG[b]
Ano bang mga salita iyon?

TINIG
Bigay?

TINIG
Tiwala?

TINIG
Batik?

TINIG
Kailanman?

TINIG
Mga bato rin ba sila?

EDONG
Sanang, isa siyang babae … isang Maria.

TINIG
Mga batong naipupukol?

EDONG
Huwag kang mangamba. Iniibig kita. Ikaw lamang.

TINIG
Mga batong naiaalay?

EDONG
Nguni't ako'y nangako. Magbabalik ako para pagalingin nang lubusan. Hindi ko matalikuran ang aking pangako, Sanang.

KORO
Mga batong iniiwan, Sanang … para pabayaan at kalimutan.

EDONG
Sanang, ang sasabihin ko sa iyo'y hindi dapat malaman ninuman. Isumpa mo.

SANANG[b]
Oo, isinusumpa ko.

SANANG[m]
Ewan ko, ewan ko. Bakit ba hindi ko ‘yon sinabi? Bakit oo lang at hindi?

SANANG[b]
Sino bang Maria iyon Edong? Ano ang kanyang anyo? Maganda ba siya?

EDONG
Sanang, nag-aalinlangan ka. Huwag. Huwag, mahal. Paniwalaan mo ako. Pagkatiwalaan mo ako.

SANANG[b]
Gusto ko lang malaman kung ano ang kanyang anyo. Hindi ako mawawalan ng tiwala.

EDONG
Sanang, hindi siya karaniwan. Siya si Mariang Makiling.

*Patlang. Maglalaho si EDONG at KORO.*

SANANG[m]
Matanong kita, Doro. Sa lahat ba ng binasa mo’y nasagot rin ba niyon ang mga katanungan mo?

DORO[m]
May iba po. Marami po ang hindi. Bakit po?

SANANG[m]
Tayo ba’y binabasa lang din ng kung sino?

DORO[m]
Lagi po tayong nagbabasa, ‘Nang. Kahit hindi libro.

SANANG[m]
Tayo ba’y itinakda lang ng kung sino? Pinupulot na waring bato at saka itinatapon?

*Hindi kikibo si DORO.*

SANANG[m]

Dati, madali kong nasasagot ang sarili kong mga tanong. Ang Maykapal ang nakakaalam. Ewan kung mahilig din siyang magbasa. Pero bakit pa siya magbabasa kung maalam na nga Siya? *(Matatawa si DORO.)* Ku, wag mo na nga akong pagpapansinin. Alam mo namang marunong lang akong bumasa't sumulat at bumilang nang kakarampot. Nag-uulyanin na lang ako siguro.

*Hindi kikibo si DORO.*

SANANG[m]

Itutuloy mo pa ba ang alok sa iyong mag-aral sa Amerika?

DORO[m]

Si Nanang … maiiwan ko ba kayo rito?

SANANG[m]

Kung sabagay … baka ako'y pabigat na lamang.

DORO[m]

Hindi kayo pabigat.

SANANG[m]

Ano nang nangyari sa dalagang iyong sinusulatan? Si … ano na nga bang pangalan?

DORO[m]

Iba na po ang kanyang sinusulatan.

SANANG[m]

Hindi ko man lang siya nakilala.

DORO[m]

Huwag n'yo nang panghinayangan ang mga pagtatagpong hindi magaganap.

SANANG[m]

Bakit, ihong ko? Bakit hindi magaganap?

DORO$^{m}$
Hindi po kami para sa isa't isa. Kinasal na nga po siya noong isang taon pa. Pinadalhan nga po ako ng imbitasyon.

SANANG$^{m}$
Mabuti ka pa nga, may nasulatan.

DORO$^{m}$
Nanang ...

SANANG$^{m}$
Kung minsan, hindi ko maiwasang hindi mainggit sa ibang umiibig. O umibig. *(Patlang. Ilalayo ang mukha.)* Pakiabot nga 'yon.

DORO$^{m}$
Alin po?

SANANG$^{m}$
'Yon.

*Iaabot ni DORO$^{m}$ ang santo. Kakalungin ito ng matandang Sanang. Pugot ang ulo nito.*

SANANG$^{m}$
Hano, buhay ka pa, ano? Mabuti't nasagip ka, kundi'y ...

DORO$^{m}$
Kundi'y natupok na siguro iyan nang sinunog ng mga Hapon ang bahay natin. Mabuti't naisama natin siya noong tayo'y naglipat.

SANANG$^{m}$
Sayang ang mga halaman kong naiwan. Sayang ang mga alaga nating hayop. Ang dami ko pa namang naitanim. 'Yong mga itlog ng mga manok, 'yong mga baboy, at 'yong inalagaang mga dapo. *(Magkakatinginan sila ni EDONG, mangingiti.)*

EDONG
Alam mo, Sanang, parang mga mumunting bituin ang hugis ng mga bulaklak na 'yon. Kaygandang tingnan, lalo na kapag malapit sa bintana ninyo.

SANANG$^{m}$
Ayaw ko naman talaga ng dapo. Nangingilabot na ako sa halimuyak nito.

DORO$^{m}$
Bakit naman po?

SANANG$^{m}$
Amoy-patay.

DORO
E, ano po ba talaga ang gusto n'yong iuwi niya noon.

SANANG$^{m}$
Siya ... wala nang iba.

DORO$^{m}$
E, di sana po pala, 'yon na lang ang inyong hiniling.

EDONG
Hindi naman mapanganib. Madali lang matagpuan ang mga dapo roon.

TINIG
Edong, tara na. Lalakad na tayo.

EDONG
Uuwian ko kayo ng kuwintas ni Mariang Makiling, ha?

TINIG
Tara na, Edong. Nakalulan na ang bigas.

EDONG
Aalis na kami, Sanang.

SANANG$^{b}$ at SANANG$^{m}$
*(Mahina.)* Samahan kayo ng Poong Diyos.

*Tatalikod ang binata at itutuloy ni SANANG$^{b}$ ang pagbibistay.*

TINIG
Bakit ni hindi mo man lang siya nilingon?

KORO

Parang hangin lang ang mga minamahal ng lihim.

TINIG

At pati kami'y hindi man lang tanawin … Samantalang …

KORO

… kinakausap siya.

*Iaangat ni SANANG[b] ang mukha. Umiiyak ito. Ipapahid nito ang mukha sa manggas ng damit niya. Medyo matatawa si SANANG[m] sa sarili. Papasok sa bigasan ang isang bata, si DORO[b].*

DORO[b]

Nana Sanang! Nana Sanang!

*Bibitiwan ni SANANG[b] ang bistay at aasikasuhin ang marungis na mukha ng pamangkin. Nagtutong na ang uhog nito sa mukha.*

SANANG[b]

Bakit, Doro? Napa'no ka?

DORO[b]

Gusto po akong isama ni Edong, e, ayaw ni Ina.

SANANG[b]

Ayaw pala, e. Talagang gano'n. Kung ayaw ng inay mo ay wala tayong magagawa. Bayaan mo't sa uli-uli …

DORO[b]

*(Hindi na pinatapos ang sasabihin ni SANANGb.)* Sa uli-uli … puro na lang sa uli-uli na …

SANANG[b]

Ako ang kakausap sa Nanang mo sa susunod. Pangako.

*Mukhang napaamo na muli ang bata at magpapaalam.*

DORO[b]

Sa uli-uli …

SANANG[m], sabay kay DORO[b]
Sa uli-uli … puro na lang sa uli-uli na.

*(Mapapansing nagitla ang pamangkin sa kanyang sinabi.)*

SANANG[m]
Ay, ano ka ba, Doro. Ganyan lang ang tumatanda. Wala na kaming pakialam. Pagbigyan mo na ang tiyahin mo. Ang tiyahin mong ang laging kausap ay hangin. Ang tiyahin mong naghihintay sa hangin. *(Patlang.)* Hindi ka pa kakain? Nagugutom na ako.

DORO[m]
A, gano'n po ba. Tayo na, sasabayan ko na kayo.

*Uupo ang magtiyahin sa mesa. Mapapansing madalang na madalang lang ang subo ng matandang babae. Si DORO[m] ay gayundin. Kaharap pa rin niya ang libro.*

DORO[m]
Ritwal ko ba 'yon? Ang magkunwaring naroroon pero wala? Ang magbasa sa halip na makinig? Nanang, pasensya na kayo't hindi ko kayo narinig.

SANANG[m]
Hindi naman talaga kita naririnig.

DORO[m]
Nanang, pasensya na po't hindi ko nakuha ang ibig ninyong sabihin.

TINIG
Wala ako riyan, Doro. Naroon na ako sa dako pa roon.

*May papasok, ililigpit ang mga pinagkainan. Tatayo si SANANG[m].*

SANANG[m]
Magpapahinga na ako, Doro.

*Tatango ang matandang Doro. Ihahatid ng mga mata niya ang tiyahin, na papasok sa pinto at makikitang hihiga na sa katre. Bago tuluyang makahiga, kinakapa't sinasalat ng tiyahin ang mga gatla sa pader.*

DORO$^m$
Alam kong sinasalat niya 'yon … gabi-gabi. Mga baklad iyon na nag-iipon ng kanyang mga gunita. Doon sa mga gatlang iyon masasalat ang kanyang buhay.

*Papasok si DORO$^m$ sa silid ng tiyahin at pagmamasdan ang natutulog nitong anyo. Yuyukod para alisin ang ilang hibla ng buhok na nakaharang sa mukha. Makikitang hindi siya nag-iisa sa silid. May babae, nakatalikod. Pamilyar—siya si MARIANG MAKILING.*

DORO$^m$
Maria? *(Maririnig ng babae ang tanong, ngunit hindi haharap.)* Maniniwala kaya sila kung sasabihin kong nakita ko siya't nakaharap?

*Mahalagang tala sa tinig ni MARIA, na parang lagi itong may alingawngaw o reverb.*

MARIANG MAKILING
Kapag naniwala na tayong nalulunod ang mga sirena sa baso ng tubig ay bakasakali.

DORO$^m$
Ilang beses ko na kayong ibig ikuwento, sabik na sabik akong ikuwento kayo, ngunit lagi akong nagdadalawang-isip.

MARIANG MAKILING
Bakit naman?

DORO$^m$
Hinukot kaming hindi na magtiwala sa mga haka at uriratin lagi ang mga pinanggalingan. Sapot po ang mga kuwento. Kaygandang pagmasdan ng mga sapot na naaaninagan ng araw. Pero kapag sinubukang hawakan, nasisira. Kayrurupok ng mga sinulid.

*(Matatawa si MARIA.)*

MARIANG MAKILING
Kaygaling mo na ngang humabi ng mga sapot. Ikaw pa ba ang musmos na nakilala ko noon?

DORO[m]
Ako pa rin po ito.

MARIANG MAKILING
Di yata? Ang panahon, ihong ko, ay mahiwaga kung magbilang at umusad. Sa bawat ikapitong taon na nadaragdag, nasasalinan ang tao ng panibagong mga bahagi para iwaksi ang mga pinaglumaan. *(Iikutan si DORO, na parang nanghaharot.)* Ikaw ba talaga 'yan? Anong patunay?

DORO[m]
Ano nga ba ang patunay?

*(Aalis si MARIANG MAKILING na parang hangin.)*

*(Dilim, magbabago ang TAGPUAN.)*

*Tunog ng sapang rumaragasa. Ang dating blangkong espasyo ay magkakaroon ng hiwatig ng katre, krusipiho, at pader na inuukitan ng apatnapung mga linyang gatla ng bilang ng mga taon na hinihintay ni SANANG para makapiling ang minamahal niyang si EDONG. May anino sa background na sa biglang tingin ay parang bulubundukin, ngunit unti-unting magiging tumpok ng mga telebisyong patong-patong. Magsisilbi iyong biswal na paalala na patapos na ang panahon at nang-uusig ito. Mahinahon lang at hindi nakaaalarma ang tunog ng sapang rumaragasa. Ngunit unti-unti itong matatabunan ng tunog ng lungsod na gumigising sa isang umaga sa kasalukuyan. Trapiko, hugong ng mga bus, kotse, at maaaring MRT, awayan sa kabilang bahay, mga yabag at bagsak ng pinto, at doorbell. Katahimikan.*

*Lilihis ang liwanag kay SANANG[m] na nasa tapat ng bintana.*

TINIG
Posibleng napansin niya ang hangin. At naakit siya sa paanyaya nito.

SANANG[m]
Naiwan ko palang nakabukas? *(May sisilipin.)* Makapaglaba kaya? Ngayon lang umaraw.

TINIG

Kaya pa ba ng iyong balakang?

SANANG$^{m}$
Ipakabit ko kaya ang mga kurtina? Sayang ang hangin … maganda ang pagkatuyo ng labadang tinuyo sa banayad na hangin. *(Mapapaurong sa naramdamang sakit sa katawan.)* Hindi na siguro. Bukas na. May natiklop naman. Ang mahalaga'y handa ako. Basta't maaliwalas. Kaaya-aya. Mabango.

TINIG
Mabango ba ang pustiso? Kaaya-aya ba ang lawlaw na suso?

TINIG
Anuman ang ganda ng bulaklak na pinitas, nalalanta pa rin at itinatapon.

TINIG
Kapalit ng katapatan ang dugong dumadaloy roon …

KORO
… na kalauna'y nasasaid, namamaalam.

*Maghahalakhakan ang KORO at parang nauulinig ni SANANGm ang tunog na iyon, ngunit ayaw pansinin.*

SANANG$^{m}$
Bakasakali … bakasakali. Ayaw ko nang lumayo pa siya. Masyado nang matagal. Hindi na siya makakauwi. Hindi na lalayo. Liban na lang kung isasama niya ako. Oo, Edong, nariyan na. Matagal na. Masyado nang … matagal.

EDONG
Mag-uuwi ako ng dapo. Paborito mo 'yon. Kaygandang tingnan, lalo na kapag malapit sa bintana n'yo.

SANANG$^{m}$
Sasabihin mo pa kaya ulit 'yan, Edong? Na maganda pa rin ako?

EDONG
Hindi naman mapanganib, Sanang. Madali lang matagpuan ang mga dapo roon.

SANANG[m]
Bakit ba hindi ko man lang siya nilingon?

EDONG
Ipinakiusap ko. Sinabi kong hindi ko maaatim na manirahan doon nang hindi ka kasama. Sinabi kong walang-halaga ang langit kung wala ka. Kaya lang, ang sabi niya …

MARIANG MAKILING
Huwag mong ipapahamak sa salita ang mga dakila at banal na bagay.

SANANG[b]
Ano bang dakila at banal na bagay iyon, Edong?

SANANG[m]
Ano ba ang dakila at banal? *(Tila mabibigatan sa suot na kuwintas, halos padabog iyong huhubarin sa leeg.)* Ang ginto, kahit na lantay, amoy tae pa rin. *(Patlang.)* Akala niya siguro, sa kanila lang hindi minamahalaga ang ginto. Aba, aanhin ko naman ang limpak na ginto kung wala siya sa piling ko?

TINIG
Bayaan mo't darating siya. Huwag mong pakaalalahanin.

SANANG[m]
Sana, nandito ka. Balisa ang loob ko. Saksi ka sa aking paghihintay, sa maluwat kong pag-aabang. Ang isang buwan noon ay naging sampu, ang sampung taon ay naging dalawampu.

TINIG
At ngayon, mag-aapatnapung taon na.

SANANG[m]
Pero parang ako na lang ang nagbibilang. Ako na lang ang nakakaalala. Masyado na. Masyado nang maluwat.

TINIG
*(Papahiran nito ng apog ang dulo ng dila ni SANANG.)* Hmm … May awa ang Diyos. Huwag mong ipag-alala.

TINIG

Huwag na huwag mong ipag-alala.

SANANG$^m$
Marami nang nawala. Marami nang hindi nananalig. *(Sa sarili, sabay tingin sa krusipiho.)* Para saan ba 'yang kahoy na 'yan? Ano bang kahulugan ng bundok na 'yan?

TINIG
Maligo ka, Sanang.

TINIG
Kulang ka lang sa ligo.

TINIG
Ay, init na katakot-takot 'yan.

SANANG$^m$
Matagal na akong hindi nakaliligo nang mag-isa. Hindi na mahalaga sa akin ang aking amoy … magmula nang madulas ako sa banyo. Heto, punas-punas na lang, pulbos-pulbos, laging nag-aanlaw. *(Mangingiti.)* Parang ambon lang sa lupang kaytagal nang tuyot.

TINIG
Dahil wala namang umaamoy.

TINIG
Dahil wala nang amoy.

TINIG
Dahil nalulunod na rin sila sa kanilang mga amoy …

*May pipihitin si SANANG$^m$, parang telebisyon—balita. May sinasabi ang announcer tungkol sa sangsang ng mga imburnal. Tungkol sa sangsang ng mga bangkay na hindi na kinuha mula sa funeral parlor. Tungkol sa mga pamamaril, panloloob, kidnapping, nasabat ng droga, atbp. Baho ng eskandalo ng eleksyon, kabit ng pulitiko, atbp. Maaaring pagsalit-salitan na parang binabago lang ni Sanang ang mga channel. Sandaling makikinig si SANANG$^m$. Hihinaan ang volume ng telebisyon hanggang sa maging parang estatikong bulong iyon.*

SANANG$^m$

Hindi mo na nga naabutan ang ganitong kahon, ang ganitong mga bundok. Nagsasalita ito. Kumakanta. Umiilaw. Mas malaki at mas manipis, mas mahal. Makulay. Mas matingkad pa sa nakikita ng mata. Minsan, parang inaaninaw ang iyong nakalipas. Minsan, salamin. Minsan, parang pintong nag-aanyaya. Halika, pumasok ka sa loob. Oo, kaya nga ayaw kong manood. Si Doro lang naman itong nagpilit na bumili. Para raw malibang ako. Ang hindi niya alam, binubuksan ko lang ito para magkaroon ng kaunting ingay. 'Yong parang hugong. Iyon … naririnig mo ba? *(Lalakas ang volume, maririnig ang pekeng tawanan.)* Hinahanap-hanap ko rin kung minsan ang tunog ng mga tao. *(Canned laughter, puwedeng tunog ng mga TV show. Magiging anasan ng mga tao, parang nasa palengke, parang naghuhuntahan, parang nasa mall na maingay na maingay.)* Gaya ng tindahan natin dati. *(Mapapatingin si SANANG sa ANINO sa gitna.)* Edong, ikaw ba 'yan?

EDONG

Baboy ramo ba ang pakay natin dito? Kailangan ba? Huwag na nating hangarin.

SANANG[m]

Sa totoo lang, Edong, hindi ko rin naman gusto ang lasa ng baboy ramo. Nalalasahan ko ang dugo, ang paglansi, ang wakwak ng laman, alam mo 'yon? *(Patlang.)* Mas ibig ko pang kainin ang isda. Natatandaan mo pa ba ang sinigang na niluto ko para sa iyo? Oo, gusto mo lang pasalubungan sina Tatang. Ganyan ka namang talaga. Lagi mong inuuna ang kaluguran ng iba.

TINIG

'Yang si Edong, ni ayaw niyang manggilit ng manok. Hindi niya maatim.

TINIG

Kung ano ang takot niya na makasakit, siya rin namang tapang niya upang mapaligaya ka, Sanang.

TINIG

Matarik ang inakyat namin. Doon sa itaas niya nakita … 'yong mga kuwintas ng dapo. Nakangiti, nag-aanyaya … sa may bangin.

EDONG

Naku, may pugad pala!

SANANG[m]
Huwag!

EDONG
Kawawa naman. (*Boses ni EDONG, tila pabagsak, paalingawngaw)* Nangkapo …

TINIG
Hinanap po namin siya, tatlong araw, walang-palya. Pero wala kaming katawang natagpuan. Wala raw hayop na maaaring kumain ng bangkay.

SANANG[m]
Ha? Hayop, a? Baka diwata. *(Mapapailing. Makikita ang mga gatla sa pader, ang dausdos ng buhangin sa tumpok ng mga telebisyong nang-uusig.)* Oo, tinatawag kita. Bakit hindi ka magpakita? Bakit? Ibalik mo na siya sa akin … Ano pa ba ang kailangan naming patunayan?

*Tatanggalin ng isang ANINO ang nakabalabal sa mukha—si MARIANG MAKILING.*

SANANG[m]
Malupit ka. Hindi ka mapagparaya. Mapagkunwari.

EDONG
Nais po namin ni Sanang na magsama na rito, kung inyong mamarapatin.

SANANG[m]
Bakit ka ba nakiusap sa kanya?



EDONG
Tiwala akong magugustuhan ka niya, Sanang. Dahil kung mayroon mang dapat na naroon, ikaw iyon. Ikaw na mabait, maganda, at malinis ang kalooban.

SANANG[m]
Marami nang nagbago sa akin, Edong. Hindi na ako ang mabait at magandang Sanang na dati mong kilala.

EDONG

Tiningnan niya ako, Sanang. Matagal. Matagal bago siya nakasagot.

SANANG$^{m}$
Dahil wala siyang balak na sagutin ang iyong kahilingan.

EDONG
Gusto kong makasama kita roon.

SANANG$^{m}$
Hindi niya hahayaang magsama tayo. Sakim siya, gaya ng karaniwan.

TINIG
Init na katakot-takot lang ‘yan, Sanang.

TINIG
Idaan mo sa ligo.

TINIG
Mawawala rin.

MARIANG MAKILING
Dinaramdam ko, Edong. Hindi maaari ang gayon. Hindi ko nais pakialaman ang buhay. Ang Makiling ay ukol lamang sa mga piniling makaraos sa kani-kanilang tungkulin sa buhay. Si Sanang mo’y kailangang makilala ang buhay. Wala akong karapatan …

SANANG$^{m}$
Pinagpartehan namin ang gintong ibinigay ng iyong kaibigan. Nagkaroon ng ipon, nagkaroon ng ginhawa. Nagkaroon ng tindahan … pero ang panahon ko pala ang nakasangla.

EDONG
Gano’n pala kung mag-isip ang diwata, Sanang. Parang siya ang bumalikat sa malalim kong kalungkutan. Tila nakikiramay siya, nadarama niya ang bigat ng mga salitang binitiwan niya.

SANANG$^{m}$
Edong, wala nang mas bibigat pa sa salitang ikaw na mismo ang nagsabi.

EDONG
Paalam, Mahal.

*Tutunog ang cellphone. Kukunin ito ni SANANG.*

SANANG[m]
O? Nakaalis ka na? Aha … Oo, oo. A, kanina pa. Oo. Hmm … *(Maiiksi, mas mabagsik.)* Oo na. Sige na. May gagawin pa ako. Oo. Oo. Oo. *(Buntong-hininga.)* Ano ako, paslit? Alam ko naman ‘yong mga ibinibilin niya. Sinaing, bayad sa magdadala ng tubig, resibo, susi, ulam, load. Teka, nasaan na nga ba ‘yong …

*May kakalkalin. Hindi makita. Kalkal pa ulit. Nasa ilalim pala ng unan ang “sinturon” na gawa sa mga susi. Isusukbit niya iyon sa baywang. Ang kilos niya’y parang katulad ng ginagawa ni EDONG kanina nang umaakyat at sinusungkit ang mga inakay.*

SANANG[m]
Para na rin akong langgam. Walang-tigil sa paggapang, may laging inaamoy, sumisinghap-sumisinghot tungo sa isang landas mula sa gilid ng mga pinggan patungo sa ilalim ng mesa … Tumatawid, bumabagtas … mula sa mga bagay tungo sa mainit na katawan, mula sa aking paanan, langgam, mula hinlalaki hanggang hintuturo, langgam, pataas sa binti, langgam, bumubunggo-bunggo, langgam, sa singit-singit ng mga bitak-bitak ng laman, langgam, hanggang sa makarating sa mga butakang pinagpapatungan ko ng tela, langgam, lumang magasin, langgam, sobreng may sari-saring laki, langgam, sari-saring denominasyon ng pera, langgam, sari-saring engkarnasyon ng barya … Resibo, langgam, listahan ng pautang, langgam, aakyat, ang mga langgam, sa pader na puti, langgam, para maglaho sa kawalan, tungo sa katubigang nasasamid na sa mga inilistang salita at alaala ng tubig.



SANANG[m]
Edong, napakaluwat na, Edong. Napakatagal na.

DORO[m]
Hindi ko na matandaan ang landas pabalik. Inakala ko noon na lagi ko iyong maaalala. Pagkat lagi, sa mga pinakamalalalim kong mga panaginip, tinutugpa namin muli ni Kuya Edong ang landas patungo roon sa mahiwagang lupain na iyon.

*Patalon-talon si DORO[b] habang naglalakad at naaliw si EDONG sa kanyang sigla.*

DORO[b]
Mabuti't pinayagan ako ni Ina, ano? Mangyari'y pumayag si Ingkong. At gayundin si Nanang …

EDONG
Ano bang ipinagbilin ng Nana Sanang mo sa iyo?

DORO[b]
Bantayan daw kita. Huwag daw akong lalayo sa iyo. Huwag daw akong papayag na ihahatid lamang ng ibang tao at maiiwan ka. At huwag ko raw sasabihin sa 'yo …

EDONG
E, bakit mo sinabi?

DORO[b]
Itinatanong mo kasi, e.

*Ibubunsod na ni EDONG ang bangka at aayusin ang pagkakaupo ni DORO[b] sa harap niya.*

EDONG
Huwag kang malikot, ha? Baka tumaob tayo.

DORO[b]
Hindi ako maglilikot, Edong.

DORO[m]
*"Hindi ako maglilikot, Edong."* Tutuparin ko 'yon. Aba, ang hirap pala. Nang magtagal, nangangawit na ako.

EDONG
Matulog ka muna. Hindi kita iiwan.

DORO[m]
Naidlip ako hanggang sa mawala ang init ng katanghalian. Dumidilim na. Hanggang sa sumipot sa abot-tingin ang hugis ng bundok Makiling. At pagkakitang-pagkakita ni Edong sa bundok, parang nakauwi na siya.

*Maglalakad sina EDONG at DORO[b], tila paahon. Nakaharap na sila sa bundok Makiling. Mag-uumaga na.*

DORO[m]

Hindi ko makakalimutan ang bundok na iyon. Tila sinasakop nito ang langit. Nagdudulot ito ng kamalayan ng sariling kaliitan at kawalang-lakas sa harap ng Lumikha.

*Hihilahin ni EDONG ang bangka at idaraong. Tatakpan niya ito ng mga dahon ng niyog. Papasok sila sa isang bulaos at may matatagpuan silang kapatagan doon.*

EDONG

Narito na tayo, Doro.

DORO[b]

Narito na ba ang mga dalagang nagnanakaw ng mga binata? *(Matatawa si EDONG sa tanong ng musmos.)*

*Pasok, MARIANG MAKILING.*

SANANG[m]

Lumilitaw ang bundok na iyon, Edong, sa aking panaginip. Sa bawat akyat, nakababalik ako. O sa inaakala ko. Nagigising ang aking kaluluwa sa katre. Umuuwing hungkag, nag-iisa, hindi maalala ang mga nakita, naamoy, natikman, at naramdaman.

MARIANG MAKILING

Maligayang pagdating sa Bundok ng Pagkalimot, Sanang, kung saan ang bawat hakbang paakyat ay hakbang din pababa. At ang bawat lingon sa hinaharap ay lingon lamang sa nakaraan. Mamili ka, Sanang, nais mo ba ng taluktok na walang-hanggan na may ulap ng pagkalimot o talampas na umaalingawngaw na lang ang tinig ng nakaraan?



SANANG[m]

Kilala ko siya, Edong. Kilalang-kilala ko na waring anino ko lamang.

*Makakasalubong nina EDONG at DORO[b] si LAKANDULA. Mahalagang tala sa tinig ni LAKANDULA ay buo ito at waring may palaso kung magbitiw ng*

*salita.*

LAKANDULA
Ano, Edong? Mabuti't nagbalik ka rito. Akala ko'y hindi ka na babalik.

EDONG
Ipinangako ko po kay Aling Maria.

DORO[m]
Nagtataka ako noon kung bakit pino-po ng Edong ang kausap nitong lalaki, gayong hindi naman nalalayo ang edad nito sa kanya.

LAKANDULA
Sino ang batang ito, Edong? Ano ang pangalan mo 'Ato?

*Hindi kikibo si DORO[b].*

LAKANDULA
Anong pangalan mo 'Ato? Wala ka bang pangalan?

DORO[b]
Doro po.

DORO[m]
Wala akong kamalay-malay kung sino siya. Tinanong niya ang pangalan ko pero hindi naman siya nagpakilala.

EDONG
Hindi po kaya masama ang ginawa kong pagsama sa kanya?

LAKANDULA
Hindi. Kung masama'y paano mo natalunton ang landas?

EDONG
Sabi po ni Maria'y huwag akong magsasama ng ibang tao.

LAKANDULA
Oo, ibang tao. Iyong may sapat nang isip. Ngunit siya'y isang musmos. Isang musmos sa bayan ng mga musmos. Ano ang magiging masama kung dumalaw ang isang musmos sa kapwa musmos niya, Edong?

DORO[m]
Isang musmos sa bayan ng mga musmos? Naloloko na ba ang matandang ito?

LAKANDULA
Wagas at totoo ang puso ng musmos. May katapatan, pananalig. Ang payak na pagmamahal sa kapwa. Lahat ng maganda't dakila. Lahat ng damdaming walang-balatkayo, may puso sa bawat kinapal. Maaari lang manahan iyon sa puso ng isang musmos.

EDONG
Dinaramdam ko pong hindi ko naunawaan kaagad.

LAKANDULA
Nanggagaling sa puso mong musmos ang pasya mong kunin ang inakay na nalaglag sa pugad. Bakit mo sasagipin? Inakay lang iyon, wika nga nila. Ngunit sa puso mo, buhay itong mamamatay nang sukat at walang magiging katuturan … *(Kay DORO[b].)* Dumito ka na, hane? Halina, Edong, tiyak na napapagal na kayo't kailangang magpahinga.

DORO[m]
Noong gabing iyon, antok na antok ako. Ang huli kong natatandaa'y ang sinabi ng lalaki na …

LAKANDULA
Palibhasa'y panatag ang kalooban ng musmos kaya walang agam-agam. *(Makakatulog na si DORO[b].)*

*Mula sa sahig, tila umaahon si SANANG na mukhang nanggaling siya sa tubig. Basang-basa ang kanyang buhok. Napaliligiran siya ng KORO. Sa isang sulok, naroon si MARIANG MAKILING.*



SANANG[m]
Sa ikapitong panaginip, nakita ko ang dalagang may buhok na lampas-paa. Umaabot ang buhok niya sa tubig. Naglalawa ito. *(Kay MARIANG MAKILING.)* Nasaan si Edong?

MARIANG MAKILING
Kailangan mong pag-aralan ang pagkawala ng sarili.

SANANG[m]
Nasaan si Edong?

MARIANG MAKILING
Kailangan mong paramihin ang sarili.

SANANG[m]
Marami sila noon na nagkukumpulan sa amin. Naaamoy ang mina ng ginto.

TINIG
May gatas po ba kayo? Buntis ang aking asawa.

TINIG
Naputulan po kami.

TINIG
Paalis na po sana siya kaya lang may hinihingi pa ang agency.

TINIG
Nakasangla na po ang bahay.

SANANG[m]
Sabihin mo nga sa akin, Diwatang Maalam, ano ba ang nasa mukha ko at ako na lang ang kanilang nilalapitan?

TINIG
Wala na po kaming mauutangan.

KORO
Nakasangla na po.

TINIG
Wala na po kaming malalapitan.

KORO
Nakasangla na po.

TINIG
Wala na po kaming makakapitan.

KORO
Nakasangla na po. Amen.

MARIANG MAKILING

Isinilang kang nakakuyom ang palad. Nakapikit. Ilang taon ba ang lilipas bago mo naibukas ang palad? Kangino mo natutunang ikuyom ito? Ilang taon bago ka tunay na nakakakita? Binuksan ni Edong ang iyong mga palad at may kumawalang paruparo. Naaalala mo ba, Sanang?

SANANG[b]

Sinong makalilimot? Siya ang pinakabusilak na taong nakilala ko.

MARIANG MAKILING

Siyang tunay, Sanang.

*Pasok, DORO[b], LAKANDULA, at EDONG.*

EDONG

Talagang hindi ko na nais mamuhay sa kahit saan pa kung hindi rin lang dito.

DORO[m]

Bakit kay-aamo ng mga hayop, lalo na ang mga ibon?

LAKANDULA

Kailanma'y walang umangkin sa Makiling. Dito, hinahati ang lahat. *(Mapapansin si DORO[b] na nakamulagat sa paligid.)* Bihirang kinapal ang hindi nagagayuma sa pook na ito.

DORO[m]

Bakit kahit na nagsasaka sila'y tila marami pa silang panahon para maghunta, humabi, gumawa ng kakanin, magkantahan, gumuhit, at maglaro?



TINIG

Ang kakainin ng isa'y ipakikihati … nang walang agam-agam. Ang isang kabang palay na hiniram sa tag-ulan ay isang kabang palay ring isasauli sa tag-araw.

KORO

Hinahati namin ang lahat, lalo na sa mga nangangailangan.

TINIG

Kung mayroon mang patubo, ito'y ibabalik bilang puto, bungang-kahoy, ngiti. Pasasalamat.

KORO
Lahat nakakainom. Lahat nakakakain. Lahat nabubusog. Walang nabubundat.

TINIG
Kung nasira ng hangin ang isang tahanan, darating nang kusa ang tutulong. Walang-kapalit.

TINIG
Walang punong nagmamatayog. Walang namimili ng kaibigan o kaanak.

KORO
Ang lahat ay sapat. Walang labis, walang kulang.

TINIG
Walang mga salitaang hindi maaaring ihayag sa lahat. Pagkat para kaming iisa.

TINIG
Walang bulungan. Walang dunungan. Walang gulangan.

KORO
Aanhin namin ang ginto?

TINIG
Hayag at tapat ang bawat ngiti.

KORO
Aanhin namin ang ginto?

TINIG
Humahalakhak sa katuwaan at walang paimbabaw.

TINIG
Panatag na panatag kami sa gayong pamumuhay; kakain kapag nagugutom, gagawa kapag may gawain. Ang pagtunganga ay hindi naman tinitingnan na masama. Ang pangangarap ay isang karapatan.

KORO

'Yan ang aming kumot. 'Yan ang aming panaginip. 'Yan ang aming pinangarap. 'Yan ang aming langit. At kami rin iyon.

DORO[m]

Mapusyaw ang langit sa atin at wala nang luntian na dala ng pagluluksa ng kapaligiran. Lumilitaw ang lungsod bilang lupa ng pangako. Pinupuntahan sa pag-aakalang makababangon. Magigising. Aalis at lilipad. Babalik. Mapapansin ang kahirapan, ang basura, ang gobyerno. Aalis muli, susubukang makatakas, susubukang maitakas ang mga minamahal. *(Patlang.)* Doon … Ay, doon. Lahat ay mas makulay, tila mas luntian. Wala pa akong nakikitang langit na gano'n kaasul na waring naikukulob sa holen.

DORO[b]

Teka. *(Kay EDONG.)* Papaano nakarating ang mga tao rito, Edong? Paano nila ito natagpuan sa gubat? Naligaw ba sila? Naligaw ka ba?

LAKANDULA

Hindi siya naligaw sa gubat, 'Ato. Nakauwi siya.

DORO[b]

Kilala po ba ninyo silang lahat?

LAKANDULA

Kilalang-kilala ko sila, 'Ato. Dahil kinilala muna namin sila bago sila nakarating. Nakikita mo ba ang magsasakang iyon? *(Tatango si DORO[b].)* Matagal na siyang nakikisama sa lupa. Ginupo ng trabahong bukid ang kanyang katawan. Dito, nakapagtatanim siya nang walang-banta ng bagyo o kasakiman. 'Yang mamang namimitas ng aratiles (*Kakaway.*), isang utusan siyang nalamog sa palo dahil sa bintang ng kanyang amo. 'Yong dalagang naglalaba na 'yon … mabuting ina, ngunit inakusahan ang mga anak na mga magnanakaw. Ang matandang ale na 'yon … nagpakain siya ng maraming sugatan. 'Yong binatang nagpapalipad ng saranggola, may naisulat siyang nakapag-ahon sa kalawakan ng mga diwa.

DORO[b]

E, 'yon pong lalaking iyon … iyong naggigitara't umaawit?

LAKANDULA
A, dati siyang may hawak na tabak. Makikilala mo siya balang araw, Doro. Babanggitin siya ng Kasaysayan.

DORO[m]
Pinakamalungkot palang gawain iyon—ang pagsasaysay. Ang nakaraan na kaya lamang isulat sa bingit ng pagkalimot at pagpapahalaga.

*Pasok, EDONG, SANANG, KORO, at MARIANG MAKILING. Kinakalas na ni SANANG ang mga susi sa kanyang balakang.*

EDONG
Sanang, maibibigay mo ba sa akin ang iyong pananalig na sinlinis ng batong-buhay, sinlinis ng hamog?

*Iaabot kay EDONG ang sinturon, lalagapak ito.*

SANANG[m]
Pananalig? Sa simbahan ko lang naririnig ang salitang iyan, Edong. Tanungin mo kung nakasama na sa mga libag na kinuskos ko kahapon.

EDONG
Ang alay kong kuwintas, nasa iyo pa ba? *(Huhubarin ni SANANG ang kuwintas.)*

SANANG[m]
Sa 'yo na.

EDONG
Ang santo?

SANANG[m]
'Eto. *(Ihahagis ang santo. Hindi ito masasalo, pagkat walang sasalo. Mababasag iyon.)* Ay, hindi ka nga pala inakay.

TINIG
Hindi na raw siya mag-aasawa. Kailanman.

TINIG
Talagang ganyan ang dalamhati. Sa unang bugso'y tila hindi mapapawi.

Pero pahihilumin ng panahon ang kirot. Bata pa si Sanang.

KORO
Bata pa si Sanang … Noon.

TINIG
Anak, tama na ang dalamhati. Baka isipin nila na …

SANANG[b]
Na may nangyari sa amin ni Edong? Sana nga, 'Nang. *(Patlang.)* Kailangang mahabol ang bangka niyang daraan.

SANANG[m]
Maliban na lang kung dumaan na … o hindi na daraong.

EDONG
Ibig kong manirahan kami ni Sanang dito. Siya po'y butihing dalaga. Hindi po niya ipapahamak ang paniniwala ko sa maganda niyang kalooban. Kung maaari ko po siyang isama dito'y … *(Mapuputol. May makikitang reaksyon sa bundok ng telebisyon.)*

*Katahimikan.*

DORO[m]
Noon, naiisip ko, kung matutuloy ang kasal nina Nanang at Kuya Edong, e, di meron akong magandang bakasyunan. *(Patlang.)* Wala akong hinagap na hindi pala gano'n kadaling bumalik.

SANANG[m]
Walang nakababalik, Doro, liban sa iyo. Dahil musmos ka pa noon.

TINIG
Nakatambak lang sa bundok ang mga batong ito, Tatang. Nakatambak lang. Kung hindi lamang po sa kamusmusan ng bata ay marami na sana siyang iniuwi.

SANANG[b]
Ang salapi raw ay parang apoy. Nakaluluto, nakapang-iilaw, pero nakapapaso.

LAKANDULA

Umuwi na lang kayo. Wala kayong matatagpuang mina rito.

TINIG
Wala nga kaming natagpuan.

TINIG
Napukol siya ng mga batong nakaukol sa kanya. Hindi siya karapat-dapat.

KORO
Matapos mabulag, siya'y nabaliw.

DORO[m]
Nabaliw si ama sa ginto, sa minang inakala niyang maaangkin.

LAKANDULA
Edong, mapupuno ang bayan-bayanang ito sa sandaling ang lahat ng nagnanais maparito'y maaari.

SANANG[m]
Ay, napupuno rin ang salop.

LAKANDULA
Kung ang lahat ng magnanais tumakas sa buhay ay papayagang tumungo rito, magiging isang kasalanan ang gayon.

EDONG
Bakit po?

LAKANDULA
Ang mabuhay sa daigdig ay kailangang maganap.

TINIG
Sa lagay ba'y nakamot tayo'y hindi naman tayo kakamot?

LAKANDULA
Kailangan ng tao ang makipamuhay sa kapwa, ang makatulong sa pagpapaunlad sa buhay.

TINIG
Panahon na natin ngayon. Gumulong na ang kapalaran. Tayo na ang nasa ibabaw.

TINIG
Kanya-kanyang panahon lang ‘yan.

LAKANDULA
Kailangang maganap ang kahit munting pagkalikha ng anumang magiging sangkap sa kaunlaran ng buhay.

DORO[m]
Lilikha siya ng singkaw. Lilikha siya ng tanikala. Lilikha siya ng gulong.

KORO
Lilikha siya ng baril, ng payslip, ng bomba atomika. Lilikha siya ng gamot, ng data, ng robot, ng AI, ng virus.

DORO[m]
Sana, o, sana, hindi siya ang inaari nito.

KORO
Pero alam nating lahat na nililikha rin tayo ng paglikha.

SANANG[m]
Sa iyo na ang singkaw. Sa iyo na ang tanikala, ang singsing.

KORO
Sa iyo na ang gulong, baril, payslip, bomba atomika.

SANANG[m]
Sa iyo na ang halakhak ng mga kampana sa kasal. Sa iyo na ang susi, ang bubong, ultimo ang alagang aso. Pakyawin mo maging ang aking mukha’t katawan. Pero itira mo, itira mo ang aking salita’t kaluluwa.

LAKANDULA
Mahirap ang buhay, totoo ‘yan. Pero mas mahirap ang buhay na tiniis ng tao mula sa kauna-unahang panahon.

SANANG[m]
At paano kung noong unang panahon pa siya nagtitiis at nagpaparaya?

LAKANDULA
Isipin mo ang buhay ng mga unang taong namuhay na kaaway ang bawat kapwa.

SANANG[m]

Dinagit ka ng isang malaking-malaking ibon, Edong. Dinala ka sa kataas-taasang pugad. Natuto kang makisama sa mga inakay ng malaking-malaking ibon. Nagtatago ka sa kanilang ina. Nanunuka siya. Inakala mong hindi, pero nanunuka siya. Kaya niyang padilimin ang langit sa kanyang mga pakpak. Kaya ka niyang lunukin, katulad ng isang bulate, ng isang buto. Buto, tao, anong pagkakaiba? Pero alam ko, natuto kang magkubli.

LAKANDULA

Mahirap ang bawat hakbang. Ngunit patuloy ang marahan at di-mapipigilang pagsulong.

SANANG[m]

Nakiinom ka ng dugo ng usa, Edong. Natuto kang abangan ang ulan nang nakanganga. Tiniis mong gapangan ka ng mga hanep at langgam. Ganoon ang naging buhay mo bilang inakay. *(Patlang.)* Paano mo napag-aralang pumikit sa pugad na iyon, Edong? Hindi ka ba nanlagkit? Gininaw? Nangulila? Anong mga humele sa iyo? Inawitan ka ba niya?

*Huhuni ang siete kolores.*

MARIANG MAKILING

Katahimikan, Sanang. Katahimikan. Mas ginto pa sa ginto.

SANANG[m]

Hanggang sa natuto ang mga inakay na lumipad. Isang araw, umangkas ka sa isa sa kanila. Lumipad kayo. Nakababa kang muli sa lupa. May nakita kang kapatagan. Nakita mo ako … sa panaginip.

EDONG

Sanang, ikaw ba iyan?

SANANG[m]

Hindi kita nakilala. Mukha ka nang inakay.

MARIANG MAKILING

Hindi ka na rin niya nakilala. Pagkat anino ka na lang.

EDONG

Saan ka pupunta? Ako ito, si Edong, nagbalik.

SANANG$^m$

Hindi mo ako kilala. Hindi mo ako nakilala. Hindi mo ako kinilala. Hindi na ako si Sanang noon. Ako na ang pinaghunusang kaliskis, ang latak, ang bula. Ang tinatawag nilang … kaluluwa. *(Lalapitan ni EDONG si SANANG$^m$.)* Tingnan mo akong mabuti, Edong. Hawakan mo ang aking pisngi. Hawakan mo ako. *(Hahaplusin ni EDONG ang mukha ni SANANG. Sabik at malambing ang sandaling ito.)* Lumipas ang panahon. Matagal nang nagwakas ang kamusmusan ni Doro nang makabalik siya mula sa bundok. Napatunayan ko ang kanyang tapang at puso nang ipinagtanggol niya kami. Lumitaw ang gulugod ni Ate, ni Impo, at ni Tatang, kahit ako. Sinuong namin ang mga bagyo, lindol, at pagsabog ng bulkan. Kumain kami ng lukton. Kumain kami ng kamote at inihaw na niyog. Lumamon kami ng relief goods. Nagtae, nagsuka, nilagnat. Nakipagtitigan kami sa mga bangkay na iniwan ng digmaan, sa mga bangkay ng pandurukot, sa mga paglilitis ng mga epidemya't tao. Tumakas kami sa mga mabangis na apoy. Nanakawan. Nasubukang tumakbo nang walang dalahin. Nasubukang tumakbo nang walang saplot. Nasubukang makipaghabulan sa sariling anino. Nakipaghamunan ng titig sa mga bagong dating na kaaway. Nagkunwaring marunong yumukod. Natutong maging huwad. Tulad ng mga bulong na ipinanganganak, nakatatayo rin nang paunti-unti, tulad ng mga sanggol na mabagal na mabagal na natututong maglakad. *(Bubuntong-hininga.)* Matagal nang naubos ang gintong ibinigay mo, Edong. Ni wala kaming kabaong para kay Tatang kundi ang mga tira-tirang kahoy sa silong. Nabagsakan siya ng bomba. Kung hindi pa kay Doro, kung hindi pa sa dunong ni Doro, ewan kung saan kami pupulutin. *(Pupulutin ang mga bubog at tapyas ng santong itinapon, titipunin sa dustpan.)* Ganyan lang talaga. Natututo kang magligpit.

MARIANG MAKILING

Kinatas at dinalisay ka na pala.

*(Matatawa si SANANG.)*

SANANG$^m$

Ano 'ka mo?

MARIANG MAKILING

Ikaw ang buod at habi ng lahat ng iyong nadama, ng lahat ng iyong karanasan. *(Lalapit kay EDONG.)* Minamahal ka niya, Edong?

EDONG
Opo, Aling Maria.

MARIANG MAKILING
Makapaghihintay kaya siya, alang-alang sa pagmamahal na iyon?

EDONG
Opo, Aling Maria.

MARIANG MAKILING
Kung gayon ay umuwi ka. Sabihin mo sa kanya na siya'y makapaninirahan dito kasama mo. Kung mapatutunayan niyang ang kanyang pag-ibig ay tapat. Kung kaya niya maging tapat sa iyo sa loob ng apatnapung taon.

EDONG
Apatnapung taon?

SANANG[m]
Sakto lang 'yon para makapagsilang at makapaghunos, Edong. Sakto lang para masabing mayroon kang naging *buhay*.

MARIANG MAKILING
Kung makaaabot siya sa sukatan at malalampasan niya ang pagsubok ay … mabuti. May maghihintay sa kanya. Kailangang may sapat siyang pananalig, tunay na pagmamahal, upang makapaghintay.

SANANG[m]
Naririnig mo ba siya, Edong? Ito ba ang ibig sabihin ng sinasabi mong pananalig? Ito ba ang pagiging sinlinis ng hamog at buhay na bato? Ano ako, hangal? Kausapin mo ako nang simpleng salita lang. Wala nang paligoy-ligoy. 'Yon ang totoo. 'Yon ang tapat. 'Yon ang pusong musmos na ipinagmamalaki ninyo. *(Umiiling si MARIANG MAKILING. Hindi malinaw kung nahahabag o natatawa kay SANANG, katulad ng persepsyon ng kanyang tinitingnan.)*

SANANG[m]
Pinag-aral ko si Doro. Dahil wala nang maipampapaaral ang aking kapatid sa kanya. Dahil siya na lamang ang inaasahan kong makakaaninag ng anino sa dilim.

DORO[m]
Kaylaki ng tiwala niya sa akin na matututunan ko ang lahat. Ang bigat no'n, Nana Sanang. Mas mabigat pa sa sako ng luyang ipinabuhat sa akin.

SANANG[m]
Ang nasaling sarili ay nawawalan.

MARIANG MAKILING
At ang nasalinang katawan ay nakatakdang maglaho.

SANANG[m]
Patawad, Edong, na hindi ko na ito nasabi sa iyo.

MARIANG MAKILING
Mayroon pa palang pinsalang hindi pa napagagaling.

*Huni ng ibon. Kizit ng bundok ng telebisyon. Anino ng pakpak. Patungo na si SANANG[m] sa pintong biglang maliwanag na maliwanag.*

SANANG[m]
Maglakbay ka, Doro. Lumibot ka. Huwag mo akong gayahin na tila nagkaugat na rito at naghihintay na lang.

DORO[b]
*(Nakatingin sa bundok ng telebisyon.)* Ang ganda! Nagbabago ang kulay!

EDONG
Maganda ba? Lapitan mo kung ibig mo. Huwag mo lamang huhulihin, ha?

DORO[b]
Kahit lapitan ko ang ibon ay hindi ito lumilipad palayo. At ibig ko na itong hulihin, ngunit …

SANANG[m]
Hindi 'yan tunay na ibon, Doro. Mas ilusyon pa 'yan sa ilusyon.

*(Lilitaw ang malaking anino ng ibon. Dirilim. Maririnig ang nakakikilabot na kakaakak ng huni ng ibon, na tila metalikong jet o space rocket.)*

SANANG[m]

Narito na pala ang malaking-malaking ibon na tumatangay ng mga tao. *(Darapo ang ibon sa bundok na bato. Ito ang tutukuyin na "tahanan" ni MARIANG MAKILING.)*

DORO[m]

Isang kubo. Nadatnan namin ang tatlong dalagang tila magkakaedad at magagandang lahat.

URDUHA

Anong pangalan mo?

TERESA

Kanino kang anak?

SANANG[m]

Sanang po. Crisanta Valdemor. Ako po'y anak ng aking ina. *(Mapabubungisngis ang mga babae.)*

URDUHA

Dumito ka na lang. Mamahalin ka namin tulad ng iyong ina. At ipagluluto ka namin ng maraming putong masasarap.

SANANG[m]

Magagalit po si Ina. Ang sabi po niya'y umuwi ako kaagad. *(Iisa-isahin ni SANANG ang mukha ng mga babae.)* Kayo po ba ang mga dalagang nagnanakaw ng mga binata?

*Hahalakhak ang mga babae. Tila mapapahiya si EDONG. Aayusan ng isa sa mga babae si SANANG.*

SANANG[m]

Ang gaganda nila. Ang lalambing ng mga tinig.

MARIANG MAKILING

May kailangan ka, Sanang?

SANANG[m]

Dinagit ka ng isang malaking-malaking ibon, Edong. Dinala ka sa kataas-taasang pugad. Natuto kang makisama sa inakay ng malaking-malaking

ibon. Nagtatago ka sa kanilang ina. Nanunuka siya. Inakala mong hindi, pero nanunuka siya. Kaya niyang padilimin ang langit sa kanyang mga pakpak. Kaya ka niyang lunukin, katulad ng isang bulate, ng isang buto. Buto, tao, anong pagkakaiba? Pero alam ko, natuto kang magkubli. Natuto kang maging anino—ang di-nakikita, di-naaamoy, di-naririnig, at di-nararamdaman—na ako na lang ang nakakakita, nakaaamoy, nakaririnig, at nakararamdam.

TINIG
Sinong sira-ulo ang maghihintay sa minamahal nang apatnapung taon? Sino?

MARIANG MAKILING
Inakala kong batid mo ang bawat tuntuning natatalunton ng mga tapat at busilak.

EDONG
Sanang, ikaw ba iyan?

SANANG
Hindi kita kilala.

EDONG
Saan ka pupunta? Ako ito, si Edong.

SANANG
Sino ka? Hindi kita kilala.

TINIG
Napatay mo ‘ka mo? Talagang ganyan. Unahan. Haragan. Saksakan. Laslas-lalamunan. Digmaan ngayon.



TINIG
Humiyaw ang puri niya sa unang salakay. Nasanay sa mga kasunod. Lagi nilang inaakala na natutunan ang lahat.

SANANG
Ang tela, kapag napunit, natatahi. Kailangan mo lang na manalig sa talas ng karayom, sa pulso ng paghilom.

TINIG
Nakaapak ka? Puwes, tapakan.

TINIG
Bakit, sayawan ba ito na laging sabay ang mga paa't kamay?

TINIG
Dahil sa liwanag, walang-laya ang anino.

TINIG
Dahil sa dilim, may layaw ang anino[2].

LAKANDULA
Ang dalagang sinasabi mo'y hindi. Ikaw ay may karapatan.

EDONG
Kung si Sanang po ay walang-karapatan ay ano ang aking karapatan? Sa palagay ko po'y higit, higit ang kagandahan ng kanyang puso kaysa sa maaari kong angkinin ...

LAKANDULA
Maaaring paniwalaan ko ang sinabi mo. Ngunit nalilimutan mong maaari ka na naming angkinin mula sa karaniwang buhay, pagkat ang buhay mo roon ay maaaring ituring na tapos na.

EDONG
Natapos na po?

LAKANDULA
Oo. Tapos na. May karapatang-ari na kami sa iyong buhay at kamatayan.

DORO[m]
Daraan ang mga taon at umaalingawngaw pa rin ang mga katagang iyon "May. Karapatang. Ari. Na. Kami. Sa. Buhay. At. Kamatayan." Sa sandaling iyon, alam ko, hindi na si Edong ang awtor ng kanyang buhay.

SANANG[m]
Ang takbo raw ng buhay ay may layon, may tuntunin, may patutunguhan. Ikakabit nila ang obserbasyon sa galaw ng kalikasan. Hindi ako makata, Edong. Mababaw lang ang luha ko. Pero alam ko kapag pinalaso na ako ng mga salita. Alam ko kung ako'y itinatakda. At alam kong lagi kang may

karapatang tanungin ang saysay. *(Kay DORO$^{b}$.)* Doro, ano ang kahulugan ng buhay?

DORO$^{b}$
Hindi ko pa alam, Nana Sanang.

SANANG$^{b}$ at SANANG$^{m}$
Sabihan mo ako pag natunton mo na, ha?

DORO$^{m}$
Nasabi ko ba? Nasabi ko ba kay Nanang Sanang na hindi ko alam? Na sa kababasa ko, hindi lang dumarami at nanganganak ang mga tanong, nagiging imperyo sila, nagiging bundok. At sa bawat pasok at akyat, paulit-ulit na sagupa sa kamangmangan.

LAKANDULA
*(Kay DORO$^{m}$.)* Alam ko ang iyong dinaramdam. Ngunit huwag kang mawawalan ng pag-asa. Makipag-usap ka sa kanya. Bakasakali …

DORO$^{m}$
*(Huhuni ang ibong siete kolores.)* Sa alaala ko na lang ito naririnig. Hindi ko na iyon narinig sa anumang gubat na napuntahan ko. At malamang, hindi na kailanman.

*Babalik si DORO$^{m}$ sa landas patungong Makiling. May matitisod na bato. Dadamputin niya iyon. Sisipatin.*

DORO$^{m}$
Nagkalat ang mga batong kagaya noon. Sa tabi ng landas at sa giliran ng pilapil. Sa tabi ng tumpok ng tae ng kalabaw. Kung saan-saan. Parang mga tipak ng basag na pasong hindi pinapansin. Dinaraan-daanan lang.



DORO$^{b}$
Ginto ba 'ka mo ito?

*Tuloy lang si EDONG sa paglalakad.*

DORO$^{b}$
Hindi ba mahal ang ginto?

EDONG

Hindi nila iyan kailangan dito.

DORO[b]
Talaga, Kuya Edong?

EDONG
Aanhin nila ang ginto? Dito, ang kaligayahan nila'y hindi natutumbasan ng lahat ng ginto sa buong mundo.

DORO[b]
Puwede akong mag-uwi? Paglalaruan ko lang?

EDONG
Oo ba.

*Kukuha si DORO[b] ng apat na piraso. Ibubulsa ito. Tuwang-tuwa siya.*

DORO[m]
Hindi ko pa naunawaan noon kung bakit ang mga batong iyon ay hindi nila minamahalaga. Pero sa musmos kong isip, gagamitin ko ang mga batong iyon sa piko. *(Unti-unting dumidilim.)*

DORO[b]
Napakadilim, Edong. Natatakot ako.

EDONG
Huwag kang matakot. Hindi naman gano'n kadilim, a. Tingnan mo, maliwanag pa ang dinaraanan natin.

DORO[b]
Oo nga, ano? May buwan pa pala. *(Aabutan si DORO[b] ng pagkain ni EDONG.)*

EDONG
Kumain ka't mahaba-haba pa ang biyahe pabalik.

DORO[b]
*(Habang ngumunguya.)* Edong, ibabalik mo ako rine, ha? *(Itutugpa na ni EDONG ang bangka at magsisimulang magsagwan.)* Ha, Edong, ibabalik mo ako rine?

DORO[m]

Ngumiti lang si Kuya Edong. Ewan ko kung anong naiisip niya. Wala naman akong malaman gawin noon kundi matulog at kumain. Parang sandali lang ang lakbay namin pabalik, ngunit ang totoo siguro'y lumipas ang dalawang araw at dalawang gabi na naglalakbay kami sa tubig.

EDONG

Abutin mo ang bayong at hihilahin ko muna ang bangka ...

*Susundin ng musmos ang iniutos sa kanya. Muntik nang madulas si DORO[b] habang binubuhat nito ang bayong.*

DORO[b]

Mabigat pala? *(Ihahatid ni EDONG si DORO[b] hanggang sa tarangkahan nila.)*

EDONG

Sulong na. Sabihin mong babalik ako kaagad, magbibihis lamang ako. O, ipanhik mo na ang bayong ng luya.

DORO[m]

Ewan ko kung anong pumasok sa isip ko sa mga sandaling iyon. Pero may nabasa ako sa mga mata ni Edong na tila siya'y magpapaalam muli.

DORO[b]

Baka hindi ka na magbalik?

EDONG

Ito naman. Sabihin mong babalik ako agad.

*Pagpasok ni DORO[b] sa bahay, makikita siya ng kanyang nanay. Magtataka ang magulang kung bakit tila nabibigatan ang musmos sa bayong, gayong luya lang naman ang laman nito.*



TINIG

Amoy-araw ka. Teka nga't mag-iinit ako ng tubig at nang mapunasan ko ang iyong katawan. Amoy-lupa ka.

DORO[m]

A, may isa pala akong katiyakan. *(Kay SANANG[m], na nakatalikod.)* Ang iyong paghihintay kay Kuya Edong ay dakila.

MARIANG MAKILING

Masdan mo ang pagsibol ng hamog, ang pagpatak ng ulan, ang paglaki ng tubig sa sapa. Ang pana-panahong pagsalalay ng ibon, ang pamumulaklak ng mangga, ang pagkatuyo ng dahon at bukid. Ihambing mo sa paglawak ng bukirin ang paglawak ng ating paningin. Tumatakbo ang buhay—yumayabong, tumataas, lumalawig. At patuloy sa isang dakilang kahulugan ang lahat ng hirap na ito[3].

KORO

Ang Makiling ay hindi langit.

SANANG[m]

May langit ba?

KORO

Ang Makiling ay hindi langit.

SANANG[m]

Nakilala ko na ang buhay, Edong. Nakilala't nakaharap ko na. Hindi ko tinakasan. *(Matatawa.)* Kung alam mo lang. Kung alam mo lang na inaaliw ko na lang ang sarili sa pagmumuni ng lahat.

TINIG

*(Offstage)* Manang, magpapalinis po ba kayo?

TINIG

Kabilin-bilinan po ng pamangkin n'yong ipawalis ang bakuran, pati ang bubong.

TINIG

Ipalampaso't ipa-floorwax ang sahig.

TINIG

Palitan ang kubrekama at punda ng unan.

SANANG[m]

Ipawalis? Ipalampaso? Palitan? Ano bang linis-linis ang tunay kong kinakailangan?

*Maririnig ang mga kalampag, ang tinig.*

SANANG$^{m}$

Oo na, oo. Nariyan na. *(Patlang.)* Oo, kaya ko. Hindi ko kailangan. *(Mag-ri-ring ang selpon. Dadamputin at lalakad patungo sa "pinto" ng sapot.)* O? Ako nga. Ba't ang tagal mong sumagot? A, sorry. Nakalimutan ko. May gagawin ka ba? Puntahan mo ako rito. Nawalan ako. Lintik, kaya pala ako sinundan ng putragis na 'yon kasi may maitim pala siyang balak. Tinulungan pa akong sumakay ng taxi. Akala mo kung sinong maginoong nagbuhat ng aking mga pinamili. Oo, namili ako. Para sa tindahan. Alam mo namang kulang na kulang na ang paninda. Wala nang bakya, uling, tiklis ng bawang, galyetas … Ha? *(Tatawa.)* Ay, itong si Doro ko. Ikaw ang nag-uulyanin, hindi ako. Aba'y kahapon lang ay inabutan ko si Nanong Balabal ng kanyang kape at nang sasamahan ko na nga 'yon ng galyetas, do'n ko lang napansin na wala na rin ang mga garapon. Saan mo ba dinala? Pinamigay mo ba? Matagal na 'ka mo tayong nagsara? Kailan pa? *(Ilalayo nang bahagya ang selpon sa tainga. Mangingiti.)* E, anong kakainin ko rito? O-order na naman ako ng pritong manok? Hay, pati nga utot ko, may pakpak na. Alam mo namang wala akong hilig sa mga maaalat at mamantika. Oo, natatanggap ko po ang iyong ipinadadala … walang-palya, Doro. Oo, deretso sa refrigerator. O, siya, sige na, baka may gagawin ka pa. Wag kang mag-aalala. Kaya kong sarili ko. *(Maaalala ang refrigerator at magtutungo roon. Pagbukas ng appliance, bubulusok ang laman nitong patong-patong na hito. Eksaherado ang laki ng mga ito at matitigas. Isasaksak muli ang mga hito sa loob ng ref. Tutulungan siya ni EDONG. Naghahagikgikan pa sila sa pagliligpit ng mga kalat.)* Salamat, ha. Nagustuhan nga pala ni Inay ang ipinadala mong lilok ng Birhen. Kaypino raw. Hayun, o, nasa altar. Iningatan ko 'yan, itinago. Si Inay? Ay, matagal nang pumanaw. Ano ka ba naman. Na-dengue, kagaya ng marami ring taga sa atin noon. *(Magkukuwentuhan pa ang dalawa, ngunit hindi na ito maririnig ng manonood.)*

*Pasok, DORO$^{m}$. Pinagmamasdan ang paligid. Ang ekspresyon ay tulad ng kanyang kabataan nang unang makita ang Makiling.*

DORO$^{m}$

Pagkaraan ng kanyang paglaho, matagal din akong nakatunganga rito, sa silid na ito, nakatingin sa mga linyang nakagatla sa pader. Binibilang iyon. Sinisino. Kinakapa. *(Parang nauulinigan ang tunog ng sapa. Magbubukas ng mga pinto, titingnan kung napihit ang mga gripo. Maaaring patayin isa-*

*isa ang naka-on na telebisyon. Matatawa sa sarili pagkaraan.)* Baka naririto lang siya, sa katreng ito, hinahaplos ang aking pisngi sa tuwa sa aking pagdalaw. Pero sino bang niloloko ko? *(Haharap si SANANG$^{m}$.)*

SANANG$^{m}$

Alam ko na noon, ngayon, at hanggang sa mga sandaling mangyayari pa lang sa hinaharap, na wala akong pasya na hindi ko pinanindigan. Paalam, Edong. Paalam, Maria.

TELON

**Sanggunian**


1. Halaw sa "Mariang Makiling," Jose Rizal.
2. Halaw sa "Gunita ng Kamusmusan," Sze Tsu.
3. Halaw sa "Sa Bawat Looy na Bulaklak," Macario Pineda.

# Maikling Kuwento

# *CRIS R. LANZADERAS*

Si Cris R. Lanzaderas ay isang propesor sa UP Los Baños. Kasalukuyan siyang tagapag-ugnay (subject area coordinator) ng Departamento ng Filipino ng UP Rural High School at nagtuturo ng wika, panitikan, at malikhaing pagsulat. Mababasa ang ilan sa kanyang mga akda sa mga publikasyon ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, Likhaan: UP Institute of Creative Writing, Cultural Center of the Philippines, at Lampara Books.

# MAÑANITA

Hindi nagustuhan ni Elvis ang lasa ng kanyang sariling dugo pero pikit-mata niyang nilunok ang laway na naglasa nang kalawang. Nagkasugat siya sa labi dahil sa mariin niyang pagkakakagat. Naging ugali na niya ang kagat-kagatin ang kanyang labi sa tuwing naghihintay. Halos magtatatlong oras na siya sa labas ng gate ng San Marcelino Elementary School, kasama ang hindi mabilang na mga kabarangay niya na nag-aabang sa ipinangakong ayuda ng City Government. Isa siya sa mga naunang dumating kaya nakasilong pa siya sa waiting shed. Dati ay tambayan ito ng mga tricycle driver noong hindi pa idinedeklara ang lockdown. At dahil walang biyahe, nagsilbi na itong regular na hintayan ng mga kukuha ng tatlong libong pisong amelioration fund, na noong isang linggo pa ibinalita sa kanila. Ikalimang araw na nila ng pabalik-balik na pag-aabang. Ikalimang araw na rin yata silang uuwing walang-bitbit, kahit singkong duling.

Masuwerte si Elvis sa kanyang kinatatayuan. Ilang dipa pa ang layo niya sa tirik na araw. Ang iba niyang mga kasama at kapitbahay ay hinahapo na sa matagal na pagkakabilad sa araw. Nakadagdag pa ang mainit na singaw na nagmumula sa kanilang hininga na nakukulong sa loob ng mga

face mask. Ayaw niya sa sikat ng araw. Hindi dahil sa iniingatan niya ang kanyang balat, kundi dahil matagal na itong kaaway ng kanyang lahi.

Nagsimula nang magtulakan ang mga taga-San Marcelino nang pinaatras ng mga pulis ang mga nakapila. Napasandal siya sa mga rehas ng gate habang pilit na umuusad paharap ang lahat. “Putangina, social distancing nga, ho,” narinig niyang utos ng isang pulis mula sa likod. “I-make sure po natin ang social distancing,” sabi ng isa pang pulis na naka-megaphone sa harap.

“Bigyan po natin ng espasyo ang papasok na mobile.” Pagkatapos ng anunsyo ay umalingawngaw ang wangwang ng sasakyan habang patuloy pa rin silang pinaaatras at ginigitgit. Nang makapasok ito sa eskuwelahan ay saka lamang siya nakabalik sa dati niyang puwesto. Patuloy pa rin sa pagmamando ang pulis na may megaphone.

Naalala niyang bigla ang probinsya, ang kanilang buhay bago ang Batas Militar. Naalala niya ang kanyang ama. Sariwang-sariwa pa sa kanyang isip ang bahagya pa nitong garalgal na boses, na madalas ay sinasalit ng pagdahak at paglura. Nagunita niya ang tinig nito habang isinasalaysay ang paborito niyang pinakikinggang kuwento—mga alamat ng pagtutulungan noon ng mga aswang at mga Filipino laban sa pananakop ng dayuhang lahi. Lumaki siya na bitbit ang mga kuwento ng kabayanihan nilang mga aswang. Iba sa nakagawiang kuwento tungkol sa mga “kampon-ng-dilim.”

Ang mga kuwentong ito ang madalas umaaliw sa kanila sa mga gabing bilog ang buwan. Hindi sila makatulog dahil naroon pa rin ang nakahuhumaling na pang-akit ng malamlam nitong liwanag. Para silang mga gamugamo sa sulo. Sinasabayan ito ng kanilang simbuyo sa pagkain subalit higit na nananaig ang pagkamangha nila sa mga salaysay.

Nakapikit ang kanyang ama at ninanamnam ang mga sandali ng katahimikan bago simulan ang pagkukuwento.

“Tayo ang mga bantay ng gabi.”

Tatayo ang kanyang ama at ipakikita ang nanlilisik nitong mga mata. “Hindi na kailangan ang liwanag ng sulo para makita ang dilim.”

Pipikit ito at sisinghutin ang hangin saka sasabihin, “Iisa ang kanilang amoy, ang amoy ng kaaway.” Maglalaho siya at muling lalabas bilang isang aninong may nagniningas na mga mata at saka akmang papana

sa hangin.

Lilipas ang mahabang gabi na hindi na nila nararamdaman ang gutom at pananabik sa laman. Nawawaglit sa isipan ang pagbabagong-anyo tungo sa aso, baboy, ibon, o kung anuman ang kanilang naisin. Nagwawagi sa kanilang pagharaya ang dugo ng pagiging tao at hindi ang lason ng dugo ng kanilang uri. Sa kuwento ng kanyang ama, may lason ang dugo ng mga aswang kaya makamandag ang kanilang kagat. Ito rin ang ginagamit bilang lason noon sa mga pana at sibat.

Batid ni Elvis ang kasaysayan ng kanyang pamilya. Mga kuwento ng panlalansi at transpormasyon ng mga nilalang na ang tawag ng sikmura ay laman at dugo ng tao. Subalit alamat na lamang sa kanila ang lasa ng mga ito. Sa pagdaan ng panahon, natutuhan na nilang mga makabagong aswang ang pakikisalamuha at pakikisama sa mga tao. Alam nila na kapwa mga aswang at tao ay kailangang mabuhay nang magkasama. Hindi sila magkalaban at magkaaway. Pinag-aralan nila ang pagkain ng hayop at halaman, ang pagluluto nito, ang pagsasaka, ang pangingisda, hanggang ang kanilang pag-iral ay naging kababalaghan na lamang na ipinasa-pasa, salinlahi sa salinlahi.

Pagsasaka ang naging trabaho ng kanyang pamilya. Pero noon pa man, iniiwasan na nila ang matinding init ng umaga. Bago pa man sumikat ang araw, inaararo na nila ang lupa at agad na uuwi ng bahay kapag tapos na ang mga gawain sa bukid. Sa tanghalian at hapon, nirereserba nila ang lakas para sa muling pagbabanat ng buto sa gabi hanggang sa madaling-araw. Subalit natigil ang nagisnang trabaho nang nabulabog ang kanilang tahimik na buhay sa pagdating ng balitang may mga aswang diumano na gumagala sa kanilang baryo. Pinagmulan ito ng kanilang matinding pagtataka dahil saan magmumula ang mga aswang na ito kung sila naman ay nananahimik na.

Nakarating sa kanila na ang pinagmulan ng kuwento ay ang mga dayong nakapatig at palaging may bitbit na armalite. Puwersahang nagtayo ang mga ito ng mga kampo, hindi malayo sa kanilang tirahan at bukid. Kontrolado na ang paglabas-pasok ng mga tao sa baryo at ipinagbawal ang paglabas ng bahay sa gabi. Bantay-sarado rin sila kapag nagsasaka, kahit hindi pa sumisikat ang araw. Sabi ng mga sundalo, ang mga aswang ay mga

nilalang na naghahasik ng ligalig kaya hindi napapanatag ang gobyerno sa pagpapatakbo ng bayan. "May mga nagtataksil sa dilim ng gabi," ang panakot ng mga ito sa kanila. Sa kanayunan, inakala nilang nakamit na nila ang lubos na kapayapaan.

Natigil ang paglalakbay ng diwa ni Elvis nang magsimula na namang magtulakan ang mga taga-San Marcelino. May isang pulis na lumabas sa eskuwelahan na bitbit ang isang bungkos ng papel. Iniatras ni Elvis ang sarili para magkaroon ng espasyo pero imposible. Kung kangina'y itinutulak siya, ngayon ay bigla-bigla na lamang siyang hinila. Hindi na niya alam kung saan siya bibitbitin ng alon ng mga naghihintay ng ayuda. May sumigaw mula sa dagat ng mga ulo, "Bakit kasi napakatagal n'yo kaming pinaghintay!" Sinundan ito ng isa pa, "Ibigay na kasi ang ayuda! Papatayin ninyo kami sa gutom at init!" Nagkagulo ang mga tao. Napadpad si Elvis sa naaarawang puwesto ngunit wala siyang magawa. Maya-maya ay nasa waiting shed na naman siya. Walang-humpay ang tulakan, hilahan, pakiusapan, at murahan. Nagsasalimbayan na ang hinaing at hiling subalit hindi pa rin binuksan ang gate ng eskuwelahan, kahit hindi na magkamayaw ang lahat. Hanggang sa narinig na ang sirena ng police mobile at ang garalgal na anunsyo, "Kundi n'yo aayus … hindi na ho itutu … ang SAP distribu …"

Huminga nang malalim si Elvis at inalis ang pagkakatakip ng face mask sa kanyang bibig. Mula sa kaibuturan ng kanyang dibdib, ibinuga niya ang irit na sa kanyang tanang buhay ay noon lamang niya nalikha. Natigilan ang kanyang mga katabi na natuliling sa sigaw, na gaya rin ng kanyang pagkagulat. Unti-unting pinayapa ng kanyang umalingawngaw na tinig ang umaalimpuyong dagat ng mga tao. Mula sa gate ng paaralan, inilipat ng mga taga-San Marcelino ang kanilang tingin sa pinagmulan ng sigaw. Dahil dito, mas malinaw nang narinig ang anunsyo sa megaphone: "Hindi na ho itutuloy ang distribution ng SAP."

Binasag ni Elvis ang katahimikan ng mga tao, "Mukhang wala naman po talaga kayong planong mamigay!" Lahat ng mga mata ay nakatitig sa kanya. Mga titig ng pagsang-ayon. "Bakit pa kailangan kaming pahirapan, e, hirap na nga kami!" pahabol pa ni Elvis habang dahan-dahang nilisan ang pila.

Sinipat ni Elvis sa salamin ang sugat niya sa labi. May namuo na

ring dugo na pinipilit niyang sipsipin kahit ayaw niya ng lasa. Napapalatak siya dahil batid niyang magsisingaw ito. Pinatakan niya ng asin ang sugat, napapikit siya sa tindi ng hapdi.

Hindi na siya takot sa asin. Natuklasan ng kanyang ama na bagaman mahapdi nga ito sa una, napaghihilom din ng asin ang anumang sugat. Itinuro sa kanya ng mga kapwa niya bantay ng gabi. Mas mabilis pa kaysa sa mga gamot na nabibili sa botika. Napagtanto ng mga aswang, na ang asin, kasama ng iba pang mga pampalasang ginagamit sa kanila bilang panakot, ay panakot lamang talaga. Marami sa mga ito ay mabisang pantanggal ng karamdaman. Matagal na rin namang manhid ang kanyang katawan sa alat. Bata pa man ay binatak na siya ng pagpapatulo ng pawis at simula nang magtrabaho sa Maynila, naging bahagi na ng kanyang pang-araw-araw na pagkain ang asin. Lalo lamang dumalas nang ipatupad ang quarantine. At sa pagkakataong iyon, mukhang ito na naman ang kanyang uulamin.

Tumunog ang kanyang cellphone. Nitong mga nakaraang araw, ayaw na ayaw niyang naririnig ang tunog ng bagong dating na text. Alam niyang kahit nangungumusta lang ang kanyang pamilya, nagiging paalala pa rin ito na isang buwan na siyang hindi nakapagpapadala ng pera. Nahinto ang kanyang trabaho bilang mangangatay ng baboy. Nabawasan ang delivery ng mga ito matapos maglagay ng maraming checkpoints. At dahil kakaunti ang suplay, hindi kinakailangan ng maraming tagakatay. Sinabi ng kanyang amo na magpahinga raw muna siya. Ngunit para sa kanya, paano?

Binuksan niya ang text. *“musta k n jan? ok k pb?”*

Inisip niyang mabuti kung ano ang kanyang isasagot. Nag-alangan siyang tumugon hanggang sa tumunog muli ang kanyang cellphone—panibagong text.

“*pre, nid ng buong baboy. panglechon. pamparty.” Galing sa dating kasama sa katayan*. Sinundan pa ito ng isa pa.

*“kaw n mghnap. raket mo n rin. pra sau lhat kita. txt m aq agd pag meron n.”*

Nagtaka si Elvis sa nabasa. Malinaw at paulit-ulit pa ang naririnig niyang balita sa radyo at TV na bawal lumabas, lalong bawal magdaos ng mga party. Alam na alam niya ito dahil ito nga ang dahilan kaya nahinto siya sa pagtatrabaho. Ngayon ay hihingan siya ng handa pang-party? Ilang

minuto rin muna siyang nag-isip.

Nais niyang tanggihan ang alok ng katrabaho. Sila itong nasa katayan at siya pa ang pinaghahanap ng kakatayaing baboy. At ang alam niyang mga babuyan ay nasa Bulacan at Pampanga pa. Hindi rin naman siya makalalabas ng Maynila. Ngunit batid din niya ang damayan sa loob ng katayan. Kahit gipit at kinakapos, hindi nakalilimot ang kanyang mga kasama na abutan siya ng kaunting tulong. Pati ang pagpapasabi kung may puwede siyang raket na mapagkakakitaan. Minsan na rin siyang nag-repack ng relief goods na ang kapalit ay relief goods din. Sinabihan lang siya ng mga katrabaho. Lima silang sumama sa repacking hanggang sa pag-de-deliver ng mga ito. Umuwi siyang may limang kilo ng bigas, limang sardinas, at tatlong noodles. Kasya na para sa ilang araw niyang pagkain.

Tinipa niya ang keypad. *"cge. kelan kailangan."*

Nagwagi ang pangangailangan ng kita. Subalit napakamot pa rin siya ng ulo, kahit alam niyang malaki-laki ang komisyon kung sa kanya magmumula ang kakatayin. Hawak pa rin niya ang cellphone habang sabay na inaabangan ang tugon ng katrabaho at iniisip kung saan maghahanap ng baboy.

*"s ssnod n araw."*

Nanlumo si Elvis. Hindi niya inakala na agaran na pala ang pangangailangan sa litsunin. Aatras na sana siya subalit muli niyang naalala ang probinsya. Kaya niyang tiisin ang gutom, lalo na at marami naman ang tumutulong sa kanya. Pero sa probinsya, nang mawala ang sinasaka nilang lupa, tiyak na magugutom ang kanyang pamilya. Nadagdagan pa ang kanyang pangamba, na kung hustong magutom ang mga ito, ay muling manumbalik ang gutom sa laman ng tao. Batid niyang hindi kaagad tatanggalin ang lockdown, lalo pa't hindi naman bumababa ang mga kaso ng nagpopositibo sa sakit. Magtatagal pa siyang walang-trabaho. Masasaid lalo ang bulsa niyang said na said na. Nagpadala siya ng sagot sa kausap: *"ok pre."*

Agad niyang binuksan ang contacts at walang-kawawaang ibinaba-itinaas ang nakalistang mga pangalan. Umaasa siyang may matitisod na kakilalang maaaring hingan ng tulong. Subalit, maliban sa iilang katrabaho at kapitbahay, tanging numero ng mga kaanak ang mayroon siya. Hindi siya

interesadong punuin ang kanyang listahan ng mga pangalang hindi naman din niya makakausap. Pinatay niya ang cellphone at tahimik na naupo sa labas ng inuupahang apartment.

Maya-maya pa'y nalasahan na naman niya ang sariling dugo. Napadiin na naman ang kagat niya sa labi.

Agaran niyang tinungo ang kusina para roon dumura. Kinuha ang lalagyan ng asin, kumurot nang kaunti, at saka idinampi sa bagong sugat sa labi. Napapikit siyang muli ngunit naiiba ang hapdi. Sa pagkakataong iyon, rumagasa ang isang ideyang tiyak na makapagpapadala ng pera sa probinsya. Nagmamadali niyang binuksan ang cellphone at ibinigay sa katrabaho ang detalye ng pera-padala ng kanyang pamilya.

*"pre d2 m ipdala ang pera. bukas my baboy k n. kunin mo d2 s bahay."*

Pinalipas ni Elvis ang gabi na hindi na niya nilamnan ang sikmura. Mas madali niyang magagawa ang transpormasyon kung gutom at hayok siyang malamnan ito. Inihanda niya ang mga kinakailangan sa pagbabagong-anyo. Matagal na niyang hindi nagagalaw ang mga ito kaya inalala niya ang mga hakbang ayon sa itinuro ng kanyang ama. Ibinuhos niya ang tubig sa isang palanggana, sinabuyan ng isang dakot na asin, at animo'y umusal ng panalangin sa hangin. At nagpatak ng langis na agarang humalo sa dinasalang tubig. Hinubad niya ang pang-itaas at pang-ibabang damit. Binasa ang mga palad, ang mga kamay, at pinadaloy ang tubig sa kanyang mga braso. Sa gitna ng kanyang munting apartment, na naliliwanagan lamang ng ilaw mula sa katapat na poste, kinumpleto niya ang isang pamanang ritwal na hindi niya inakalang gagawin niya ulit. Sa pagkakataong ito ay hindi dahil sa kalam ng sariling sikmura.

*****

Pulang-pula ang dugong dumaloy sa leeg ng baboy dahil sa naging mabilis ang pagkatay rito. Hindi na ito nanlaban, na ipinagtataka ng mangangatay sapagkat sa tuwing magpapatay sila ng baboy ay pumupusag ito, ipinaglalaban ang buhay. Tila ba payapa nitong ipinaubaya ang sarili sa mangangatay. Maski ang kinasanayang pag-iyak nito ay wala, na ipinag-alala

ng matadero. Baka may sakit ang baboy, subalit tuloy ang trabaho anuman ang lagay ng hayop. Kaya lalo pa niyang iniumang ang palangganang sumasalo ng mainit-init pang dugo. Nang matanggal na ang mga lamang-loob ay pinaliguan ng mainit na tubig, inahitan ng balahibo, at agad na tinimplahan. Ipinasok sa tiyan ang tanglad, dinurog na bawang at sibuyas, at laurel. Tinahi ang hiwa nang hindi malaglag ang mga rekado at magiting na itinayo ang baboy na nakatuhog sa isang kawayan.

Kahit hawak sa isang kamay ang isang sinindihang sigarilyo, mabilis na pinaghalo-halo nito ang mga likidong rekado sa isang palanggana: toyo, paminta, at sopdrinks. Maingat niya itong ipinahid sa balat ng baboy gamit ang isang pampinturang brush. Wala siyang pinalampas na bahagi—ulo, loob ng tainga, mga binti at paa—hanggang sa magkulay arnibal ang namumutlang balat. Saka pinadaloy mula ulo hanggang paa ang laman ng isang lata ng gatas evaporada. "Ito ang sikreto," bulong ng lechonero habang mayabang na iminamasahe sa baboy ang kanyang lihim na sangkap.

Nang matapos ang lechonero sa kanyang pagtitimpla ay maingat na inihiga ng dalawa pang lechonero ang iihawin. Sinundot-sundot ng mahabang kawayang patpat ang nakalatag na uling sa ilalim nang magpantay ang init mula sa baga. Naupo ang isa sa pandak na upuang plastik at dahan-dahang inikot ang kawayang pinagtutuhugan ng litsunin.

"Pinakapamatay ang lechong may crispy skin," hirit nito. "Sayang, wala si Elvis. Nasaan ba 'yon?"

"Huling text sa akin, e, nakikisuyong ipadala na lang sa pamilya ang makukuhang komisyon sa nilitson. Hindi kaya ninenok niya itong baboy at nagtago?"

"Magtatago dahil sa baboy? E, meron nga diyan, bilyon ang ninakaw, namamasyal pa sa mall!" Natawa ang nag-iihaw sa sariling biro. "Mabait 'yong si Elvis. Di 'yon magnanakaw. Ang sabihin mo, e, hindi niya matitikman ang lechon. At di rin naman ba ke kakapal ng mukha. Mantakin mo, lechon sa gitna ng krisis!"

"Hoy, anong titikman? Hindi naman atin 'yan. Mga pulis ang umorder niyan kaya huwag na huwag mong kukurutan." Napahinto ang tagakatay at saka nagpatuloy sa pagsasalita, "Kung ayaw mong ikaw ang ihawin nila diyan."

Sinundan ito ng malutong na tawanan ng dalawa.

"Itagay na lang natin si Elvis, pa-thank you sa baboy. Text ko na lang ulit mamaya."

*****

"Siyempre, ito po ang bida," bulong ng isang pulis habang tinatanggal ang manila paper na nakabalot sa ipinagmamalaking sorpresa. Nang lumitaw na ang isang bahagi ng lechon, tinanggal ng Heneral ang kanyang mask at sininghot ang usok nitong pumailanlang na sa hangin. Pabirong kumurot ito sa balat at tumikim. Nagtawanan ang ibang mga bisitang nakakita habang ang nalalabi sa halos limampung taong kabilang sa nagdiriwang ay tuloy sa kanilang kuwentuhan. May nakasibilyan, may naka-uniporme. Sa labas, tanging ang mahabang hilera ng mga sasakyang nakaparada sa gilid ng kalsada lamang ang makikita. Ilang linggo nang walang katao-tao, lalo na sa gabi dahil sa umiiral na quarantine at curfew.

Tinipon ng pulis ang mga bisita, "Kantahan naman natin si General!"

Pumalibot sa Heneral ang mga tao, kumanta, at pumalakpak. Isa pang pulis ang lumapit, bitbit ang isang cake. "Happy birthday, General! More birthdays to come!"

Lumapit ang Heneral sa kanyang cake at inabutan pa ng isang bouquet ng bulaklak. Nang mahipan ang kandila ay nagsimula nang pumila ang mga bisita sa mga handa. "Social distancing lang po," biro ng isa. "Hindi tayo mauubusan!" Marami ang nagpatiuna sa lechong ibinida ng pulis. Kanya-kanya ng kuha gamit ang tong at maging ng kani-kanilang mga kamay. Sa kabila ng gulo sa pagkuha ng handa, lahat ay may nadadakot na pagkain at ang ilan, kahit hindi pa man nakauupo ay nagsimula na ring sumubo. Napuno ng kalansingan ng plato, kutsara't tinidor, at umpugan ng mga bote ng beer ang garden area.

Kabilang sa umpukan ng mga naninigarilyong pulis ang Heneral, na umubo at walang ano-ano'y isinuka ang lahat ng kinain. Nagtawanan ang iba nitong mga kasama habang tinatapik-himas ng isa ang likod ng Heneral. "Lasing na yata si boss," biro pa nito subalit sumunod ito sa

pagsuka. Bumulwak sa sahig at sa uniporme ng mga pulis ang samot-saring hain sa hapag—spaghetti, kanin, cake, at lechon. Napaluhod ang dalawa at kunyapit na nakahawak sa kanilang mga tiyan, humihiyaw sa sakit.

“La-son. May lason sa pag-kain. This is sabo-tage!” hiyaw ng Heneral. Sinundan ito ng sigaw sa iba pang bahagi ng garden. Humihiwa sa tainga ang mga palahaw na nagsimula sa isa na sinundan pa ng isa. At ng isa. At ng isa pa. Hanggang sa mapalitan ang kalansingan ng mga kubyertos at plato ng hindi na maipaliwanag na sabayang paghingi ng tulong at pagsuka. Hindi magkandaugaga ang mga kasambahay at catering. Wala ring magawa ang iba pang mga bisitang hindi na malaman kung sino ang unang tutulungan. Kahit saan igawi ang paningin ay may nakakunyapit, may sumusuka, at may umiiyak. Sa sahig ay nagkalat ang mga basag na plato, baso, at bote. Humalo na rin ang mga pagkain at suka sa kanilang mga patig at uniporme.

Subalit sa ilang sandali, sabay-sabay na tumigil ang pagpalahaw. Ang lahat ay tumitig sa langit at nanlisik ang kanilang mga mata. Nangingikig sila na para bang may kung anong panibagong lakas ang sumapi sa kanilang katawan. “Du-go, la-man … dugo!” ang usal ng mga ito. Sa gitna ng saglit na kapayapaan at dilim ng gabi, napuno ng lansa at hilakbot ang hangin. Nagbababala ito sa paparating na panganib.

# *CHARMAINE LASAR*

Si Charmaine Lasar ay naging fellow ng 58th UP National Writers Workshop noong 2019 at 11th Palihang Rogelio Sicat noong 2018. Ang kanyang nobel-ang "Toto O" ay nagkamit ng natatanging gantimpala sa Don Carlos Palanca Awards noong 2015 at pinarangalan din ng National Book Awards bilang Best Fiction in Filipino para sa taong 2017. Bukod sa pagtatangkang maging manunulat, isa rin siyang guro sa FIRST College sa probinsya ng Batangas.

# ANG VALUE NG X KAPAG CHOPPY SI MA'AM

"Handa ka na?"

Saglit akong natigilan sa pagtipa habang nakakuyom ang kamaong napatitig sa kawalan. Tatlong salita, isang tanong. Oo o hindi lang naman ang hinihintay na tugon ng kausap ko sa telepono. 'Yon nga lang, wala sa dalawang 'yon ang gusto kong isagot.

Ang gusto kong sabihin, "Putang ina!"

Kagat-kagat ang labing pinigilan kong huminga. Pinigilang mag-isip. Pinigilang sagutin siya ng isang malutong na murang hindi niya rin naman maiintindihan kung para saan. Mali, maiintindihan pala niya. Katulad ko rin naman siya. Maiintindihan niya.

Narinig ko ang halakhak ng kaibigan ko sa kabilang linya. Hindi halakhak na masaya, kundi halakhak na mapait … na buwisit. Mukhang pareho naming gustong magmura.

"Nakakatanga, 'no?" bulong niya.

Sa pagkakataong 'yon, ako naman ang natawa. Matagal akong nag-isip ng sasabihin. Sa harap ko ay kumukurap-kurap ang text cursor ng ginagawa kong presentasyon, hudyat na kailangan kong magpatuloy sa pagtipa.

Tinitigan ko lang ang pagkurap ng cursor. Nakakapagod nang tumipa.

"Tonet, hindi ba tayo masaya?" tanong ko.

Narinig ko ang malalim niyang buntong-hininga. Nakuha ko agad ang gusto niyang sabihin: "Stop asking. Obvious naman ang sagot."

"Bakit nga ba hindi tayo masaya?" giit kong naghahamon, nananantiya. Ito na rin naman ang pinuntahan ng usapan, e, di itodo na. "Ayan na, o, pagkatapos ng dalawang taon, finally, babalik na tayo sa eskuwelahan. Makikita na natin ang mga bata. Tagal nating hinintay 'to!"

Malulutong na mura ang ibinato niya. Sunod-sunod. Iba-iba. Pati shibal ng Korea, ginamit niya.

"My gosh talaga, Patricia!" huling hirit ni Tonet. "Paano ba magiging masaya pagkatapos ng lahat ng nangyari? At totoo bang tapos na talaga ang lahat? You know, I was talking with Beb, alam mo ang sabi niya? Parang ibang tao na siya. Binago siya ng ilang taong 'yon."

Kumunot ang noo ko at sandaling inalala kung anong klaseng guro si Beb. Mahusay magturo, magaang katrabaho. Isa siya sa pinakamasipag sa lahat. Filipino teacher, homeroom adviser, adviser ng book club, at coach pa ng Volleyball varsity. Aktibo rin pala siya bilang organizer ng iba't ibang event sa eskuwelahan. At dahil kuwela, madalas, siya pa ang host at intermission number? Walang problema, siya na rin do'n. Biruan namin, noong nagpaulan ng talento, nasa langit si Beb, nag-do-donate.

Si Tonet naman ay isang guro sa Ingles, Master Teacher III, at tagapayo ng The Torch, ang opisyal na pahayagan ng paaralang sekundarya ng Sta. Teresa. Dalawang dekada na siyang nagtuturo. Alam na alam na niya ang bawat sikot, liko, lubak, dumi, alikabok, mantsa, at dusta ng propesyong ito. Siya ang naging pinakamalapit kong kaibigan, kahit dekada rin ang agwat ng edad namin.

"Sino bang hindi nagbago?" tanong ko, kahit ang totoo, may kung anong ginhawa akong naramdaman nang malamang kahit ang pinakamahuhusay na guro, natuliro. Binago rin ng pandemya, hindi lang ako.

Saglit pa kaming nag-usap sa kung anong mga dapat asahan sa muling pagbubukas ng klase bukas. Kung paanong ang normal ay hindi na talaga normal at kung paano rin magpapanggap ang lahat na normal ang

pagiging hindi normal.

Natapos ang tawag nang mapansin ni Tonet na pasado alas-nuwebe na at kailangan na rin niyang tapusin ang Daily Lesson Log na gagamitin niya para bukas.

Ang huling sinabi niya, “Kaya natin ‘to.”

Positibo. Nag-uudyok na patatagin ang loob at buong-tapang na harapin ang bukas. Ang ganda sana. ‘Yon nga lang, matagal na namang naiba ang ibig sabihin ng pangungusap na ‘yon sa diksyonaryo naming dalawa.

Ibinalik ko ang buong atensyon sa screen ng kompyuter at sinubukan uling tumipa.

*Activity.*

Bura-bura.

*Let’s Practice. Question One. Find the value of x if …*

Muling kumurap-kurap ang cursor. Nablangko ang utak ko. Na naman. Punyeta.

Sinapo ko ang noo ko saka sumandal sa kinauupuan. Lumangitngit iyon nang maglapat ang likod ko at ang matigas na kawayan. Unti-unti, ipinikit ko ang mga mata ko, hindi para magpaduyan sa antok, kundi para mag-isip.

Tinalunton ng diwa ko ang mga nangyari sa nakalipas na dalawang taon.

Ikalabinsiyam ng Marso nang unang idineklarang wala nang pasok ang mga bata sa pampubliko at pribadong paaralan dahil sa banta ng COVID. Mabuti na lang, patapos na ang taong-panuruan. Nakaraos nang kahit papaano, mapayapa.

Hindi na kami nagkita-kita ulit pagkatapos. Katulad sa iba, ipinakilala sa amin ang *Work-from-Home setup*. Sa bahay lang ang trabaho, mas magaan daw ang buhay, di na maiipit sa trapik.

Noong umpisa, totoo namang ramdam ko ang gaan. Sa sobrang gaan, kami ng mga katrabaho ko, nakahanap pa ng bagong pagkakaabalahan. Naging instant plantito at plantita, naging animal lover, natutong mag-drive.

Isang buwang ganoon ang kalakaran. At sa isang buwan ‘yon, sabi ko, okay rin pala ang ganito, may ginhawa, kahit papa’no. Nagagawa ang mga bagay na gustong gawin dahil may oras sa paggawa ng mga iyon. Hindi

kailangang pumasok nang maaga para lang umuwi nang dis-oras ng gabi. Malaya.

Pagpasok nga lang ng ikalawang buwan ng lockdown, biglang nagbago ang mundo. Nagising ako isang araw na parang binuhusan ng malamig na tubig.

Ilang beses kong binasa ang text na natanggap ko mula sa isang dating estudyante.

*“Mam Pat kakapalan q na po muka q. baka po pede umutang kahit 100 lang walang2x n po tlaga kami mam nawalan po trabaho si papa sori po mam kau lang po naisip qng pede lapitan”*

Agad akong tumipa ng sagot: *“Nandiyan ka ba sa inyo? Idaan ko yung pera.”*

Sa isip ko, aabutan ko siya ng limang daan. Hindi na kailangang bayaran. Pilit kinumbinsi ang sariling hindi man sapat ang maibigay ko, makatutulong pa rin iyon.

Pero ang totoo, nabagabag ako. Nabagabag ako ng mga multong pilit kong tinakasan at hindi nilingon noong unang pumutok ang balita tungkol sa pandemya at inanunsyo ang malawakang lockdown sa bansa. Nabagabag ako ng mga boses na hindi ko pinakinggan dahil mas nangibabaw ang sayang dulot ng gaan na noon ko lang naranasan.

Nahiya ako sa sarili ko. “Tangina. Anong klaseng guro ba ako?”

Naging palagian ang pagbisita at pangungumusta sa akin ng tanong na iyon—lamat sa aking pagkatao. At ang nakakatawa, hindi nagtapos do’n ang mga tinik na dumusta sa akin bilang guro. Hindi natapos sa palaisipan kung mabuti ba ako o masama. Hindi tumigil sa tagpong iyon ang mga tanong. Nadagdagan pa nga nang nadagdagan at nadagdagan pa ulit, lalo na nang inanunsyong kahit anong mangyari, itutuloy ang pagbubukas ng klase nang bandang Oktubre.

“No student shall be left behind. Education for all.” Punyetang mga islogan, nakakasuka.

“Gawin n’yo na ang modules ninyo. Target natin na makatapos nang mid-August. Ipapa-screen pa natin ‘yan sa committee bago i-release,” naalala kong sinabi ng Principal namin isang hapon, buwan ng Hulyo.

Doon nagsimula ang kalbaryo ng paggawa ng modyul, ni walang

naganap na ibayong paghahanda. Meron naman pala—sandamakmak na free Zoom webinar nga pala ang ipinasa sa amin at kasama sa obligasyon namin ang dumalo. Kesehodang Sabado ‘yan o Linggo, US time, UK time, o kung ano mang time na ang katumbas sa atin ay gabing-gabi. Walang magagawa, kailangang daluhan.

Binawi ang lahat ng gaan na naramdaman ko noong unang buwan ng lockdown. At hindi lang basta binawi, siniguro pang hindi ko na mararamdamang buhay pa ako. Tuluyan nang nawala ang harang na naghihiwalay sa personal na buhay at trabaho. Ang bawat araw ng Linggo na dapat ay araw ng paglalaba, naging araw ng Zoom workshop at paggawa ng modyul para maihabol sa deadline.

Sa panahong ‘yon naglabasan ang mga paskil tungkol sa mga guro. Katulad daw ng mga Healthcare worker, bayani rin kami. Matagal ko nang natanggap na ang mga taong tinatawag na bayani sa bansang ito ay ang mga taong walang-ibang magawa kundi tumango, um-oo, at pumayag sa pang-aabuso.

Ang Pilipinas ay isang bansang mapang-abuso. Kasalanan ko rin nga siguro. Noong pumasa ako sa licensure exam upang maging guro sa sekundarya, limang taon na ang nakalipas, alam ko nang digmaan ang susuungin ko. Binalaan naman ako ng mga tao sa paligid, wala raw pera sa trabahong ito, puro pagdurusa. Papasok kang buhay na buhay, uuwi kang sugatan o baldado o lupaypay.

Nang tuluyang magbukas ang taong-panuruan, ni hindi ko alam kung paano magsisimula. Alam kong hindi pa ako handa at hindi lang ang mental na aspekto ng pagiging handa ang tinutukoy ko—hindi ako handa sa lahat. Paano haharap sa bata? Astang vlogger ba dapat? Astang Dora? Astang Steve ng Blue’s Clues? Batibot?

Kinuwestiyon ko ang kakayahan ko bilang guro. Natakot na baka hindi na ako epektibo kung nakakahon na sa birtuwal na mundo.

Unang araw, kapaan. Naramdaman ko ang parehong pakiramdam nang unang beses akong tumuntong sa silid-aralan upang magturo. Tutok na ang electric fan sa mukha ko ngunit panay pa rin ang paypay sa sarili gamit ang kamay. Nang magsalita ako, garalgal na “Good morning” ang lumabas. Pinindot ko agad ang mute. Lunok nang ilang ulit sabay dampot sa

nakahandang baso ng tubig sa gilid.

Umakto akong parang walang nangyari pagkatapos. Bumati ulit ng magandang umaga at masiglang sinimulan ang diskusyon sa pagpapakilala. Pilit pinasaya ang boses. Pilit kinumbinsi, hindi lang ang mga bata, kundi pati ang sarili, na maayos ang lahat, na okay lang ito, na masayang magturo kahit ang nakikita ko lang sa screen ay ang unang letra sa pangalan ng mga estudyante, na nakalagay sa loob ng isang bilog. Walang nagbubukas ng kamera at hindi mabilis ang sagot sa mga tanong. Hindi ko nga sigurado kung may kausap pa ako. Lahat naninibago. Pero sige, ayos lang ito. Okay lang ang lahat. Kahit sa loob-loob ko, "'Tangina. Hindi okay 'to."

"O, Patring, ngiting-ngiti ka kanina. Ano ga't sambakol na ang mukha mo ngayon?" Naalala kong komento ng nanay ko nang makita niya kung paano nabura, pagkatapos na pagkatapos ng klase, ang ngiti ko.

Hindi ko siya sinagot. Uminom lang ako ng tubig, sinuklay ang buhok gamit ang kamay, huminga nang malalim, at ngumiti. Tama, 'wag kalimutang ngumiti ... at click, "Good morning, class! Kumusta kayo?"

"Ma'am, choppy po," sagot ng isang bata. "Putol-putol po kayo."

Sumenyas ako ng "saglit" sa pamamagitan ng pagtataas ng kanang kamay. Lumabas ng Zoom at pagbalik ay bumati ulit. Okay na raw, dinig na nila. Salamat naman.

Naging ganoon ang bagong normal para sa akin. Online class hanggang alas-tres, attend ng mga miting at hindi pa rin natatapos na webinar tungkol sa kung saan-saan, tsek ng mga ipinasang gawain at modyul ng mga bata, gawa at pasa ng mga report at lesson log, tawag sa mga magulang na hindi kumukuha ng modyul, home visit sa mga batang hindi kinakayang sumabay sa iba, at tambay sa Messenger hanggang madaling-araw, na may sangkaterbang group chat, kasama ang mga bata, mga magulang, at mga kapwa-guro.

Walang-katapusang pangamba. Walang-katapusang pagtuturo. Walang-katapusang pagsagot sa mga tanong. Walang-katapusang trabaho.

Lahat naman ng iyon, para sa mga bata. Dahil kung ako ngang guro, hirap na hirap sumabay, paano pa sila? Kung ako ngang guro, natatakot at may mga pangamba, e, di lalo na sila.

'Yon nga lang, habang tumatagal, mas nadama ko ang pagod. 'Yong

klase ng pagod na hindi na lang pampisikal, kundi nanunuot sa kaibuturan, umuugat sa diwa, nagpaparalisa sa sistema, at nanggigising sa madaling-araw. Mas naging mahirap para sa akin ang bumangon nang may ngiti sa labi. Mas nahirapan akong kumbinsihin ang sariling maayos ang lahat.

Muli akong kinumusta ng isang tanong: *"Anong klaseng guro ba ako?"* At nadagdagan pa iyon ng bagong kaibigan, *"May karapatan ba akong mapagod, magreklamo?"*

"Alam mo, same here! But at the end of the day, we are teachers. We have to act like everything is fine. Kahit nasusunog na ang building, kung saan tayo nagtuturo, kailangang kalmado pa rin, di ba? Kahit lumilindol, hindi puwedeng mag-panic. Pandemya, COVID, 'Sus, easy, tuloy ang klase! Kaya natin 'to," sarkastikong pahayag ni Tonet noong araw na kinausap ko siya tungkol sa mga pangamba ko.

"Kaya natin 'to kasi bayani tayo?" tanong ko.

"No! Kaya natin 'to kasi wala tayong choice!"

Naaalala ko kung paano sumabog sa hangin ang halakhakan namin dahil sa sagot niya. Pinunasan ko ang umalpas na luha sa gilid ng mata ko habang sapo-sapo ang tiyan.

Mabuti na lang at may Tonet akong kaibigan. Pero hanggang kailan namin papasanin ang ganitong bigat? Hanggang kailan kailangang magtiis at magpanggap na okay lang ang lahat?

Napapitlag ako at natigil sa malalim na pag-iisip nang makarinig ng tatlong mahihinang katok mula sa pinto. Sinulyapan ko ang oras sa kompyuter—alas-onse na. Panay pa rin ang pagkurap ng cursor. Mabuti pa ang isang 'to, walang-kasawaan, hindi napapagod.

Lumangitngit ang kawayang-upuan nang tumayo ako. Mabagal ang hakbang na lumapit ako sa bintana at sumilip.

"Sino ho 'yan?" Kumurap-kurap ako para maaninag ang taong kumakatok sa labas. Nakita ko agad ang isang matandang babaeng hanggang balikat ang buhok, nakasuot ng asul na jacket, at naka-face mask.

"Ay, Ma'am, pasensya na po sa abala. Alam ko pong gabing-gabi na. Ako po, e, may itatanong la-ang. Nanay po ako ni Kian Demesa," wika ng matanda nang marinig ako.



Nagmadali ako sa pagbukas ng pinto. Inanyayahan ko ang bisita

papasok ngunit ayaw niyang tumuloy. "'Wag na po. Ako, e, mabilis lang din naman."

"Ano ho ang sadya natin?" tanong kong may ilang dipang distansya sa pagitan namin.

"Si Kian po kasi, e, hindi pa nakakapagpabakuna. Wala pa po kasing slot. Nagpalista na naman po, ilang buwan na ang nakaraan, e, kaso nga la-ang, wala kaming kakilala sa barangay kaya ..." Tumikhim siya. Nag-iwas ng tingin.

Agad kong naintindihan ang ibig niyang sabihin. Walang kakilala sa barangay. Hindi priority. Aasa lang hangga't puwedeng umasa.

Tumango ako. "Kung hindi pa ho nababakunahan si Kian, okay lang ho. Puwede pa rin siyang pumasok bukas. Nakasaad naman ho sa memo na ang lahat ay puwede nang magbalik-eskuwela. 'Yon nga lang, ipapraktis pa rin ho natin ang minimum health standards at naka-mask pa rin," paliwanag ko.

"Sige po, Ma'am. Salamat po, ha."

Ngumiti ako nang magtama ang paningin namin. Hindi ko man nakikita ang kanyang labi, ang pagsingkit ng mga mata niya at pag-angat ng pisngi ang naging daan upang malaman kong nakangiti rin siya.

"Wala hong anuman."

Ilang ulit pa siyang tumango bago umakmang tatalikod. Bahagya akong natigilan nang humarap siya ulit at nagsalita, "Ay, Ma'am ..."

"Ho?"

Tinitigan niya ako. Matagal. Yumuko siya saka humugot ng isang malalim na hininga. Nang muling magtama ang paningin namin, hindi na iyon naniningkit, nabura na ang ngiti. Napalitan ng ... sa basa ko ay kaba, takot?

"Magiging ..." Tumikhim siya. "Magiging maayos naman po ang lahat, ano, Ma'am?"

Kinagat ko ang labi ko. Walang makapang sagot.

Kung magiging tapat ako, siguradong ang lalabas sa bibig ko, *"Hindi ko ho alam pero malamang ho ay hindi. Hindi pa o baka hindi na."*

Pero bilang guro, alam kong walang-puwang ang ganoong sagot sa ganitong usapan. Isa ito sa maraming pagkakataong kailangan kong itago

ang totoong nararamdaman. Isa sa maraming pagkakataong kailangang magpanggap.

“Oho …” Muli kong kinagat ang aking labi, na parang may kung anong nakabara sa lalamunan ko. “Opo … Siguro naman ho, magiging maayos ang lahat.” Sumabog sa bibig ko ang lasa ng kalawang.

Sa ikalawang pagkakataon, naningkit ang mga mata ng nanay ni Kian at umangat ang pisngi. “Sige po, Ma’am, salamat po talaga at pasensya na sa abala. Sa totoo lang po, e, kabado talaga ako. E, alam naman po nating kahit ang tagal-tagal na ng COVID na iyan, may mga nahahawa pa’t namamatay. Ako lang po, e, talagang nagdadalawang-isip na papasukin si Tutoy. Pero hayun nga po, mabuti at nakausap ko kayo. Pampalakas ng loob po, kumbaga.”

*“Pampalakas ng loob …”* Nalalasahan ko pa rin ang kalawang.

Karampot na ngiti na lamang ang naisagot ko sa matanda. Naiwan akong nakatayo sa bukana ng pinto at hindi maintindihan kung anong dapat maramdaman.

May ilang minuto akong nag-ugat sa kinatatayuan bago ko tuluyang nakumbinsi ang sariling pumasok muli sa loob ng bahay. Nanghihinang sumandal ako sa upuang-kawayan at sandaling tumitig sa kawalan.

Sa harap ko ay nakasisilaw ang puting liwanag na nagmumula sa kompyuter at ang pagkurap ng cursor. Ginalaw ko ang mouse at sinimulang tumipa.

Mabagal. Paisa-isang salita hanggang sa makabuo ng panuto. Sunod naman ang mga equation, ang computation, ang answer key.

Ilang saglit pa’t nagtuloy-tuloy na rin ang bulwak ng ideya. Panay ang langitngit ng keyboard, walang-pahinga. Paminsan-minsan ay bumibilis ang pagtipa at biglang babagal, may ritmong nabubuo, humuhuni, kasabay ng bawat kong paghinga.

Dalawang taon na mula nang magsimula ang pandemya. Ngunit hanggang ngayon, hindi ko masagot kung anong klaseng guro ako. Hanggang ngayon, hindi malinaw kung mabuti ako o masama, magaling o hindi, totoong may silbi o kahihiyan lamang sa hanay ng mga kaguruan. Pero ngayong gabi, may nasiguro ako. Ano’t anuman, magtatrabaho ako nang may dangal.

Tinitigan ko ang natapos na presentasyon sa aking harapan. Sabay kong kinapa ang CTRL at S, pinagalaw ang mouse, at saka pinindot ang X sa itaas na bahagi ng screen. Nawala ang presentasyon. Napalitan ng litratong naghuhumiyaw sa kulay ng kalimbahin.

Nang mag-vibrate ang cellphone ko ay kinuha ko agad iyon at binuksan. Mensahe ni Beb sa aming group chat ang bumungad sa akin.

*“Bat pakiramdam ko ang masasabi ko bukas pag maingay ang klase, “everyone, pls mute your mic.*”

Napangiti ako at saka tumipa: “*ang isasagot nila ... mam choppy po kayo.”*

# *ELIZABETH JOY SERRANO-QUIJANO*

Si Elizabeth Joy Serrano-Quijano ay isang Blaan na ipinanganak sa Matanao, Davao del Sur. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Development Communication sa Southern Philippines Agribusiness and Marine and Aquatic School of Technology sa Davao Occidental. Ang kaniyang mga kuwento ay nagsisilbi rin bilang kaniyang mga adbokasiya upang mapagyaman at maibahagi ang kultura ng mga Blaan sa Davao del Sur. Ang kanyang mga pananaliksik at kuwento ay nakatuon sa mga katutubo, kultura, kuwentong bayan, kalikasan, pagiging ina, at mga bata dahil isa rin siyang ina at asawa.

# MGA LUBID SA BINTANA

Habang umuusok ang abuhan[1] nina Iday, inayos niya ang kanyang mga gamit na dadalhin sa paaralan. Tatlong taon na siyang guro sa Subang National High School. Taong 2018 siya nakapasok sa serbisyo at sabi pa ng kanyang Ye[2], magpasalamat siya kay Gob. dahil pinakiusapan niya ito upang madali siyang makapasok sa DepEd.

"Ye, di na ako mag-aagahan. Humigop na ako ng kape. Ang kaning mais, nabuyok[3] na 'yon, ikaw na lang ang maghain," ang bilin ni Iday sa kanyang ina na nagwawalis pa sa kanilang likod-bahay. Sampung taon na nang mamatay ang ama ni Iday dahil sa aksidente. Habang nagmamaneho ng habal-habal, napatid ang gulong ng lubid ng nakawalang kambing, na sanhi ng agarang pagkamatay nito. Labindalawang taong gulang lamang si Iday noong panahong iyon. At nang mawala ang ama, itinaguyod na siya ng kanyang Ye sa pamamagitan ng paggawa ng lubid mula sa abaka. Malaki at malawak ang taniman ni Gob. sa kanilang bayan. Ang kanilang bahay ay nasa gilid ng planta ng tubo at nasa harap naman ang maisan, at sa unahan ay taniman ng abaka. Karamihan sa mga nakatira sa kanilang baryo ay mga katutubong Blaan.

Nagtapos si Iday ng kanyang pag-aaral sa State College na nasa sentro ng kanilang bayan. Pinili niya ang pagtuturo dahil 'yon ang gusto ng kanyang Ye. Ito rin ang pangarap ng kanyang ama, na maging guro siya sa

kanilang baryo.

Bata pa lang si Iday, naiiba na siya sa kanyang mga kaedad dahil hindi matigas ang kanyang dila, lalo na sa pagsasalita ng Filipino. Sa tingin din ng kanyang Ye, mas mainam na Filipino ang kunin niyang Major dahil madali lang ito, "Magulang lang sa Bisaya."[4]

Dahil may hitsura, marami ang nagkagusto sa kanya noong nag-aaral pa siya. Naging Miss Intrams pa nga siya. Ngunit ang paalala ng kanyang Ye ang bumabalik sa isipan niya tuwing natutukso na siya.

"'Day, ang baon mo!" sigaw ni Fe sa anak ngunit nakaalis na pala ito. Nag-aalala si Fe dahil sa napapansing pagkamalilimutin ng anak nitong nakaraang linggo. Noong nag-umpisa ang lockdown, pandemya, at pagkalat ng virus, hindi na niya masyadong nakakausap ang anak.

"Itong batang 'to, ano bang nangyayari sa kanya, Dwata[5]? Dwata, 'wag mo pong pabayaan ang anak ko!" awtomatikong napakrus at napadasal na lamang si Fe. Maraming Blaan ang naging Kristiyano, lalo na noong dekada nobenta dahil sa pagdating ng mga paring Heswita sa kanilang baryo. Ngunit wala nang nagsisimba sa kanilang maliit na kapilya, lalo na noong pandemya. Sabi nga ni Fe sa kanyang anak, "Wala namang gaganahang magsimba dahil sa hirap ng panahon ngayon. Parang wala namang Diyos."

Kagabi, narinig niya na tuloy-tuloy ang pag-print ng anak ng mga module na ipamamahagi sa mga estudyante nito. Kahit pinaalalahanan na niya ang anak na huwag sumobra sa pagtatrabaho, parang wala itong narinig kundi ang ingay ng printer at lutong ng stapler.

"Good morning, Ma'am Anching! Naunahan mo ako, a!" bati ni Iday sa kasama niyang guro na kaedad ng kanyang ina.

"'Oy, 'Day, mabuti at nandito ka na. May ipapakiusap sana ako. Iyong modules ko, pakidala mamaya sa Asbang dahil luluwas ako sa Davao. Mag-lo-loan ako sa GSIS at dadaanan ko na rin 'yong Pag-IBIG ko, kung ano na ang resulta no'n. Alam mo naman dito, mauubos na ang oras ko sa biyahe pa lang, ang mahal pa ng pamasahe."

"Ay, walang problema, Ma'am. Ako na ang bahala. May tabbing at mga pangalan naman, di ba?" tanong ni Iday.

"Oo naman, kumpleto na 'yan. Tinulungan ako ni Jojo kagabi,"

sagot ni Anching na ang tinutukoy ay ang panganay nito.

Napalis ang ngiti ni Anching nang maalala ang lubid na nakabitin sa kanilang bintana. Dalawa ang anak niya, si Jojo at si Biboy. Ngunit tatlong buwan na ang nakalipas nang makita niyang nagbigti ang kanyang bunso. Napansin ni Iday ang biglaang pagkalungkot ng kasamang guro kaya nilapitan niya ito at niyakap. Humagulhol ito.

Naghintay sa labas ng paaralan ang kinontratang habal-habal ni Iday. Kahit malapit lang ang Sityo Asbang, matarik ang daan patungo sa sityo at maraming malilit na ilog ang tatawirin kaya kailangan na sumakay sa malalaking motor, na kagaya ng motor ni Serhing. Ang Asbang ay isa sa pinakamahirap na sityo sa kanilang bayan. Kahit na sagana ito sa tubig, dahil ang kahulugan ng Asbang ay maliit na sapa, may iilang Blaan pa rin ang nakatira rito. Karamihan sa mga mag-aaral mula rito ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral. Kaya ginawang personal na misyon ni Iday na maihatid ang edukasyon sa mga taga-Asbang, kahit pa ang pamasahe papunta roon ay mula sa kanyang sariling bulsa.

"'Hing, kunin mo 'yong isang karton doon. Modules 'yon ni Ma'am Anching," sabi ni Iday kay Serhing habang dala niya ang kanyang modules. Mabuti na lang at mahigit tatlumpu na lang ang estudyante niya sa Second Year at nauna na niyang naihatid ang ibang modules noong nakaraang araw.

Kinuha ni Serhing ang mga module at dumeretso na sila papuntang Sityo Asbang. Habang bumabiyahe, hindi magawang maipikit ni Iday ang mga mata dahil sa dami ng nakasabit na lubid sa mga bintana ng mga kabahayan sa kanilang baryo. Oo nga't wala na ang pandemya at may vaccine na, na ipinamahagi ng gobyerno ng Russia at United Kingdom, ngunit ang klase ay hindi pa naibabalik sa normal dahil sa iilang kadahilanan.

Hindi na nag-ma-mask ang mga tao, wala nang nagbebenta ng face shield, motorcycle barrier, at bumalik na sa dating presyo ang mga alcohol at hand sanitizer. Puwede nang magyakapan, maghalikan, at maghawakan ng kamay ang mga umiibig. Noong dumating ang pandemya, isa si Iday sa mga guro na nagsumikap na mabigyan ng modules ang mga mag-aaral, kahit na limitado ang kanilang budget sa paaralan.

Abala sa pamimigay ng solicitation ang mga kasamahan ni Iday sa kanilang mga kaibigan at mga kakilala. At kahit si Gob., nagbigay ng

limang printer at isang trak ng bond paper sa kanila. Malapit na rin kasi ang eleksyon at tuwing eleksyon lang dumarating ang mga tulong mula sa bayan. Tinukso nila si Iday na baka type siya ni Gob. kaya marami ang ibinigay nito sa kanilang paaralan. Ngunit hindi na ito pinansin ni Iday.

"Grabe talaga 'yong COVID, Ma'am, 'no? Ang daming namatay," sabi ni Serhing habang nagmamaneho. Hindi na umimik si Iday. Hindi rin naman niya maulinigan ang sinasabi ni Serhing. Noong nakaraang taon at kasagsagan ng pagtaas ng COVID sa kanilang bayan, may iilan ang namatay dahil sa virus. Ngunit mas marami ang namatay dahil sa suicide. Isa na rito ang kanyang estudyante at pinsan na si Marcy, na katorse anyos na dalagita ang nagbigti.

"Marcy! Marcyyyyyyyyyyy!!!" ang malakas na balahaw ng ina ni Marcy na si Nang Charing, na pinsang-buo ng ina ni Iday na si Fe.

"Dahil ito sa 'yo, 'Day! Dahil ito sa lintik n'yong module! Dahil ito sa mga gurong kagaya mo! Hindi na kayo naawa!" ang sumbat ni Nang Charing kay Iday habang yakap-yakap ang patay na katawan ng anak.

Naninigas na ang bangkay nito nang makita siyang nakabigti sa sanga ng mangga sa kanilang likod-bahay. Si Iday ang adviser ni Marcy. Tahimik lang siyang bata, ngunit matalino kaya siya ang nauutusan at pinagkakatiwalaan ni Iday sa kanyang klase. Na-pressure daw ito dahil walang pambili ng cellphone ang kanyang mga magulang at ang kanyang mga kaklase ay may bagong cellphone para sa online class. Gaya ng Ye ni Iday, gumagawa rin ng lubid mula sa abaka si Nang Charing at biyuda rin ito. Kapos na kapos ang pera nilang mag-anak at mas lalo pang kinapos noong nagkapandemya.

Maraming tagabaryo Subang ang naghihirap. Walang maayos na daan at pahirapan ang biyahe ng mga tao at ng kanilang mga produkto. May mga nagsabing isang sumpa ang mga insidente ng pagpapakamatay ng mga kabataan sa Asbang. Hindi lang si Marcy ang nagpakamatay sa kanilang bayan. Ikaapat siya at may sampu pang sumunod. May iba pang nagtangka rin ngunit naagapan ito at hindi natuloy.

Ang paliwanag ng nag-iisang doktor sa kanilang bayan, maaaring depresyon na bunga ng limitadong pagkilos at pagbabago mula sa mga nakagawian ang nangyari sa mga kabataan. Kung bakit sunod-sunod at

ganoon karami, hindi na ito maipaliwanag ng doktor. Hindi rin naman kailangan ng mga magulang ang paliwanag. Ang tanging gusto lamang nila ay maibalik ang buhay ng kanilang mga anak. Ang sabi naman ng matatandang Blaan, parusa ito ni Dwata sa kanila dahil ang lupang pamana ng kanilang mga ninuno ay hindi nila ipinaglaban. Inangkin na lahat ito ni Gob. at planong gawing planta.

"Ante, Ante, patawarin mo ako. Hindi ko sinasadya na hindi ko nabantayan si Marcy," nagsusumamong sabi ni Iday sa kanyang tiyahin.

Hindi na pinapunta sa lamay ang iba pang guro ni Marcy, kasama na si Iday. Ilang linggo na ang nakalipas matapos ang libing ni Marcy, lumipat ng tirahan ang kanyang pamilya sa kabilang barangay. Bago lumipat ay ipinaputol ni Nang Charing ang puno ng mangga, kung saan natagpuang patay ang anak.

"Ma'am, nandito na tayo," pukaw ni Serhing sa kanyang naglalakbay na isipan. Sa ilang bahay, may mga lubid na nakasabit sa mga bintana.

"Good morning, Miss Dalumatan!" sabay-sabay na bati ng kanyang mga estudyante na naghihintay sa kanilang mga module.

"Ma'am, hindi ko natapos ang Filipino dahil ang hirap. Hindi rin marunong magbasa si Ye, Ma'am," ang sabi ng isa sa kanyang estudyante. Ngiti at tango lang ang tugon ni Iday bago niya tinawag nang isa-isa ang mga estudyante na nakatira sa Asbang.

Ayon sa memorandum na ipinalabas ng kanilang Division Office, kahit may vaccine na kontra-sa-COVID, hindi pa sila puwedeng bumalik sa nakasanayang face-to-face na klase dahil isinailalim sa mental at psychological debriefing at therapy ang mga guro at mga mag-aaral na nakitaan ng senyales ng depresyon at stress. Dahil sa pagtaas ng kaso ng suicide ng mga kabataan sa kanilang bayan, at ang lahat ng nagpakamatay ay mag-aaral ng DepEd, kaya hindi muna ibinalik sa normal ang klase. Isang malaking palaisipan ang pagtaas ng kaso ng suicide sa isang tagong bayan. Sabi ng ilan, depresyon. May mga nagsabi rin na epekto ito ng bandwagon o gumagaya lamang sa uso ang ibang mga nagpakamatay. Isang guro rin ang nagpakamatay dahil sa stress at fatigue at sinisi nito ang sarili dahil sa kanyang mga estudyanteng nagpakamatay.

Hapon na nang makauwi si Iday sakay pa rin sa kanyang bolante[6]

na si Serhing. Pagod na pagod na ang katawan niya. Pagod na pagod na ang lahat sa kanya. Hindi niya maintindihan kung saan nanggaling ang pagod, kung dahil ba ito sa kanyang trabaho o dahil sa mga pangyayari. Naniwala ang lahat na kung mawawala na ang virus, matatapos na rin ang kanilang pagdurusa, babalik na sa normal ang lahat. Ngunit hindi pala. Nagbago na ang lahat. Nagbago na si Iday.

Kung noon, buhay na buhay ang kanyang mga mata, makintab, at makinis ang kanyang balat, maliksi ang kanyang mga buto, ngayon, para na siyang ibang tao. Napakaitim na ng ilalim ng kanyang mga mata. Kanina ay pinagmasdan niya ang kanyang itsura sa salamin. Hindi na niya nakilala ang sarili at napakalabo na ng kanyang mukha sa salamin.

"Ma'am, di na kita idederetso sa inyo. May dadaanan pa kasi akong tahop[7] sa tindahan. Okey lang ba, Ma'am?" tanong ni Serhing sa kanya.

"Okey lang, 'Hing. Lalakarin ko na lang, malapit lang naman. Salamat, ha? Bukas naman ulit," bilin niya kay Serhing. Habang naglalakad siya, namukhaan niya ang mga kapitbahay na nasa kanilang bakuran. Nagtataka siya sa dami ng tao na nasa kanilang bahay. Dumeretso siya sa loob at nakita niya ang kanyang ina na yakap-yakap ang kanyang graduation picture. Umiiyak ito at humahagulhol.

Walang naiintindihan si Iday sa nangyayari at di na siya marinig ng kanyang ina at ng lahat ng nasa kanilang bahay. Habang may nagrorosaryo sa kanilang altar, naroon din si Ma'am Anching. At ang sabi niya, "Kuwarenta diyas na ni Iday ngayon, Nang Fe. Kung nasaan man siya, alam natin na nagpapahinga na siya at kasama niya sina Marcy, Biboy, at ang iba pa."

Tumakbo si Iday palabas at habang nililingon niya ang kanilang bahay, doon, sa kanilang bintana, may nakasabit na maraming lubid na gawa sa abaka.

---

[1] abuhan – isang maliit na kubo na pinaglulutuan at kadalasang nakahiwalay sa bahay at nasa likod-bahay.
[2] Ye – salitang Blaan na tawag sa ina.
[3] nabuyok – salitang Binisaya; tawag sa proseso ng pagluluto ng kaning mais.
[4] magulang lang sa Bisaya – ekspresyon na ang ibig sabihin ay maliit lang ang kaibahan ng wikang Filipino at Bisaya at may literal na kahulugan, na kung sa magkakapatid, panganay ang wikang Filipino at bunso naman ang Bisaya.
[5] Dwata – salitang Blaan na ang ibig sabihin ay Diyos.
[6] bolante – kinontratang drayber ng motorsiklo; araw-araw na maghahatid-sundo sa pasahero.
[7] tahop – ipa mula sa mais o palay.

# Sanaysay

# *RODA TAJON*

Si Roda Tajon ay isang kawani sa isang NGO. Kasalukuyan siyang isang mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat.

# TAPOS, PAGKATAPOS, AT DI MAIPADALANG MGA LIHAM

1. Pagkatapos nito, mabibisita na kita.

Isang taon na ang nakalipas mula nang dinakip ka at ang iyong kasama. Sa balita, nakatayo kayo't kinukunan ng litrato. May hawak na cardboard—kaso, numero ng kaso, pangalan, at alyas. Nakahimpil daw kayo sa bahay ng isang babae—masa ang ginamit na salita. Sugatan ang kasama mo. Nagnaknak daw ang sugat at kailangan ng agarang atensyon. Ikaw naman, tinawag na mataas na opisyal—kadre. Nakasaad sa hawak n'yong cardboard: "Frustrated Murder."

Yayat ang iyong katawan at mukha. Maluwag na ang T-shirt mo, samantalang dati ay sakto sa katawan mo ang medium-sized na T-shirt. Nakasalamin ka pa rin dahil sa tantiya ko, lumala na ang progressive myopia mo.

Sa ilan pang footage, kinunan ka at ang kasama mong nakaupo sa estasyon ng pulis. Pinagpipistahan ng mga sundalo, pulis, at ilang personahe sa midya (na nilalait natin no'n ang paraan ng pag-uulat). Walang physical distancing. Napakahaba ng araw na 'yon. Sa tantiya ko'y hindi ka pa

nakatutulog o nakakakain nang maayos (o kung pinakain na nga ba nila kayo, kahit minsan). Hindi ibinalita kung ang kasama mong may nagnaknak na sugat ay dinala na sa ospital upang mabigyan ng paunang-lunas. Ibinalandra kayo bilang tropeo—tropeong kulay dugo.

Ipinangalandakan sa publiko na kayo'y mga kriminal. Inakusahan nila kayo ng mga hindi masikmurang kaso. Anila, mga terorista kayo—nangingikil sa mamamayan, mga mamamatay-tao.

Hindi katulad ng dati, walang Quick Reaction Team (QRT) na dali-daling susugod kasama ang abogado para masigurong mairerespeto ang karapatan n'yo. May nakabibinging katahimikang dala ang labis na terorismo ng mga humuli sa inyo. Naroon sila't nakakalat sa mga baryo't munisipyo, iniisa-isa ang mga taong tumulong at kumupkop daw sa inyo. Ilang buwan bago nangyari ang pagdakip na ito, inisa-isa ang mga dati nating kaibigan at kasama at pilit na pinasumpang hindi na susuporta sa anumang grupo. May pirmahan, may sumpaang naganap, at may pampublikong paghingi ng paumanhin, kahit wala naman talagang dapat ipagpaumanhin. Pinalala pa ng pandemya at mga limitadong pagkilos kaya wala halos makabiyahe para tuntunin kayo.

Ang totoo'y unti-unti akong nalulunod sa pagkabagabag habang nakikita kitang pinagpipistahan at dagsa ang mga text ng mga kakilala natin. Umaasa silang sasagutin ko sila pero ano naman ang isasagot ko? Hindi pa ba malinaw sa mga ulat sa telebisyon at radyo? Paulit-ulit ko ring itinatanong sa kawalan kung kumusta ka na, kung nakakakain ka ba, kung nakatutulog, kung may nakakausap, at kung ligtas ka.

Hindi ka masamang tao. Hindi ka kriminal.

No'ng nagpaalam ka sa aming nakapagpasya ka na't handa ka nang iwan ang dati mong buhay, wala akong ibang naramdaman kundi ang paghanga sa iyo. Nakaka-proud. May maalwan kang buhay, kung tutuusin, at maraming oportunidad ang naghihintay sa iyo dahil sa angkin mong talino, husay, at sigasig. Mahusay kang magsulat, mahusay ka sa teknikal na aspekto ng kompyuter, matalino't may pinag-aralan. Pero pinili mong tahakin ang landas na maputik, matinik, at madulas para lang makapag-ambag sa paglaya ng mga magsasaka at iba pang aping uri. Isinantabi mo ang pansarili mong ligaya at mahigpit na pinanghawakan ang rebolusyonaryong

paninindigan.

Pagkatapos nito, sana ay madalaw na kita.

Dati-rati, magkasama tayong bumibisita sa mga bilanggong pulitikal. Kasama kitang nagdadala ng mga pagkaing na-solicit natin at saka iba pang gamit na kailangan nila, gaya ng mga libro, damit, at tsinelas—mga pambawas-bagot at tulong na rin sa mga kapwa nila bilanggo, pulitikal man o karaniwang krimen. Nagtitiis tayo sa init at sikip ng Minibus dahil 'yon lang ang kaya ng pamasahe natin. Kapag tayo ang nakatokang bumisita sa mga bilanggong pulitikal, walang-tigil ang tsismisan natin. Sa higit isa o dalawang oras na biyahe, magkukuwentuhan tayo sa bus tungkol sa iba't ibang bagay—mga gawain natin, mga kinaaasaran, mga gustong gawin para mas maraming maorganisa at mapakilos, at siyempre, ang mga love life natin. Na-miss ko ang mga kuwentuhan at asaran natin. Tiyak kong ikaw ang unang maaasar dahil madali kang mapikon kapag kinukulit ka namin noon. Kumusta ka na kaya ngayon? Naging kaibigan mo rin kaya ang mga bilanggo? Naging opisyal ka na ba sa inyong selda, katulad ng mga binisita natin, na nagkaroon din ng katungkulan sa kanilang selda dahil sa kanilang kabutihan at pagiging mapagmalasakit?

Pagkatapos nito, sana ay mabisita na kita. Tapos, pagkatapos ay kakapit ako sa pisi ng katiyakan sa ating maikling kuwentuhan na kahit paano'y nasa maayos ang lagay mo, na ligtas ka, at nakakapit sa pag-asang lalaya ka isang araw. Dahil ako rin, umaasang darating ang araw na sasalubungin ka namin ng matamis na pagbati sa iyong paglaya.

2. Pagkatapos nito, makapagluluksa na tayo.

Marahil, ang 2020 ang pinakamasakit na taon para sa atin. Sa mismong Araw ng mga Puso, malatokhang na pinaslang ang pinakamamahal mo, kasama ang dalawa pang kasamang haligi na ng rebolusyonaryong kilusan.

Malagim na balita sa araw ng mga puso. Nakatanggap ako ng text mula sa isa o dalawang kaibigan. Walang paliwanag. Tanging pangalan lang ang laman ng text. Tinanong ko, *"Ano bang nangyari?"* Ipinadala sa akin ang isang artikulo mula sa isang website ng estasyon ng radyo: *Dalawang babae at isang lalaki, nakahandusay ang mga katawang naliligo sa dugo sa isang*

*bahay.*

Ayon sa balita, may naganap daw na labanan sa bahay. Di yata't nakapagtatakang walang nagising sa mga natutulog sa bahay kung talagang may serye ng putukang naganap. Ang isa pang kaduda-duda, tatlo lang sila. Lampas sampu ang mga sundalong naka-engkuwentro nila. Maanong inaresto na lamang sila at ikinulong? Ibinalandra muli sa midya ang mga bangkay—ginawang tropeo. Hindi pa nasiyahan, ginamit pa ang retorika ng "nanlaban." Walang-simbangis, katulad ng mga pamamaslang sa giyera kontra-droga.

Sana'y narinig mo ang alingawngaw ng pananangis sa kanilang pagkamatay. Umaagos ang mga luha't pagkilala sa kanila, lalo na sa pinakamamahal mo noong araw ng parangal. May tawanan din. Nagmistulang reunion ng mga kasama at kaibigan, mga matagal nang hindi nagkikita o nagkakausap. Mga kumikilos pa rin. Mga bagong tangkas ng mga organisador at lider-masa. Natatawa na naiiyak. Para yata kaming mga baliw habang nagpupuyat sa huling gabi niya, inaalala ang mga araw na magkakasama tayo sa isang opisina.  Wala ka pero pakiramdam nami'y kasama ka namin, gaya ng mga parangal na naroon ka't nasa gilid, tahimik na sumasabay sa kanta.

At sino ba naman ang makalilimot sa inyong pagmamahalan? Ako ang unang nakaalam na itinatangi mo siya. Nagdadrama ka no'n na ayaw mong umasa dahil sa pakiwari mo, straight siya. Di ba't nasa inyo na ang lahat ng kondisyon para maging malapit at matuklasan ang umuusbong na pag-ibig n'yo sa isa't isa? At sino ba naman ang makalilimot na in-upstage n'yo ang pagkakataon na pinansin (at niyakap) ako ng crush kong pulitiko sa isang aktibidad natin dahil inanunsiyo n'yong magkarelasyon na kayo?

Naaasar pa ako pero masayang-masaya ako para sa iyo. Nasaksihan ko kasi ang relasyon mong di-naglaon ay nawala rin dahil hindi nila maunawaan ang pinili mong buhay. Itong pag-ibig n'yo, pinanday ng pagkilos at iisang adhika. Magkasama n'yong pinangibabawan ang mga kontradiksyon. Magkatuwang na tinahak ang landas na hindi kadalasang pinipili ng mga kabataang tulad natin.

Alam kong ibinuhos mo ang iyong pagluluksa sa liham mo noong gabi ng parangal. Pero wala ka roon, sa tabi ng mga kaibigan natin at

pamilya n'yo para gunitain ang makabuluhang buhay na iniambag ng iyong kabiyak. Wala ka roon para makita siya't makapagpaalam sa huling pagkakataon, para mahagkan at mayakap siya. Wala ka rin doon kaya hindi ka man lang namin mayakap at hindi namin maipadama sa iyo ang aming pakikipagdalamhati. Tanging sa mga kuwentuhan at mga alaala lamang namin kayang maipadama sa iyo na kaisa mo kami, na nadarama namin ang bigat, sakit, at galit sa walang-awang pamamaslang sa kanila, na hindi pa pala roon matatapos.

Ilang linggo bago ka mahuli, may nangyaring madugo at marahas na labanan, kung saan kayo gumagampan ng gawain bilang tugon sa pandemya. As usual, ginawa na namang tropeo ang mga bangkay nila. Ginamit upang labis kayong pasamain.

Matindi ang takot at pag-aalala ang sumirit sa kaibuturan ng dibdib ko. "*Paano kung may nangyari sa iyo?*" Samantalang bahagi 'yan ng digmaan. Walang-habas ang pamamaril at pag-atake sa inyo kaya nga may sibilyang napaslang. Isinisi 'yon sa inyo, kahit pa anila sa komunidad, nagpaulan ng mga bala ang mga sundalo. Kakayanin ba naming makapagluksa, gayong maski ang pagdalaw sa lamay ay ipinagbabawal dahil sa lockdown?

Paano nga ba ang magluksa at makaalpas sa gitna ng panggigipit? Marahil, kapwa natin itatanong 'yan sa isa't isa. Sapat na ba ang mahigpit na yakap? Ang katahimikan?

Pagkatapos nito, sana ay magkaroon tayo ng pagkakataong alalahanin sila. Tapos, bibigyang-pugay natin ang kanilang mga alaala. Hindi sasapat ang mga kuwento, tula, at awit, ngunit kahit papaano'y itatawid tayo ng ating sama-samang pagluluksa hanggang sa dumating ang araw na makamit natin ang hustisyang pinakaaasam.



3. Pagkatapos nito, makalalaya ka na.

Madalas, naiisip kita lalo habang nakatiwangwang ako rito sa loob ng bahay sa panahon ng pandemya. Lagi kasing laman ng mga balita ang iba't ibang porma ng panggigipit at pag-atake sa mga aktibista at mga rebolusyonaryo. Natatanga ako sa ilang pagkakataon, binababagabag, at walang-tigil sa kaiisip (at kung minsan, kadadalangin) kung kailan matatapos ang lahat at makalaya

ka na.

Kumusta ka na ba? Pinapakain ka ba nila nang husto? Tinantanan na ba nila ang interogasyon sa iyo? Naipagamot na ba ang kasama mong may sugat? Sana ay umusad na ang gawa-gawang kaso laban sa iyo. Sana ay may pana-panahong bumibisita sa iyo para magdala ng pagkain o kaya'y kahit ilang oras man lang ay makipagkuwentuhan sa iyo.

Madalas kong itanong sa sarili, "*Paano kung dumating na ang araw na makalaya ka?*" Tiyak kong nasasabik ka nang makita ang pamilya mo at nasasabik ka ring makabalik sa iyong gawain—ang magmulat at mag-organisa, ang kumilos para sa inaasam na pagbabago.

Sana, kung sakaling makalaya ka sa lalong madaling panahon, makapagkita tayo. Kahit saglit, makapagkuwentuhan man lamang. Nasasabik din akong makibalita sa iyo. Pitong taon na kasi mula nang huli tayong nagkita. Simula no'n, di na tayo nakapag-usap pa, maski sulat, wala. Marami nang nagbago sa akin, lalo nang lumipat ako't tumira sa kalunsuran. Habang ikaw naman, nagpatuloy at nagpakahusay sa iyong piniling larangan ng pakikibaka hanggang sa mangyari na nga ang pagdakip sa iyo.

Alam kong gagawa at gagawa sila ng paraan para mapanatili ka riyan at biguin ang iyong diwang palaban. Magpakatatag ka sana at patuloy na mangarap. Tumula. Magsulat. Makipagkaibigan. Mahirap tanganan ang pag-asa, ngunit alam kong kakapit ka rito, tulad ng pagkapit mo sa marurupok na baging sa tuwing naglalakad ka sa mabangin na bahagi ng kabundukan.

# *JAMELA ANGELA OBLIGACION*

Si Jamela Angela Obligacion ay isang manggagawang pangkaunlaran at mananaliksik. Nagtapos siya ng BA Philippine Studies, na may espesyal-isasyon sa Malikhaing Pagsulat, sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kursong Masteral sa Araling Pilipino sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

# DI-MABILANG NA PATONG NG PATONG-PATONG

Di ko pa natitikman ang Dalgona coffee at hanggang ngayon ay wala akong balak na uminom nito. Kahit na sunod-sunod na nagsilitawan sa Facebook feed ko ang mga larawan ng malakremang kape, na halos mukhang ice cream at ipinatong sa gatas na may yelo, hindi ko nasubukang sabayan ang uso na ito. Sa tingin ko kasi, sapat o sobra pa nga ang mga pangambang mayroon ako ngayon kaya hindi ko na binalak pang dagdagan ito sa pag-inom ng kape. Sigurado akong maraming Filipino ang tulad kong may ganito karaming patong-patong na mga pangamba.

Bago pa magsimula ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) ay di na ako panatag. Tatlong linggo palang ako sa aking first job noon at kinakapa ko pa ang pagiging propesyonal nang mapabalita na may local transmission na ng COVID-19 sa Pilipinas. Natatandaan ko na bago ang deklarasyon ng ECQ noong Marso 2020, halos ayaw kaming payagan ng aming opisina na mag-*Work-from-Home*. Mukhang takot ang aming opisina na hindi maging produktibo ang kanilang mga empleyado sa bahay, na tila mas iyon pa ang dapat ikatakot at hindi ang virus.

Habang ang mga mutuals ko sa Facebook at Instagram ay naging

abala sa paggawa at panonood ng Tiktok videos, naging abala ako sa paghahanda ng mga supply para sa pamilya namin. Sa groseri, nasaksihan ko kung paano nag-panic buying ang mga tao. Nagkaubusan ng stock ng ethyl alcohol at kung may face mask man ay biglang nagmahal ang presyo. Dahil lower-middle class lang naman ang aming pamilya, di ko maiwasang isipin na dagdag-gastos na naman ang mga bilihing ito.

Nang magsimula ang lockdown at nakakulong na ako sa bahay, ramdam ko kung gaano kalimitado ang espasyo na aking ginagalawan. Bilang isang empleyado, ang madalas na nasa isip ko noon ay kung paano ko gagawin ang aking trabaho sa bahay, lalo na't napakabagal ng internet namin. At kahit noong estudyante pa ako, di ko ito masyadong napakinabangan. Siyempre, kung mas mabagal ang internet, mas mabagal din ang oras ng trabaho ko.

Minsan noon, naiisip ko na sana matularan ko na lang ang mga masipag mag-post ng kanilang pagkain, fitness goals o selfies, at naglalagay ng caption na *#Quaranthings* sa social media, at bakasakaling mabawasan ang mga iniisip ko. Baka mapigilan ko na ang pagbibilang ng mga linggong lumilipas. Paulit-ulit kasi ang nangyayari sa bawat araw: babangon, magsisimulang magtrabaho, susubukang isingit ang pagkain, may dagdag na trabaho hanggang mag-overtime sa gabi, hindi makakatulog nang maayos, at panibagong araw na naman. Di ko maikakaila na madalas kong isipin kung kailan babalik ang lahat sa normal. *"Kailan kaya matatapos 'to?"* Madalas kong itanong ito sa sarili ko sa bawat araw na lumilipas ngayong pandemya.

Noong 2020, ang pinaka-inaabangan ko ay ang seremonya ng aking graduation sa kolehiyo na nakatakda sana sa Hunyo. Marso pa lang ay inaabangan ko na ang araw na magpapaalam ako ng leave sa boss ko. Iyon ang unang pagkakataon na makakaranas ako ng leave sa trabaho ko—sa isang trabaho kung saan hindi maikakailang understaffed kami sa dami ng mga gampanin na kailangan naming matapos sa isang araw.

Ngunit bandang Mayo, naging malinaw sa akin na mukhang hindi matutuloy ang inaasahan ko. Noong Abril at higit pa noong Marso, may pag-asa pa ako noon. Isa ako roon sa mga Filipinong umasa na matatapos sa dalawang linggo o isang buwan ang lockdown. Nakakatawang isipin

na para bang akala natin noon, mabilis lang na mawawala ang virus. Kung ikukumpara naman sa ngayon, noong panahon na iyon, hindi libo-libo ang kaso ng COVID-19 na naitatala sa araw-araw.

Maihahalintulad ko sa sakit na trangkaso ang mga emosyon na nararamdaman ko ngayong pandemya dahil sa katangian ng sakit na ito na may samot-saring mga sintomas na sabay-sabay nararamdaman. Madalas, ganyan din ang mga emosyon ko na patong-patong at madalas, sabay-sabay ko silang nararamdaman sa isang sandali. Nakakapagod, nakakatakot, nakakapanlumo, nakakalito, at nakakagalit ang lahat ng mga ito at marami pang iba.

Nakakulong ako sa iilang silid ng bahay sa araw-araw at bilang lamang sa kamay ang dami ng beses na nakakapaglakad ako sa buong araw. Naging abalang-abala rin ako sa *Work-from-Home*. Lilipas ang ilang araw at linggo, maghihintay ako ng anunsiyo mula sa Malacañang. Sa balita sa Facebook, Twitter, at radyo, nakatutok ako. Sa social media platforms lamang nakakalaya ang isip ko sa maliit na espasyong aking kinalalagyan.

May mababalitaan akong anunsiyo ng ekstensyon ng lockdown mula sa Palasyo. Makalipas ang ilang linggo, susundan na naman ito ng panibagong anunsiyo ng ekstensyon hanggang sa umabot na sa pitumpu't anim na araw ang lockdown. Subalit wala pa ring sagot hinggil sa hiling ng taong bayan na mass testing. Sa paglipas ng bawat linggo, lalong nagiging hayag na walang estratehiya ang pamahalaan upang masolusyonan ang krisis pangkalusugan sa ating bansa. At tila ba kusa lang na mawawala ang virus, na wala silang kailangan gawin kundi ang maghintay.

*"Gusto kong sumabog. Magsabi ng masasamang ... mga words!"* 'ika nga ng paborito kong meme mula sa Pinoy Big Brother. #Relate ako riyan ngayong pandemya. Tulad ng housemate na nagsabi ng mga salitang 'yan, nakakulong din ako sa bahay. Ang ipinagkaiba nga lang ay bahagi siya ng isang reality show, samantalang ang kalagayan ko ay dulot ng COVID-19 at lockdown. Umabot pa nga sa puntong sa loob ng higit pitong buwan ay hindi ako makatulog nang mas maaga sa alas-kuwatro ng madaling-araw na dulot ng aking anxiety.

Kapag binubuksan ko ang Twitter sa ganyang oras, di ako nagugulat na marami rin akong nakikitang katulad ko na gising pa. Mas

magaan pang magbasa ng tweets sa ganitong oras dahil mas personal na mga karanasan sa quarantine ang mga nababasa ko. Samantalang kapag sa araw ako nagbabasa ng tweets, doon ko nasusundan ang mga nakaka-stress na balita, gaya ng kawalan ng mass testing, pagdakip sa mga mahihirap na mamamayan, na lumalabag sa Quarantine Protocols, at ang pagpapasara sa ABS-CBN. Tanda ko, bago ang pandemya, pumupunta ako sa Twitter para magrelaks, para maipahinga ang isip ko. Subalit nang magsimula ang pandemya, madalas ay inis at lungkot ang nararamdaman ko pagbukas ko ng Twitter. Para bang may dagdag pa na bigat sa dinadala ko, ngunit sa kabila nito, gusto kong manatiling mulat sa mga nangyayari sa paligid.

Isang umaga, pagbukas ko ng Facebook at Messenger, nabalitaan ko na lang mula sa aking mga kaibigan, kaklase, guro, at kapwa ko alumni sa UP na nagsilitawan ang mga pekeng Facebook account na gumagamit ng mga pangalan nila. Nalaman ko na ang lahat ng mga bumabatikos sa administrasyong Duterte sa social media ay ginawan ng fake accounts. Panahon iyon na nagsisimulang itulak ng pamahalaan ang Anti-Terrorism Bill pa lang noon. At mayroon ding paliwanag kung paano maaaring gamitin ang fake Facebook accounts sa red-tagging ng mga taong nakapangalan sa mga ito. May ilang mga aktibista rin na nagpakita ng mga screenshot na nagpapakitang binabantaan na sila ng mga troll na gumawa ng mga pekeng account. Oo, nakakatakot ito. Pero mas higit itong nakakagalit. Ipinapakita lamang nito na mas lalong hindi tayo dapat manahimik.

Sa personal man na antas o maging sa aking trabaho, mabigat ang aking pakiramdam. Nang magsimula ang ECQ, bahagi ng trabaho ko na makipag-ugnayan sa mga katutubong komunidad sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Halos araw-araw, nakakausap ko ang mga lider ng kanilang mga komunidad tungkol sa kanilang kalagayan mula noong nagkaroon ng lockdown. Kahit na mula sila sa iba't ibang pulo sa Pilipinas, magkakatulad ang mga karanasan nilang naikuwento sa akin. Hindi sila makalabas sa kanilang mga sitio kaya di sila makapagbenta ng kanilang mga inaning gulay. May mga pagkakataong nakaranas sila ng gutom dahil ni wala silang maipambili ng bigas, ni hindi sila basta makababa mula sa mga bundok na kinalalagyan ng kanilang mga komunidad dahil napapaligiran sila ng militar.

## MGA BAGONG ACRONYM

Magkapatong ang suot kong face mask at face shield habang naglalakad ako sa ilalim ng tirik na tirik na init ng araw. Ramdam ko ang init sa aking mukha at paglabo ng aking paningin habang tumatagal. Napakahirap huminga at kung minsan pa nga ay nakakahilong isuot ang face shield sa anumang lugar.

Sa krisis na kinakaharap ng Pilipinas ngayong pandemya at sa pagdagsa ng mga masalimuot na pangyayari para sa mga Filipino, kahit na hindi ako nakasuot ng face shield, nahihirapan akong huminga. Lumalabo rin ang tingin ko sa hinaharap at madalas, nahihilo na rin ako dahil sa sunod-sunod ang masasamang balita para sa bansa. Mula sa tuloy-tuloy na pagdami ng mga kaso ng COVID-19, hanggang sa paglaki ng utang ng bansa, at pagtaas ng bilang ng mga Filipinong nawalan ng kabuhayan. Idagdag pa na may patutsada si ganito sa telebisyon na di kailangan ng mass testing. May mga dinakip na aktibista sa mga ganitong-ganyang lugar. Nabalitaan na pinatay sina ganito at ganyan noong isang linggo at choosy daw ang mga Filipino sa bakuna. Nakakagalit mabasa ang mga balitang ito. Idagdag pa ang hamon na ayokong mahawa at kailangan kong mabuhay sa gitna ng pandemya.

Noong Hunyo, nagbalik ang mga pampublikong transportasyon, tulad ng MRT, LRT, mga bus, at taxi. Nagbukas ang mga opisina, mall, kainan, at sa ibang mga lungsod, bumalik pa ang dine-in sa mga kainan. Hindi na tahimik ang mga kalye. Nagsilabasan na ulit ang mga tao. Simula na raw ang General Community Quarantine (GCQ).

Maging ako noon ay kinailangang pumasok sa opisina ng isang beses sa isang linggo. Nakita ko kung gaano karami muli ang mga sasakyan na bumabiyahe mula Quezon City pa-Maynila. Maraming tao na rin ang makikitang naglalakad sa mga kalye, para bang katulad ito noong normal pa ang paligid. Ang ipinagkaiba nga lang, naka-face mask ang lahat ng tao.

Ang pumukaw sa atensyon ko sa mga panahong iyon ay ang paggamit ng mga institusyon sa katawagang "New Normal." Para sa akin kasi, walang normal sa "New Normal" dahil malayong-malayo sa normal ang sitwasyon ng COVID-19 dito sa Pilipinas. Lumalala pa nga ang dami ng kaso ng COVID-19. Idagdag mo pa na may dating ang katawagang

"New Normal," na naabot na natin ang *flattening the curve*, samantalang ang realidad ay malayo pa ang Pilipinas dito, ni wala pang mass testing at walang maipakitang tiyak na plano ang kasalukuyang administrasyon para sa COVID-19 response.

Noong GCQ, minadali ang pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law. Sa pagbukas ko ng Twitter o Facebook, ang madalas na bumubungad sa akin ay mga larawan ng mga aktibista o organisador na pinatay o dinakip bilang hudyat ng pagpapatupad ng Anti-Terrorism Law. Lahat sila ay mga miyembro ng mga samahan na ipinaglalaban ang mga karapatang-pantao ng mga batayang sektor. Bahagi sila ng mga komunidad na pinakanahihirapan sa pandemyang ito. Ang mensaheng ipinararating ng Anti-Terrorism Law sa sambayanan ay ang sinumang bumabatikos sa pamahalaan ay maaaring dakipin at ikulong.

Idagdag pa rito na nitong GCQ, higit na lumitaw ang usapin ng uri ngayong pandemya. Pawang mga nasa gitnang-uri pataas lang kasi ang may kakayahan na magpatuloy ng kanilang hanapbuhay, tipikal na gawain sa araw-araw, at makakuha ng healthcare. Kumbaga, napakaraming mga bahay ngayong pandemya ang may kakayahang magpa-deliver nang madalas, lalo na rito sa Metro Manila. Ito ang mga pamilyang patuloy na may income at ang mga miyembro ng pamilya ay naka-*Work-from-Home.* Sa kabilang banda naman ay marami rin ang bilang ng mga maralitang tagalungsod na di alam kung paano nila mapapakain ang pamilya nila sa araw-araw. Sila ang mga nawalan ng trabaho ngayong pandemya, kasabay ng paghina ng service sector at impormal na ekonomiya.

Kabilang ako roon sa nasa gitnang-uri na di-nakatitiyak kung mayroong sapat na pantustos sa pagpapagamot kung mayroon mang mahawa sa pamilya namin ng COVID-19. Nakakatakot na nga dahil di mo alam kung ikamamatay mo ang COVID-19, mas nakakatakot pa lalo dahil hindi biro ang magpa-ospital. Mulat din ako na higit na masalimuot ang sitwasyon ng mga marginalisadong komunidad. Kahit na noong ECQ at nasa bahay lang ako, alam kong maraming Filipino ang nawalan ng hanapbuhay.

Minsan, habang pauwi ako galing sa trabaho at nakasakay sa van na service ng opisina, naipit kami sa trapik. Oo, kahit na GCQ, mayroon nang trapik sa Maynila at Quezon City. Napatingin ako sa bintana at may

pumakaw ng atensyon ko sa kabilang gilid ng highway. May mga jeepney driver na may dalang mga placard at humihingi sila ng tulong pampinansyal. Nakatayo sila sa tabi ng mga jeep nila na hindi nila maipasada. At habang bakas sa mukha nila ang pagod mula sa maghapong pagtayo sa gilid ng highway na iyon, tuloy lang ang pagdaan ng mga motorista sa tabi nila, ni wala nga akong nakitang tumigil para abutan sila ng tulong.

Ang tagpong iyon ay bunga ng kawalan ng malinaw na plano ng National Government kung paano masosolusyonan ang pandemya. Nang sumapit ang ika-100 na araw ng lockdown dito sa Pilipinas, di na ito maikakaila. Nagmimistulang hindi pandemic response ang priyoridad ng pamahalaan. Kasabay ng tila pagmamalaki nila sa kung gaano kalaking tulong ang "New Normal," nilagay ang dolomite sa Manila Bay. Nagsimula silang i-promote ang pagbabakasyon sa tourist spots sa gitna ng pandemya. At kasabay ng palabas na ito, ramdam ang tindi ng militarisasyon sa mga komunidad sa probinsya. Sa mga sumunod na buwan, dumami nang dumami ang bilang ng mga dinadakip at ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao ng mga aktibista at organisador. Pawang sa online platforms at alternative media lang naibabalita ang mga ito.

Sa isang artikulo ng IBON nitong Oktubre 2020, naitala nila na 5.8 milyong Filipino ang naging unemployed ngayong pandemya. May ilan ding grupo na itinuturing itong pinakamalalang krisis pang-ekonomiya sa kasaysayan ng Pilipinas. Naniniwala ako na hindi na kailangan pang mabasa ng isang Filipino ang mga impormasyong ito para masabing napakahirap ng buhay ngayong pandemya. Tingnan pa lang sa pag-unti ng mga sumasakay sa pampublikong transportasyon o sa dami ng mga nagsarang mga kainan at tindahan, malinaw na agad na maraming nawalan ng kita. Sa palagay ko, walang-nakatitiyak kung paano nga ba magsisimulang umahon ang bansa mula sa kahirapang dulot ng pandemya.

Bukod pa sa kahirapang kasalukuyang dinaranas ng mga Filipino, wala rin akong ideya kung paano magsisimulang gumaan ang ating pakiramdam sa pagtatapos nitong pandemya. Nasaksihan ng sambayanan ang tindi ng militarisasyon sa libing ni Baby River, na anak ni Reina Mae Nasino. Nanlumo tayo sa dami ng mga nasalanta at namatay dahil sa bagyong Ulysses. Idagdag pa ang makitang nagmamakaawa ang mga

healthcare workers para pasahurin na sila at bigyan ng risk allowance.

Kahit ang Unibersidad ng Pilipinas ay may kinakaharap na hamon ngayong pandemya. Bilang bahagi rin ako ng komunidad na ito, inaalala ko rin ngayon ang malawakang red-tagging sa UP. Noong Nobyembre, sa pag-ere ng isa sa mga *Late Night Talks with Tatay Digong*, sinabi niya na walang ginawa ang UP kundi ang mag-recruit daw ng mga komunista. Dinagdag niya rin na habang nag-aaral daw ang mga taga-UP, ang gusto natin ay binibira ang gobyerno at masyado na raw tayong suwerte. "UP, fine, maghinto kayo ng aral. I will stop the funding," sinabi ng Pangulo.

**SA PASKO AT TAON NG BAKUNA**

Kakatapos lang ng huling episode ng *Start-Up* kanina. Ano na ngayon? Nabawasan na naman ang mga inaabangan kong palabas sa Netflix. At dahil sa sobrang feel-good ang palabas na ito, medyo nawalan din ako ng paraan para tumakas sa mga problemang iniisip ko ngayong pandemya. Di na nakapagtataka na maraming Filipino ang sumubaybay sa palabas na ito. Kahit papaano kasi, mula noong Oktubre, sa loob ng higit isang oras tuwing Sabado at Linggo, gumagaan ang pakiramdam ko kapag nanonood ng *Start-Up*. Sa tingin ko, kolektibo ang pangangailangan natin sa ganoong klase ng paglilibang.

Sa taong ito, di man ako makalibot sa gabi para makita ang mga Christmas lights ng mga kapitbahay namin, rinig ko pa rin ang mga Christmas songs na pinatutugtog sa mga groseri at mall. Disyembre na at Pasko na nga. Kapag napag-uusapan namin ng nanay ko ang gagawing paghahanda para sa Noche Buena, nakakaramdam ako ng lungkot. Naaalala ko kasi noon, isa ako sa mga Filipinong umasa na pagdating ng Disyembre ay tapos na ang quarantine. Inakala ko rin na normal na tayong makakalabas at halos wala nang kaso ng COVID-19. Siyempre, ibang-iba ito sa naging realidad.

Nang sumapit ang Disyembre, ang pokus pa rin ng IATF ay nalilimitahan sa pagpapatupad ng lockdown policies. Wala pa ring mass testing at wala pa ring maayos na sistema para sa contact tracing. Maging ang pagpapatupad ng mga batas, ayon sa Quarantine Protocols, ay may pinapaboran. May mga opisyal ng gobyerno at pulis na hindi napaparusahan

kahit na lumalabag sila sa Quarantine Protocols. Samantalang maraming Filipino ang kabilang sa mga mahihirap na sektor ang hinuli, ikinulong, at pinagbayad ng multa dahil daw sa hindi nila pagsunod dito. Ganito rin ang dinanas ng mga jeepney driver na ikinulong dahil sumama sila sa pagkilos laban sa jeepney ban.

Noong ika-7 ng Disyembre, naitalang umabot na sa 8,572 ang bilang ng mga namatay dahil sa COVID-19 dito sa Pilipinas. "Ang importante, I realize now, is testing," sinabi ng Pangulo. Halos siyam na buwan na ang lockdown sa Pilipinas noong araw na iyon.

Makalipas ang ilang linggo, nabalitaan kong napirmahan na ng Pangulo ang 2021 National Budget bago matapos ang Disyembre. Kaso nga lang, nalaman kong nakasaad dito na binawasan ang budget para sa health at emergency at mas lalo nilang tinaasan ang budget para sa militar at mga kapulisan. Para sa akin, nakakagulat na ginawa nila ito habang nasa gitna tayo ng pandemya at tila di nila priyoridad ang krisis sa kalusugan na hinaharap natin. Pati raw ang budget para sa emergency aid ay binawasan kaya di ko ma-imagine kung paano na lang ang mga mahihirap na komunidad, na lubos na nangangailangan ng tulong pangkalusugan ngayong pandemya. Hangga't hindi natatapos ang pagpapahirap ng rehimeng ito, di maisasaayos ang krisis sa ating bansa.

Pumasok ang Bagong Taon, panibagong yugto sa pandemya. Kasabay na rin siguro ng panibagong taon ang pagkakaroon ko ng mga panibagong pangamba. Isa na rin sa pinagmumulan nito ay ang walang-malinaw na sistemang inanunsiyo ang gobyerno tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19. Nadagdagan pa lalo ang mga iniisip ko nang mapansin ko kung gaano kalaki ang pagtaas ng mga bilihin ngayon. Kahit na karaniwang pagkain lamang sila para sa araw-araw, hindi na biro ang pagbili ng isang kilo ng baboy o ilang piraso ng mga gulay.

Di-maikakaila kung gaano karami ang alalahanin ngayong pandemya. Higit pa itong nadagdagan noong isang gabi na nagbukas ako ng Twitter. Sunod-sunod ang mga post sa feed ko ng mga larawan ng dokumentong nagsasaad na terminated na raw ang UP-DND Accord. Gusto raw ipawalang-bisa ng Department of National Defense ang kasunduang nagsasaad na bawal pumasok ang mga pulis at militar sa loob ng UP. Giit nila,

may NPA recruitment daw na nagaganap sa UP. Wala itong katotohanan. 'Ika nga ng isa sa paborito kong post ngayon sa Facebook, *"15 years na ako sa UP. Wala namang lumapit sa 'kin para magsabing, 'Tara, mamundok at mag-NPA.' Ang uso lang lagi ay 'Tara, inom.'"*

Giit ng kapulisan at militar, kapag aktibista, miyembro ng National Democratic Mass Organizations. O simpleng pumupuna lang sa gobyerno, NPA na agad. Delikado ang ganito, lalo na at pinatutupad ngayon ang Anti-Terrorism Law. Mabigat na pakiramdam ito para sa akin dahil noong 2019 lang ay kasama ako sa libo-libong kabataan na sumama sa mobilisasyon upang ipahayag ang panawagang *#DefendUP* noong UP Day of Walkout. Tanda ko pa kung paano sinundan ng mga pulis at militar ang mga jeep namin hanggang makarating kami sa Mendiola. Kahit na nasa Commonwealth Ave. pa lamang kami, sinundan na kami ng mga pulis. At nang papalapit na sa Maynila, mga militar naman ang bumuntot sa amin.

Naging matagumpay ang pagkilos. Sa dami ng libo-libong dumalo ritong mga estudyante at guro, kaisa ang mga batayang sektor, nagawa naming ipaglaban ang Academic Freedom. Sa katunayan, ito ang naging pinakamatagumpay na pagkilos na nasaksihan ko habang ako'y nag-aaral sa UP. Nagawang mapigilan ang militarisasyon sa campus. Sa mga sumunod na buwan ng semestreng iyon, di na ginulo ng militar o mga pulis ang UP.

**ANIBERSARYO NG KRISIS**

Sa puntong ito, na isinusulat ko ito, sa loob ng ilang linggo ay magiging ganap na ang anibersaryo ng lockdown dito sa Pilipinas. Inaasahan pa rin na mananatiling nakakulong ang mga Filipino sa kanilang mga bahay at mas lalong pahirap nang pahirap ang paghinga ko habang suot ang pinagsamang face mask at face shield. Kung ilalarawan ko naman ang nakikita kong hinaharap ng bansa natin, naniniwala akong tulad din ito ng paningin ng mga taong nakasalamin kapag nakasuot ng face shield—malabong-malabo at halos walang-makita.

Kanina lang, nabasa ko, na ayon sa pag-aaral ng mga eksperto mula sa John Hopkins University, tinatayang aabot pa ng pitong taon bago matapos ang pandemya sa buong mundo. Ibinatay nila ito sa kasalukuyang

dami ng bilang ng mga taong nababakunahan mula sa bawat bansa. Nang makita ko ito, pansamantala kong ibinaba ang aking cellphone at kinailangan ko ng sandali para iproseso ang aking nabasa. Matapos ang ilang segundo, binalikan ko ulit ang artikulo. Medyo natulala ako habang tinitingnan ang isa sa mga graph. Naisip kong mag-iisang taon pa lang mula nang magsimula ang pandemya sa Pilipinas.

# *ADELMA L. SALVADOR*

Si Adelma L. Salvador, o Ka Ade, ay isang premyadong makata at mananaysay. Mas gusto niyang maalala siya bilang isang nanay. Tinagurian siyang "Inang Makata" sa mundo ng panitikan. Ang sanaysay niyang "Bisikleta" ay nailathala sa e-book na *In Certain Seasons: Mothers Write in the Time of COVID*, na inilunsad ng CCP at PEN noong Enero 2021.

# KAWÍT-ANG-PALAKOL

Simula nang magkaroon ng pandemya, ang lahat ng buwan sa amin ay kawít-ang-palakol—kaybigat ng buhay. Hindi naman iyong bigat na parang pinarurusahan. Nabibigatan lang ako sa aspektong pinansiyal namin sa kasalukuyan. Sa ibang bagay naman, kami'y nabibiyayaan.

Dito sa San Miguel, Bulacan, na ang pangunahing ikinabubuhay ay pagsasaka, Agosto ang sinasabing buwan ng kawítang palakol o panahon ng taghirap. Ito kasi ang buwan na matagal nang tapos ang anihan. Ubos na ang nakaimbak na bigas ng mga kasamá. Nangungutang na lang muna sila sa may-ari ng lupa para may pantawid-gutom hanggang sa susunod na anihan. Kayâ hindi pa nila nakukuha ang kanilang parte, baón na sila sa utang. Sa susunod na lagayan (taniman) ay ganoon na naman. Subalit kapag anihan, ang mga magsasaka ay mapupula ang hasang. Ilang linggong sagana ang pagkain sa kanilang hapag-kainan. Kabi-kabila ang ponda[1] na may tindang halo-halo, tinapay, at iba pang masarap na meryenda. Pagkabenta ng hunós[2], dito tumatambay ang mga manggagapas matapos ang maghapong paggawa. Mas maganda ang tindera, mas dinudumog ang pónda. Kung minsan ay inaabot ng hatinggabi ang kanilang kasiyahan. Siyempre pa, hindi

mawawala ang ligawan. Kadalasan, sa pondahan nabubuo ang pag-iibigan; ang iba naman ay sa taniman. Ito ang siklo ng mga senáryong nasaksihan ng isang gaya kong anak ng magsasaka na ipinanganak noong dekada sitenta.

Tumatak sa akin ang kawítang palakol. Hindi pa man ito dumarating ay pinapaalalahanan na kami ng aming mga magulang na maghigpit ng sinturon. Mag-unti-unti sa ulam. Huwag ubos-biyaya. Hindi naman namin naranasang sumala sa pagkain. Namamasada ng traysikel si Tatay kapag walang lagáy (tanim) sa bukid. Bumibili siya ng kilo-kilong bigas bago gumarahe. Wala man kaming nakaimbak na kaban-kaban, hindi kami nawawalan nang naisasaing, kahit kawítang palakol. Ang madalas na uwing ulam ni Tatay noon ay iyong pancit miki, na kapag binili sa palengke ay may kasama nang kapirasong bola-bola, kintsay, at repolyo. Sa amoy pa lang nito, nauumay na ako. Masuwerte na kung karne norte ang uwing ulam ni Tatay. Nang minsang umuwi siya mula sa pamamasada, may nakitang isang kilong bigas si Tatay sa upuan ng traysikel. Hindi na niya matunton kung sino sa kaniyang mga pasahero ang nakaiwan niyon para maisauli. Nalaglag ang balikat ng aking ama. "Ano na lang ang isasaing nila?"

May mga panahon na nagkikisà kami ng mais sa sinaing. May panahon na tingi-tinging coco jam ang inuulam namin. Kung minsan ay nagbabahog lang kami ng tubig sa mainit na kanin at saka bubudburan ng asin. Gatas ng tigre daw iyon. Pag sinusuwerte, tunay na gatas ang binabahog namin sa kanin—ang sariwang gatas ng kalabaw. Mainit-init pa kung ilakò, bagay na bagay sa inihaw na tuyô. Sa pagkain lang namin nararamdaman ang pagbabago ng kalagayan ng buhay noon dahil iyon lamang ang pangunahing pinagkakagastusan. Walang kuryente at tubig na kailangang bayaran buwan-buwan. Hindi kami nakakikita ng doktor o dentista noon.

Parati kong naririnig sa matatanda noon ang kawítang palakol subalit ngayon ko lamang naintindihan kung bakit ganoon ang tawag sa panahon ng taghirap. Sa mga lugar na bulubundukin daw kasi ay "kawít-ang-palakol" pag panahon ng tag-ulan. Ito ang mga panahong hindi makaakyat ng bundok ang mga tao para magkaingin, manguha ng kahoy na panggatong, o mag-uling. Kayâ ikinakawit na lamang muna nila ang palakol habang hindi pa ito ginagamit. Dito sa kapatagan, nakagawian

nang tawaging kawítang palakol ang panahon ng taghirap. Bagaman hindi palakol, kundi lílik o lingkáw ang ikinakáwit ng magsasaka pagkatapos ng anihan.

Sa paglipas ng panahon, umunlad ang teknolohiya. Ang hampasan na ginagamit sa paggigiik ng palay ay naging tilyadora o tresher. Ang tresher ay naging harvester. At ang harvester ay binansagang "halimaw" dahil ito ang pumapatay sa hanapbuhay ng mga manggagapas. Kapag dinaanan kasi ng halimaw ang palay, nakasako na ito kapag kaniyang iniwan. Samantala, nakapag-aral ang mga anak ng magsasaka. Nagkaroon na ng iba't ibang hanapbuhay. Ang iba ay namamasukan; ang iba naman ay nagnenegosyo. Gayunman, sumasapit pa rin ang petsa de peligro—ang kawítang palakol. Iba't iba na nga lamang ang mukha ng kahirapan ngayon.

Kabilang kaming mag-asawa sa mga pinalad na nakapag-aral. Maaga akong tumigil sa pagtatrabaho, samantalang ang asawa ko ay nagtatrabaho sa gobyerno hanggang sa kasalukuyan. May sasakyan kaming ipinaaarkila sa isang kompanya. Subalit nang magkaroon ng pandemya, hindi na na-renew ang aming kontrata. Kung kailan nabawasan ang kita, noon naman nagkasunod-sunod ang aming gastusin. Dumalas ang pagbisita sa dentista dahil kinailangang operahan ang magkabilang bagáng ng dalawang bata—ang Kuya at ang Diko. Hindi kasi lumabas ang mga ngipin. Nakapahalang kayâ kailangang bunutin. Sumasakit na at nakagagambala na sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Nasa lahi raw namin ang impacted tooth. Pinasabay ko na rin ang preventive maintenance ng kanilang ngipin, kabilang na ang root canal, filling, at cleaning. Nagpapabakuna kaming mag-anak ng pangontra sa flu at pneumonia. May bitamina kaming iniinom, pampalakas ng immune system at resistensiya. Dapat ipriyoridad ang mga ito para maiwasan ang problemang pangkalusugan at mas malaking gastos sa hinaharap.

Wala nang extra income ang aking asawa mula nang nag-lockdown. Umuwi na kasi sa Tsina ang binabantayan niyang foreign investor. Ayaw na rin naman niyang mag-security ng VIP. Nagsawa na. Gusto nang mamahinga. Mahigit na siyang dalawampung taóng naglilingkod sa gobyerno. Mas gusto na lang niyang pumasok sa opisina at doon na lang daw siya maghihintay ng pagreretiro.

Unti-unting naubos ang ipon namin sa bangko. Kaybigat ng buhay. Ang mga simpleng planong lakad, hindi matupad. Ang wish na aklat, add to cart. Iyong malusog na katawan, tumatamlay. Kayhirap bumangon pag iniisip mong matagal pa ang katapusan. Iyong sunod-sunod na pagdating ng bill ng tubig, kuryente, at internet ay nakapapraning. Subalit, gaano man kahirap ang buhay ngayon, hindi ko naranasang bumili ng kilo-kilong bigas o magkisà ng mais. Hindi na ako kumakain ng pancit miki. Mas magaan pa rin ang buhay ngayon kaysa noong dekada sitenta. Idagdag pa ang mga bagong teknolohiya na lalong nakapagpagaan ng buhay at pamumuhay ng tao.

Kahapon ay Araw ng mga Puso. Hindi naman ako umaasa ng regalo o 'yong kakain pa sa labas. Baka sabihin ko na lang, ibili na lang niya ng bigas. Kapag matagal nang mag-asawa, nagiging praktikal na. Kawítang palakol man, ang buhay ay gumagaan basta't magkatuwang. Ang mga problema, pinag-uusapan. Hindi katulad ng gobyerno na hindi ka puwedeng kumibo. Bawal magreklamo, baka mapag-initan. Baka pagbintangan, baka taniman. Baka gawan ng kaso, mameligro pa ang retirement benefits ng asawa ko.

Kailan kayâ matatapos ang kawítang palakol? Pagkatapos ng pandemya? Kapag ang lahat ay nabakunahan na?  Hindi natin masabi. Walang nakaaalam. Nagbibilang ako ng buwan. Sabi nila, sa 2022, baka nabakunahan na ang lahat ng Filipino. Maibabalik na ang normal na pamumuhay. Hayiskul na noon ang bunso ko. Bakâ mayroon na kami noong bagong negosyo. Makatutulong na ako noon sa asawa ko. Mag-aabot na ang dulo't dulo. Mabibili ko na siguro ang gustong aklat. Babalik na sa Maynila ang pangalawa, na sa ngayon ay huminto na muna sa pag-aaral dahil hindi makayanan ang online class. Wala raw siyang natututuhan. Ang mga guro niya'y parang hindi rin ginaganahan. Aba, eleksiyon na rin noon. Mayroong mananatiling politiko, mayroon din namang mapapalitan. Pero ang sigurado, iba na noon ang ating pangulo. Retirado na rin noon ang asawa ko. Pagkatanggap na pagkatanggap niya ng mga benepisyo, puwede nang banatan ang gobyerno.

Sa kabila ng pagmumuni-muni, bigla akong mapipitlag. Hindi ba't ang sabi ko, ang makaraos lang sa pandemyang ito ang goal ko? Malulusog kaming lahat. Produktibo sa likhang-sining ang tatlo kong anak.

Pinagkakakitaan na ng panganay ang kaniyang talento. Medyo mabungang manunulat din naman ako dahil napipilitang magpása pag may nang-iimbita. Samantala, patag na ang aking asawa sa destino niya, bagaman hinuhugot sa sariling bulsa ang badyet nila sa opisina. Dahil kabilang siya sa Quick Response Team (QRT), parati sila sa labas—naninita ng hindi nakasuot ng face mask, nagpapatupad ng social distancing, nagbibigay ng leaflet para sa COVID awareness, at sila ang sumasaklolo kung may emergency.

Noong nakaraang buwan, nagbibisikleta kaming mag-asawa sa gitna ng kaparangan nang matanggap niya ang tawag mula sa Red Cross. Huminto kami sa isang kubo. Ang resulta: negative siya sa RT-PCR test. Nakadadalawang swab test na siya na pareho ang resulta. Niyakap ko siya't hinalikan pagkatapos kong marinig ang magandang balita. Nagpiktyur-piktyur kami at pagkaraa'y pumadyak uli ng kilo-kilometro pauwi. Maning-mani.

Ito na ang "date" sa panahong ito. Stay at home daw pero nakalalabas kami nang hindi nakahahalubilo ng ibang tao. Nakabibiyahe, nakabisikleta man, nakamotor o nakakotse. Oo, kawítang palakol pero kung makikita mo kaming mag-asawa, sasabihin mong "Sanaol."

---

[1]pónda – png (Esp fonda): pansamantalang tindahan kapag anihan, pista, at ibang pagdiriwang.
[2]hunós – png Agr: kaparte o bahagi ng ani na nakukuha ng manggagapas, magsasaka, at tagagiik.

# tula

# *DENNIS ANDREW S. AGUINALDO*

Nagtuturo si Dennis Andrew S. Aguinaldo ng ARTS 1 at kursong Science and Technology in Literature sa Departamento ng Humanidades, CAS, Unibersidad ng Pilipinas, Los Baños. Siya ang awtor ng aklat na *Bukod sa Maliliit na Hayop: Mga Tula*. Inilathala ang kaniyang mga piyesa't collab sa digital publications, gaya ng *Plural, hal., Kritika Kultura, Revolt, {m}*, at *The Basement*. Mababasa ang iba pa niyang mga akda sa *tekstongbopis. blogspot.com.*

# DELIRYO KA NA LANG BA O MAAARI NA TALAGANG HUGUTIN ANG TUBO?

Imis-imis na ho tayo, halimbawa, itong ating kaylalambot
na mga maskara, na huwag naman sanang ipalaman sa unan, ano ho, at lalong bawal
ipaglalako sa Biñan. Ang mga galon ng alkohol, ayan, ipunin, iwa-iwain
sapagkat napapanahon kapwa ang imbudo at masetera.

  Mga binyagan, magpayakag sa mga di-kalayuan.
  Mga duguan, magpasuklay ng buhok sa mga sabik sa tao.

Nag-aabang ang trabaho, punyagi ng mga gising at nais manatiling gising.
Hahawiin kasi ang kadugyutang labis nang mahaba-habang bangungot,
ang laway na kinailangang tiisin at kinailangang ipahid sa kumot,
at ngayo'y ibubukod magpakailanman, mula sa bigat ng dibdib.

Ngayon na muli ang ngayon at ito na muli ang dito,
nakapuwesto na tayo sa piling ng mga manghahablot.

  Hindi utang-na-loob ang bakuna.
  Hindi utang-na-loob ang ayuda.

Heto nga at bubunutin ang ubod ng sakit.
Salamat ho, sa galak! Sa mga astang molotov, ngunit kloroks.

# SINASANTO

May mga taong panatag sa muling paglalapit-lapit
Ng mga monito't monita.

May kung ano sa himig ng mga di-kilalang nanay
Kapag walang mahagilap na awit,
Sumalok man sa pinaka-ubod ng lalamunan.

Gamit na gamit din
Kaya wala nang maipagas ni isang patak ng asido.

Ay, ano ba itong ganitong tunog …
Binubusalan bang paggibik,
Pamigil ba o kung ano sa namumuong alulong

Sa pagpapaiba-iba nating mga aligaga?
Baka naman may baon kang hindi pa natin alam.

> "Patak-patak tayo, hane."
> "Lelang mo, patak!"

Malay ba natin sa mga puting bahagi ng baga?
Ano ang kasukat na paki
Kung palochina ang binti ng baul na narra,

Yaong halukipkip sa ugpungan ng mga adobe,
Walang numero o larawan o kulubot.
Matatanda, at hindi na tayo nakatokang magsaulo?

“Sabi nang takpan, ano ba!
Takpan nga, sabi, lagi’t lagi.”

Ang kalat, ‘ika nga ng kabataan: “Weh,
Nag-antanda na ho kami, at sa wakas
ay puwedeng-puwede nang lumabas.”

Iyakin, hep! Hindi porke may gatas sa labi,
Exempted na sa mga gagatasan. Primera pa lang,
Tiyakin nang sariwa

Ang nag-iisang hangin na aangkin sa ating lahat.

# PAKETE NA LAMANG ANG SINSERONG BIYAHERO

E, ano kung may nalalabi pa sa mga maaaring sisihin?
May pagkukulang man ang mga bayani, burado na sila

Ngayong bayani nang lahat, maliban sa siyam na porsyento.
Kung katuwiran ang ibubuwis:

    Sige nga, scan mo tenga?
    Hawakan mo ang QR code? Corrupt

Ang file kaya tanggapin muli ang spreadsheet
Ng mga hindi mo na kikibuin at wala ka nang balak ngitian.
Block mo mag-isa mo.
Maliwanag na walang-pakialam ang mga poste

Sa napakaraming binibida ng ulan
(Na kung hindi ito mananahimik
Ay siyang ikatutunaw ng ugat ng mga papaya …

At unang tutumba ang bigat ng may-edad),
Pero bukod sa “Alin ba ang mas maporma, ngisi o kandirit?”

Tumilamsik din ang laway na “Bakit kayingay
    Ng mga nag-ensayo sa pagpapatahimik?”

Mga kabakuna, handa na ba tayo sa bawat awasan ng dam?
Sa mga liblib na piitan ng mga nasalanta?

Wagas ang tulo ng mga numero sa balita:
        “Hindi pa anya naaanod ang lahat ng guro ng Matematika.”
Kada isang dahong napipisil

Pailalim sa putik,
May bente-nuwebeng mananatili sa puno.
Bago i-upload ang sagot, kuwentahing

Maigi kung ilan sa atin ang pinupunit.

# ABOT-LEEG ANG BAHA

Ngunit depende sa leeg kung leeg ng nakatingkayad,
Nakaupo, nakahiga, o inaakap ng balahibo sa yate.

Sawa na rin ang mga nangarir na mag-usisa
Kung nasulit na bang talaga ang iyong paglalayas

(Na kung de-sabit na dibuho'y paglalayag
At kung sa mas malakremang pinto'y pagkakataon).

Nataon na rin naman tayo sa kalendaryong drowing lang ang lahat—
Mula palasyo hanggang sa mga guhit sa dagat—
Ano ngayon kung nagkasalinan ng dugo
At type kita kung negatibo kang B?

(Umagos ang aagos.)
Kung una akong nagpaturok, ibig sabihin ba'y una akong lumundag
O inunahan kita sa exit ng panganib?

(Walang kumatok na pagbabago ngunit hindi niya tayo minaliit
At anong liit natin,
kaya wala na tayong nanaisin pa.)

Makikituloy sana sa paligid ng iyong "Oo,"
Ng iyong sige na nga, uubra ba? Boss,

Quarter to two
Ng madaling-araw
At handa nang magbabad ang mga tsikiting,

Itong mga ligtas
Sa walang-hanggang siesta.

Nalangisan na't gayak na silang magtampisaw
Sa imbak ng napagkaisahan nating pagkakaligta.

# KUMPERENSIYA NG MGA ARSONISTA

Pamilyar ang mga mata ng ilan sa ating piling
at may makakasalamuha rin tayong baguhan. Mabuhay,
at huwag na lang nating masamain
ang kabaligtaran ng maalab na pagbati.
Paalala: usapin ito ng materyales,
mga katoto, at hindi ng intensyon.

Ng diskarte, aking kadaupang-palad,
at hindi kung kaninong kuwaderno ka nakatala
bago tuluyang pinilas.

Pansin natin ang hangin, markado ang bawat ulap,
ang mga galaw sa munisipyo at evacuation center.

Mapang-aruga tayo sa ningas sa pusod
ng mga estranghero, at alerto sa maaaring pasaway
mula sa mga kinilatis na laylayan ng komunidad
upang kaniya ang bakas
na matatagpuan sa abo.

Lalong hindi biro ang ating sabay halos
na tanim at ani, kahit hindi pa tuluyang humuhupa ang ulan,
may hininga pa ang bagyo,
at maaaring kakampi ng mga bantay ang baha. Paanong sining

kung hindi kumukubra? Kaya ang hangganan,
aking mga kapwa taga-usig,
ay kung paano naipagkakasiya sa budget
ang kagamitan at litro, ang pagsasanay ng listo,
ang sagad-sa-butong network.

Mangyaring magkasiya rin ang ating bukluran
sa mga pansamantalang pangalan.

Sa kabila nitong lilipas na taon,
hindi natin maaaring tawaran ang mga indibiduwal
nating kontribusyon sa malalayong nasalanta
gamit ang mga pamamaraang online at harap-harapan.
Sadyang nagkaisa tayo—

napapanahong ulitin—na walang mas iinam
sa ating usok at liwanag
bilang panghikayat sa ating mga kababayan
sa katuwiran ng mask, iwas, hugas.

At ngayong natupok na ang itinakdang matupok,
at napipinto ang panibagong saysay ng ating punyagi,
mahalagang isapuso nating lahat,
sampu ng ating mga kliyente at mag-aaral,
na hindi maaaring ibunyag itong nabanggit na saysay.

Sapagkat nasa mga sumisipol na pagitan
ng mga panggatong ang buhay ng lagablab
at kailangang itago ang dagitab,
tulad ng susi sa loob ng kandado

o buhol ng kobre sa ilalim ng matres
ng nakuha naming ward
sa areglo—siya, ang mahalaga,
naging malinaw sana tayo (may pakape, tubig,

at pika-pika, katabi ng aircon papuntang CR)
ubod ng linaw sana, lalo na rito,
ngayon, sa umagang bunga ng ating trabaho at isip.
Mga mahal ko, mga paboritong kakiskisang-siko.

# *PAUL ALCOSEBA CASTILLO*

Si Paul Alcoseba Castillo ay nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Santo Tomas at nagtatapos ng Doktorado sa Panitikan sa parehong unibersidad. Resident fellow siya ng Center for Creative Writing and Literary Studies. Kinilala ang mga tula niya sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Makata ng Taon: Talaang Ginto, at Maningning Miclat Poetry Awards. Siya ang awtor ng *Walang Iisang Salita* (USTPH, 2018), na nagwagi sa National Book Awards.

# TUNGKUNG LANGIT

Nais ko nang maniwalang hindi
matatagpuan ang hindi nagnanais
na magpakita. Ngunit nananatili
ang aking pag-alis sa bahay
upang ilatag ang kodigo ng kosmos
na nagsimulang malito
nang lumisan ka.

Nang lumisan ka, nilikha ko
ang daigdig at mga lungsod
nitong binabagtas ko ang mga kalsada
bilang nilalang. Bakasakaling
makasalubong ka balang araw.
Kahit ngayon, wala nang mukhang
inilalahad ang lahat
ng nasa labas.

Ngunit ang nabuo, laberintong
sapat ang lawak upang makapaglaro ka
ng tagu-taguan mula sa akin hanggang
sa mga eskinita at estero,
habang nalilingat ako sa ibang
panig ng uniberso.

Sa halip na magbilang hangang sampu
at ipantakip sa paningin
ang nagtataasang moog at gusali,
nagpaskil ako sa bawat poste
at pader ng polyetong
may nakasulat na *nawawala*.

Maniniwala ka bang nanawagan ako noon,
maging kay Inday Badiday,
sa palabas niyang *Eye to Eye.*
Kung naalala ko lamang ang huling
ulit na nakasama kita o ang iyong suot
bago ka naglaho, baka may nakasubaybay
sa telebisyon na makakikilala sa iyo.

Ngayon, sumusubok ako ng bago.
Kaharap ang mukha ng teknolohiya,
tinitipa ko ang mga titik
ng *nawawala* upang ipaskil
ang pabatid sa pader
ng aking pahina.
Ngunit wala pala akong mailalagay
na larawan mo.

Mahalaga pa ba kung mahahanap kita?
Sapagkat nang huli akong lumuha,
halos buong lungsod ang nalunod.
Marahil, dapat ko nang suyurin
lahat ng labíng nakasalansan
sa sahig ng bawat morge.
O ipagtanong sa mga krematoryo
ang pangalan ng katawang
abo ang tanging naiwan
sa loob ng mga urna.

Dahil maaaring usok kang bumabalik
sa panganorin upang bawiin
ang iyong mga tala at buwan.

# ULYSSES

Hindi nobela o epiko ang magsasalaysay
sa pagbabalik ng tubig sa bungad,
sa pinto ng aming pangangamba.
Sa halip, awit ng hanging nangangalampag
sa aming tahanan dahil hindi madirinig
kung paanong dumarating ang baha
pagkalipas ng mahigit sa isang dekada.
Lahat ng nakalimot, malulunod
sa pasalubong kahit hindi ka sasalubungin.
Ngunit hindi ito ang Ithaca,
at wala rito si Penelope. Tanging si Marikit
ang maaabutang naghihintay kahit hindi pa napapaanod,
kasama ng ilog ang alaala ng magdamag niyang pagkababad.
Wala dati roon sa kaniyang dibdib and bulaklak—marka
ng dating mantsang lalampasan ng panunumbalik
ng tubig. Sa ibang lupalop at panahon,
nakatanghod pa rin ang asawang abang
ang ginawang libangan habang inililigaw ka
ng daigdig pagkalipas ng digmaan.
At digmaan pa rin ang aabutan dito.
Libo ang itinumba sa kalsadang
dinaanan mo makarating lang
muli rito. Matatakpan ang pruweba
ng dalang putik bago muling tangayin. Kasabay mo,
mawawala nang tuluyan kapag tuyo na't nagbalik
sa alikabok. Kung hindi ka makakauwi,
walang-ibang uuwi sa kanilang tahanan.

# *FERNANDO CASTOR CHAVEZ*

Si Fernando Castor Chavez, o mas kilala bilang Buboy, ay tubong-Presentacion, Camarines Sur. Kasalukuyan siyang isang mag-aaral sa Partido State University sa kursong Batsilyer ng Sining sa Komunikasyon. Naging fellow siya ng 7th Saringsing Writers Workshop, Writemed Writing Workshop, Kaboronyogan Bicol Creative Writers Workshop, at Palihang LIRA. Kinilala ang kaniyang mga akda ng Kabulig Writers Prize, Premio Bragais, Parasurat Bikolnon Writers Prize, Maningning Miclat, at Bienvenido N. Santos. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Ani 40: Katutubo* ng Cultural Center of the Philippines, *Longos Zine, Bantas Folio*, at *Liwayway Magazine*. Kasalukuyan siyang kasapi ng Cavite Young Writers Association, LIRA, at Parasurat Bikolnon.

# KINABUKASAN

Wala pa ring pahiwatig ng paghilom
Sa ating bayan, sabi mo sa huling SMS
Na ipinadala matapos mong masaksihan
Sa isang asinta sa bungo
Ang tumimbuwang sa harap mo,
Habang naglalakad sa kahabaan ng Road Rigo.

Talamak ang pulbura.
Nagnanaknak sa bunganga.
Paltos sa palad ang titig ng araw
At matitingala—
*Probinsya ng Tsina*, saad ng tarpolin sa ilalim
Ng oberpas sa EDSA at may pabigat ng cola.

Mahapdi sa mata ang pagkapula.
Masangsang ang sementadong kalsada.
Nais ko nang umuwi.

# SA MGA DARATING PANG BUWAN

Malulungkot ang mga aswang
Dahil birtwal na ang lamay sa aming bayan
At abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Hindi na sila makapagnanakaw
Ng mga katawan. Walang makukutkot
Na langib sa mga binti, braso, sentido, at dibdib
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Hindi na sila makapapahid ng pamada
Sa kanilang balat para sa paghahandang lumibot,
Kahit ang paggapang sa mga silong
(kung mayroon man), Ang magpanggap na hayop,
Maniktik sa bubong. Hindi na nila magagawa
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Dagling pinipingas ng kahibangan
Ang kanilang pag-asa tuwing bilog ang buwan.
Wala nang lugod ang pagtawid sa dagat at bundok
Na nakapagitan. At marahil, naupos
Na sa puso nila ang nasà na manginain
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Gusto nilang mainis sa salot
Ngunit hindi nila ito mahawakan.
Hindi katulad ng mga bangkay na naiuuwi nila
Mula sa malalayong bayan upang pugutan
At ilagak ang ulo sa tagaan ng mga inahing manok;
Patuyuin ang iba pang bahagi ng katawan para sa paparating
Na pista ng mga itim na pakpak.
Wala silang mapanghawakan sa kasalukuyan.
Alam nilang hindi sila maililigtas ng inmortalidad.
Maging sila ay umiiwas sa salot sa takot
Na mahawahan.

Dahil baka abo na silang dumating
Sa kanilang tahanan at mga minamahal.

# SA SUSUNOD NA TAON

Kailangan ang pag-alala sa mga katawan.
Silang naglaho't naririto ngayon sa pagitan,
Na kung mahihimati, nais lumanghap ng preskong hangin
Sa bukadkad ng umagang may tunog-ambon.

Sa hangin, hindi lang madilim na usok ng krematoryo,
Kundi ang taludtod ng mga sumargong pamamaalam.
Bawat magaspang na pamamanglaw, pagpalya ng hininga.
Sa ibang lupain, tumpok-tumpok na mga bangkay ang magkakasabay
Na sinilaban, maging ang samyo ng mababangong bulaklak,
Amoy tinustang buhok. Ganito nangyari ang pamamaalam
Sa mga minamahal. Nakatitimo pa rin ng lalamunan itong araw
Sa pila sa ayuda, habang may lumalanghap ng Katinko.
Ang kaayusan ng mga upuan sa labas,
Isang pag-eensayo sa distansya't pagkabagot.
Magdamag tayo sa pangangalumbaba dahil nasaid na
Ang garapon ng matatamis nating panaginip.
Umiimpit ang mga sikmura sa katanghalian.
Sa isip, nakikinita ang sariling katapusan sa ospital,
Na ang lahat ng bahagi kong ito'y magiging abo,
Na ang sugat, tinutungkab ng bughaw na pùngaw.
Napansin ko na kayrami kong inaalala.

Sa paanan ng Quince Martires, naghihintay akong magising si Haliya.
Umaasa na sa isang ihip niya, matutunaw ang salot sa hangin.
O kaya, ikuyom ito sa mahiwaga niyang kamao
At kapag malapit na itong malagutan ng hininga,
Ihuhulog ito sa pagitan natin habang pumupusag,
Malalapok ang interyor at matutunaw sa matinding init ng sinag.

# SA SUSUNOD PANG LIMANG TAON

Karaniwan sa amin ang pagbaha,
Sandali man ang ulan.
Tinubuan na kami ng hasang
Sa lansa ng tubig-putik,
Na ang pagkapagkit, malapot pa
Sa apaw ng nabangas na poso-negro.
At ano? Ang pagduwal ay para
Sa mahihina ang sikmura.
Sapagkat madalas ang baha,
Wala nang haligi ang bawat
Arkitektura ng bahay. Mahalaga
Ang katig na naging bisig namin
Sa marahas na agos.
Sa ibang bansa, ganito ang biro:
Tayo ay hybrid ng tao at hito.
Nakikitawa kami sa balita,
Matamis at maasim sa sikmura.

# ISANG DEKADA

Imahen ng 2020 ang mababalikan sa naipong larawan
Ng mga face shield at face mask sa museo ng alaala.
Pero kayrami ngang sakuna ang nagdaan: hagupit ng bagyo,
Alingawngaw ng lindol, muling panganganak ng salot,
At ang hindi na makatindig-balahibong pamamaslang.
Ngunit sa mga pagitan nito ay patuloy na tumitindig, sumusuntok
Ang ating mga kamao—lumilikha ng makatuwiran na búkas.
Naghahanap nang ganap na liwanag na maikukuyom habambuhay
Sa ating mga palad.

Nilisan natin ang lungsod at naririto tayo ngayon sa probinsya.
Naglalaba sa sapa, namimingwit sa ilog, nagbubungkal ng lupa
Sa munti nating taniman. Nililibang natin, Mahal, ang ating sarili
Sa pag-aalaga ng mga manok, pato, gansa, kalapati, at baboy.
Nakapagtuturo tayo sa ating kapitbahayan ng tamang pagtatanim
Ng lansones, kalamansi, talong, kundol, at kamatis,
Na kapwa natutuhan sa mga bungkalan noong magtapos ng kolehiyo.

Kanina, habang himbing ka pa, naglibot ako sa paanan ng Isarog
At namitas ng mga hamog at mababangong rosal
Para sa ikasampung anibersaryo ng pumanaw nating anak,
Na binawi ng pangahas na COVID-19.

Paggising mo, magkasabay natin siyang ipanalangin,
Patuloy pang mahalin.

# *GERARD P. CONCEPCION*

Associate Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman si Gerard P. Concepcion. Wala siyang birtud sa malikhaing pagsulat.

# 19 NA PANTIG/PINTIG SA MGA EPISODYO NG PANDEMYA

Maagang babangon:
papasada nang kumakalam ang sikmura.

Lalabas, maghahanapbuhay,
pambili ng makakain.
(repeat)

Curfew na pala.
Agad siyang naglatag ng karton sa
bangketa.

Ama, nagpakamatay! Wala kasing pera,
takot makahawa.

Gamot sa COVID:
salabat,
suob/tuob,
gin-bulag,
Ivermectin.

Maagang mag-da-drive thru:
nang makahigop agad ng macchiato.

Mag-ii-swipe,
pipili, oorder
kung ano ang kakainin. (repeat)

Curfew na pala.
Agad siyang nagbukas ng bourbon sa
lamesa.

Mag-ina, binisita!
Sabik na makita kahit makahawa.

Sagot sa COVID:
full lockdown,
gasolina,
dolomite,
red-tagging.

Pumipila,
dikit-dikit,
nanlalagkit.
Para ‘to sa ayuda!

COVID POSITIVE:
sanlibo kada oras, namatay sa
tent, walang-pambayad.

Limang trilyong piso,
wala na raw tayong pera,
malaking bagay.

Nasaan ang pangulo?
Testing, bakuna,
ayuda.
KABUHAYAN.

Kumakanta,
papikit-pikit,
pakibit-kibit.
Biglang mañanita!

COVID POSITIVE:
hospital full, ngunit may suite kay
mister VIP.

Labinlimang libong tao,
konti ang patay,
maliit na bagay.

Nasaan ang panggulo?
golf, jogging,
shadow boxing
KAMATAYAN

# *ROWENA P. FESTIN*

Si Rowena P. Festin ay nagtuturo sa Unibersidad ng Pilipinas, Pampanga. Nagkamit ng pagkilala ang kaniyang mga tula at maikling kuwento sa Don Carlos Palanca Memorial Awards at Gawad Galian. Kinilala rin siyang Makata ng Taon ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kinilala ng National Book Development Board (NBDB) at Manila Critics Circle (MCC) ang aklat niyang *Banayad* bilang pinakamahusay na aklat ng mga tula sa Filipino para sa taong 2017. Ang kaniyang mga tula, maikling kuwento, at mga kritikal na sanaysay tungkol sa panitikan at kulturang Filipino ay nailathala sa mga lokal at internasyonal na dyornal at antolohiya.

# TANAWIN MULA SA AKING BINTANA

## *KAPITBAHAY 1*

Patay na ang mga halaman
Sa teresa ng aking kapitbahay.
Nangangalirang na ang lupa
Sa basag-basag nang mga paso.
Lumikas na rin ang mga paruparong
Dati'y bisita ng mga bulaklak.

Damang-dama ko ang lungkot ng bahay
Nang unti-unting nawawasak
Ang dalawang upuang kahoy,
Na nakabantay sa mga halaman,
At ang lagaderang nakapatong
Sa ngayo'y pilay nang mesita.

Damang-dama ko ang lungkot ng bahay
Nang isa-isang bumabagsak
Ang kaniyang mga pasamano,
Dingding, bisagra,
Bintana, pinto,
Kisame, bubong, alulod.

Damang-dama ko ang hapis ng bahay.
Damang-dama ko
Ang pandemya.

# *KAPITBAHAY 2*

Tahimik na tahimik ang kusinilyang
Dating inaawitan ng
Kaserola, takure, kawali, sandok.

Tuyong-tuyo ang lababong
Dating kakuwentuhan ng
Mga plato, kutsara, tinidor, baso.

Nangalirang na ang kurtina
Sa bintana ng kusina,
Na dating kasayaw ng hangin
At kahalikan ng sikat ng araw.

Damang-dama ko ang hapis ng bahay
Nang ibinuyangyang niya
Ang kusinang dati'y laging may handaan
Nang ibinagsak niya ang bintana,
At pinutol ang tali ng kurtina.

Damang-dama ko ang hapis ng bahay.
Damang-dama ko
Ang pandemya.

# ANG MATANDA SA GILID NG SIMBAHAN SA LIKOD NG SM NORTH

Unang buwan ng pandemya:
Nakatayo siya sa gilid ng simbahan.
Iniaalok sa bawat dumaraan
Ang iba't ibang kulay at kapal ng face mask,
Na nasa pasan niyang krus na sabitan.

Ikatlong buwan ng pandemya:
Nakaupo siya sa gilid ng simbahan.
Dinaraan-daanan habang iniaalok
Ang isang maliit at lumang radyo,
"Singkwenta pesos lang po,
Pambigas lang."

Ikasiyam na buwan ng pandemya:
Nakatalungko siya sa gilid ng simbahan.
Suot ang gulanit na face mask
At maulap na face shield.
May kausap na siya lang ang nakakakita.

# HATINGGABI NG BUTIKI SA ESKINITA

mas malamig sa aking katawan
ang palad ng inang naghihintay,
mas malamig sa aking balat
ang packing tape
na ibinalot sa bangkay,
mas malamig sa aking dugo
ang sindak
na nasa dilat na mata
ng patay.

bukas ng gabi,
sa muli kong pagbaba,
madaraanan ko ang dugong
sumanib sa burak
na nawa'y hindi ko malasahan
sa aking paghalik sa lupa.

bukas ng gabi,
sa muli kong pagbaba,
kasabay ng aking pagtiktik,
sana'y maratnan sila
ng katarungang
lagi ko ring hinihintay.

# *PAOLO MANALO*

Si Paolo Manalo ang awtor ng dalawang koleksyon ng mga tula na *Happily Ever Ek-ek* (Gacha Press, 2019) at *Jolography Retconned* (University of the Philippines Press, 2020). Nagtuturo siya ng Creative Writing at Literature sa Department of English and Comparative Literature sa UP Diliman.

# NASAMID LANG

Sino ba ang nagpauso na kapag nasamid
O nabilaukan ka at di-mapigil ang pag-ubo,
Kailangang numero, hindi tubig, ang hingin
Sa pinakamalapit na mapagtatanungan para
Ma-calculate ang first letter ng pangalan ng táong,
Sa oras na ito, ay iniisip ka, na sa lakas ng kanyang
Thoughts, gaano man kayo kalayo sa isa't isa,
Ay uubuhin ka para sundan ang code—"Kung 1=A
At 10=J, 15=O ..."—at magtataka: Sino na nga ba si
O na nakaisip sa iyo? Mabibilaukan ba siya

At magtatanong din? Iniisip mo ito tuwing
Mauubo ka sa suot mong mask, kung tama
Nga ba ang pagkakasuot mo nito, kasi di pa rin
Mapalagay ang iyong mga kamay—Oo, ngayon,
Naka-mask na lahat ng tao sa paligid—at kung
May nag-iisip ba sa iyo o baka sintomas na ito
Ng kinatatakutang sakit. Marami kang alalahanin
Ngayon, at ilan sa ito'y mga tao
Na di mo noon pinapansin kasi nariyan lang,
Silang bahagi ng araw-araw mong ngayo'y nawala.

Inuubo rin kaya sila sa kaiisip mo sa kanila
O nahawa na nga? Nag-text ang isang kakilalang
Mag-iisang dekada mo nang di napapansin:
*Baka ka asymptomatic, nakahahawa kahit*
*Walang sintomas ng sakit*. Bakit kailangan
Pahirapan pa ang lubhang mahirap nating
Pamumuhay?
Ganito na ba mangumusta
Sa panahong bawal na magkita-kita?
*Naghugas ka ba ng kamay? Saan mo nabili*
*Ang face shield?*
*May ayuda ba kayo?*

Iniisip mo pa rin ito kahit maganda na ang gising,
maayos buong pakiramdam. Walang sakit
O wala lang sintomas? Baka hindi ka lang
Iniisip ng iba kasi hindi ka nila nakikita.
Kalimot- Limot ang mukha mo’t pangalan pero sana’y
Di kailangang ubuhin para malamang
Iniisip din kita, kahit saglit lang sa isang araw,
Nawa’y nasa mabuti kang kalagayan.
Kasi mas magaang ito, mas madali ito.
Kaysa magtanong ng *Sino ito? Ito na ba?* sa aking pag-ubo.

# GALING COLD MOUNTAIN

*halaw kay Han-shan*

"Makiramay sa namatayan kahit walang-lamay
o walang bangkay na paglalamayan.
Magalit pag may mga bagay na nakagagalit
pero huwag kang magpaalipin sa kanila.
Magdiwang kung may dapat na ipagdiwang:
may kasiyahan sa ningning ng mga kandila
Para sa isang kaarawan; sinisindihan para
hipan, tapos, magpapalakpakan ang lahat."

Swerte raw at mas mahaba ang buhay ng tao
sa siglong ito, pero anong klaseng buhay naman?
Sabi n'yo: "Saglit lang kaya't huwag padala
sa lungkot o takot. Huwag panahanan
Ng galit, kahit galak. Lahat sila'y pagdaraanan …"
oo, at madaling sabihin ito mula sa tuktok
Matapos kayong magpakalayo-layo sa lahat
at walang-buwis o bayarin ang inyong mga araw.

Kung lahat tayo'y may sari-sariling Cold Mountain
na lilikasan tuwing may problema, mamumundok
Lahat maliban sa isang oraphobic na nagsabing: "Mahirap
ang umakyat, mas mahirap ang pumanatag."

# FRANCISCO A. MONTESEÑA

Si Francisco A. Monteseña ay isang guro sa kolehiyo. Ipinanganak siya sa Majayjay Laguna at kasalukuyang naninirahan sa Angono Rizal. Siya ang awtor ng koleksyon ng mga tula na *Pagluluno*, na inilimbag ng NCCA at AILAP at *Sa Ilalim ng Puting Ilaw: Mga Tula*, at koleksyon ng mga sanaysay na *#Inayserye* at *Kalmado*, na inilimbag naman ng 7 Eyes Productions. Miyembro siya ng LIRA, Angono Tres Siete Society, at Hulagway. Nagkamit siya ng mga parangal mula sa Awit Foundation, CANVAS Phils, at Talaang Ginto. Limang beses nailathala ang kaniyang mga akda sa *Likhaan* at pitong beses naman sa *CCP-ANI,* at maging sa *Philippines Graphic Magazine* at *Liwayway Magazine*.

# SA SANDALI NG PAG-ULAN

At habang naliligo ang mga talulot,
Dahon, tangkay, katawan, ugat,

Sumisilab ang nasa ko sa dibdib
Na magsabata't magtampisaw.

Sa tilamsik ng ulang humuhugas
Sa mga alalahanin ng bukas,

Musmos akong tumitingala,
Gaya ng mga nananalanging lalang

Na ibigay ang hiling na pangarap.
Kaya't nagpupuri sa mga sandali

Na gaya nito'y ibinabalik ako
Sa damusak na lansangan,

Sa patak ng kawalang-malay.
Isang paglalaro na walang-sagwil

Sa alalahanin ng gulo sa daigdig,
Katulad ng patintero sa gitna

Ng basang kalsada o paglusong
Sa malinis na kanal habang nagpapaanod

Ng bangkang papel. Ay, kaysarap
Na laro lamang bawat alaala sa agapay

Ng ulang bumabasa, hindi upang magpahina,
Kung hindi nagbabalik sa ating kinamuwangan.

# *JUDEL PAREDES*

Si Judel Paredes ay kasapi ng Surigaonon Studies Center at kasalukuyang nagtuturo sa Surigao State College of Technology. Kasapi rin siya ng Manunuyat ng Surigaonon.

# KILL BILBIL

Para sa burgis, makatabaay an quarantine.
Ugsa tan-aw sa madugo na sine ni Quentin
Tarantino pawaya appetite: may tagpusil, patay!
Que horror! More popcorn, lingaw an mangitaay.
Para sa masa, makagamay bilbil an quarantine.
Isahay sab madugo pareho sa sine ni Quentin
Tarantino: may tagpusil, patay!
Simay tagtiro? Bay, si Tatay!

# KILL BILBIL

*Salin sa Filipino*

Para sa burgis, nakatataba ang quarantine.
Kaya manood ng madugong sine ni Quentin
Tarantino para mawala ang appetite: may binaril, patay!
Que horror! More popcorn, naaliw ang nanonood.
Para sa masa, nakaliliit-bilbil ang quarantine.
Minsan ay madugo, tulad ng sine ni Quentin
Tarantino: may binaril, patay!
Sino? Bay, si Tatay!

# TAMBALOSLOS

Kun sa lasang ikaw tagmino balihon mo ra kuno an imo baro
Mabagtan mo na dajon an dayan pauli. Ako kuman nagkabiro
Na kita tanan tagmino dinhi sa lasang na mahamok engkanto.
Kahamkan sa ato nagsukbot nan T-shirt nan nodaug na kandidato;
Demodo, kun kita naghanap sa sakto na dayan, mga igsoon,
Sajon ra ato himoon: wayong nan tambaloslos ato balihon!

# TAMBALOSLOS

*Salin sa Filipino*

Kung sa gubat, ikaw ay nililigaw ng engkantong mapanlinlang,
Damit pang-itaas mo raw ay babaliktarin lang.
Makikita mo agad ang daang pauwi. Ako ngayo'y nababahala na tayo'y nililigaw rito
Ng mga engkanto. Karamihan sa atin ay nakasuot ng T-shirt ng nagwaging kandidato.
Kaya kung tayo'y naghahanap sa tamang daan, mga kapatid, madali lang ang ating gagawin:
Mukha ng tambaloslos ay ating baliktarin!

# *MJ RAFAL*

Si MJ Rafal ay nagtapos sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga asignaturang Filipino, Panitikan, at Malikhaing Pagsulat sa parehong unibersidad.

# PAGKATAPOS

Sa malayo, walang-nagbago sa daigdig.
May indayog pa rin ang mga alon,
Na sumasayaw sa dalampasigan.
Humuhuni pa rin ang mga ibon, asul ang langit.
Namumúkol ang mga ulap sa papawirin.

Sa malapit, wala ngang nagbago sa daigdig.
Suot-suot ng alon ang wasak na face mask.
Tinutuka ng ibon ang nakasuksok na hiringgilya
Sa dalampasigan. Gusot-gusot ang langit
Sa harang ng lukot na face shield.

# ALINGAWNGAW NI MARX SA TUKLAS NG LAGALAG

Sa paglalakad, pinulot ng lagalag
Ang lahat ng maaari niyang mapulot
Mula sa iniluluwal ng lansangan
At mga bangketa.
Bakasakaling makaigpaw
Sa habambuhay na gutom ng sikmura:

Isang gamit na face mask,
isang basang PPT,
isang lukot na face shield,
isang laspag na hiringgilya,
isang pares ng asul na gloves.

At natuklasan niya,

Kaydaling maging dayuhan sa mundo,
Kayhirap sagutin kung paano ito mababago.

# SOLITARIUM

Mahal,

kung makarating sa iyo ang sulat na ito, matapos mong basahin ay dampian mo sana ng isang lihim na halik at itanim sa isang munting pasô sa ating terasa. Diligan mo ng mga kuwento ang susulpot na punla, tungkol sa kung ano na ang lahat matapos ang trahedya na ito ng ating panahon. Kung sakaling yumabong, ikuwento mo ang mga salaysay ng nagdaan bago ang trahedya at maririnig kita rito, sa kung saan ako makararating. Hindi na kaya ng aking hingal sambit sa papel ito ang kuwento ng aking pagkakawalay saan ko nakuha bakit ako narito at mamamatay … na … ako … ayaw ko … na paalam …

mahal

# KARANIWAN

Bukas, hindi na natin makikilala ang isa't isa
Karaniwan nang nakadakma sa ating bibig
Ang pagitan ng kaligtasan at sakit

Kaya't kung makasalubong mo ako't hindi
Makarating sa iyong tanaw ang aking ngiti
Huwag alalahanin ang hindi pagkakilanlan

Parehas lamang tayong bago sa karaniwan nang mundo
Sakali'y may isang tiyak nang paraan para makarating
Sa dati nating kabisadong yakap at pakikipagkamay

Sa ngayon, banlawan ng alkohol ang kamay at malay
Pumili: masanay sa pagkawalay o mag-isang mamatay?

## KOLUSTAT

Nang matuklasan ang unang bakuna
Natuklasan na rin ng iilan na ang pandemya
Ay lunas sa sakit ng kapital

Ang tumubo nang tumubo hanggang
Umubo nang umubo ang karaniwang tao
Ay lunas sa sakit ng kapital

Munting ehersisyo lamang sa laboratoryo
At maipanganganak ang kahit anong uri
Ng bayrus at mikrobyo

Ang krisis ng daigdig—isang malaking negosyo
Nilang nasa tuktok na higit pa sa lubha
Ng bayrus at mikrobyo

Sangkatauhang mulat ang bakunang magtuturok
Lunas sa lipunang malaon nang binulok
Ng iilan sa tuktok

# *AVA A. VILLAREAL*

Si Ava A. Villareal ang tagapangulo ng Surigaonon Studies Center. Kakatapos lang niya sa kanyang Master's degree sa Linggwistiks sa UP Diliman at kasalukuyang naghihintay para umpisahan ang PhD sa parehong degree at unibersidad.

# AN TIGUYANG

*para sa Surigao sa ija ika-50 na anibersaryo*

Kuruyot na badjo
Laylay na panit
Mga nanurok na uban
Sa buhok na nunipis
Singkwenta na si Manang
Lapas na sa mga tuig
Na ija kilid may hinagiban.
Human na unta an kasawan
Pero kada tingog nan kwaknit
Pagtuwaw nan higot ni Nong Totit
Musugat kan Manang an singgit
Nan mga katungod na tagpandagit.

Lapas sa 1,800 ka adlaw
Nahikap, natilawan, nasimhot ni Manang
An mga bukid na kuman nangaupaw
Puya na dagat na nagsinaw
Sa duga nan lupa na nalata
Tag-angkon nan mga bakunawa
Sa suyod nan singkwenta ka tuig.

Lima ka dekada na sija saksi nan enkwentro.
Wayay nagmadaugon.
Wayay balor an kapildihon.
Magsuon, maglumon, kadugo
Tiruhon, dakpon, hadlukon
Gujuron, gairon, patuwaron
Hubuan, gakson, haykan, luguson.

Singkwenta na si Manang.
Mosayupay na sab an adlaw.
Lajo an ija panan-aw.
Hangtod langit ija tuwaw.

# ANG MATANDA

*Salin sa Filipino*

*para sa Surigao sa kanyang ika-50 anibersaryo*

Kunot na noo,
Laylay na balat,
Mga puting hibla na nagsitubo
Sa nagninipis na buhok.
Singkwenta na si Manang,
Lampas na sa mga taong
Tagiliran niya'y may lanseta.
Tapos na sana ang pangamba,
Ngunit sa bawat tunog ng mga paniki,
Pag-iyak ng tandang ni Manong Totit,
Sasalubong kay Manang ang tili
Ng mga karapatang dinagit.

Lampas sa 1,800 na araw,
Nahawakan, nalasahan, naamoy ni Manang
Ang mga bundok na nakakalbo;
Pulang dagat na kumikinang
Sa katas ng nabubulok na lupa,
Inangkin ng mga bakunawa
Sa loob ng limampung taon.

Limang dekada siyang saksi ng engkwentro.
Walang nanalo.
Walang halaga ang pagkatalo.
Magkapatid, magkamag-anak, kadugo,

Babarilin, huhulihin, tatakutin,
Hihilahin, tatalian, patutuwarin,
Huhubaran, yayakapin, hahagkan, gagahasain.

Singkwenta na si Manang.
Palubog na rin ang araw.
Malayo ang kanyang paningin.
Abot-langit ang kanyang daing.

# LATAGAW

Nahanap ta kaw sa kadugayan
Sa makinlaw na buhangin
Na payaon nan kada pagtukyod
Nan bayod pasingod sa kabatuhan
Sa baybayon na nagsumpay
Nan langit sanan dagat
Nan mga dagat na tagbuyag
Tapos taghiusa nan kabuhanginan.
Nakit-an ko an imo mga mata
Sa hangin na mutaghoy
Samtang naniid ako sa kahilom
Sa tunga tunga nan pagdumdum.
Nabatian ko na sa kinhason
An imo tingog na nikuyapot
Sa kanta nan ato mga kayag.
Mahawiran ko ra an imo alima
Sa panahon na waya tagpalandung
Adisir musayop an adlaw
Pagkahuman nan mga isda mutuwaw.
Makit-an ra nimo ako
Nagtindog, nagtan-aw
Nagpaabot magid-an
An imo mga tamak sa buhangin
Samtang taghaykan ko an parat na hangin.

# PALABOY

*Salin sa Filipino*

Nahanap kita sa katagalan
Sa makinang na buhangin,
Na nabubura sa bawat pagtulak
Ng alon sa kabatohan,
Sa dalampasigan na nagdurugtong
Ng langit at dagat
Ng mga dagat na pinaghiwalay
Matapos pinag-isa sa buhanginan.
Nakita ko ang iyong mga mata
Sa hangin na tumataghoy,
Habang nagmamasid ako sa tahimik,
Sa gitna ng aking pag-alala.
Narinig ko na sa mga kabibe
Ang iyong boses na yumapos
Sa awit ng ating mga kaluluwa.
Mahahawakan ko rin ang iyong mga kamay
Sa panahon na hindi inakala
Bago lumubog ang araw.
Pagkatapos ng pagtangis ng mga isda,
Makikita mo rin ako,
Nakatayo, nakatingin,
Naghihintay na maapakan
Ang iyong mga yapak sa buhangin,
Habang hinahagkan ko ang maalat na hangin.

# PANAWAGAN

Inaanyayahan ang lahat ng manunulat mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao na magsumite ng kontribusyon para sa *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan, Tomo 3* at *Tomo 4, 2022*. Para sa mga isyung ito, tatanggap ang patnugutan ng *Agos Journal* ng mga malikhaing akdang pampanitikan na nakasulat sa mga rehiyonal, lokal, kinagisnan, at sariling wika sa Pilipinas, liban sa Filipino, gaya ng Cebuano, Ilocano, Hiligaynon, Waray, Bikol, Kapampangan, Tausug, Maranao, Chavacano, Karay-a, Surigaonon, at iba pa. Bukas ang nasabing panawagan sa lahat ng manunulat sa mga rehiyonal, lokal, kinagisnan, at sariling wika o mga manunulat na multilingual.

Layon ng mga isyung ito ng *Agos Journal* na mas lalong palawakin at paunlarin ang mga rehiyonal, lokal, kinagisnan, at sariling wika sa Pilipinas upang isulong ang pagtataguyod ng kahalagahan at kasaysayan ng mga ito. Layunin din nito na tipunin ang mga malikhaing akdang pampanitikan na tumatalakay, umuunawa, sumusuri, at dumidiskurso hinggil sa iba't ibang antas ng karanasan ng mamamayang Filipino at maging ang ugnayan ng bawat indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan, at bayan.Isinusulong ng journal na ito na paunlarin at palawakin ang iba't ibang pamamaraan ng pagsusulat sa wikang Filipino at pag-ambag sa lawas ng panitikang Filipino. Layunin nito na tipunin ang mga malikhaing akda na tumatalakay, umuunawa, sumusuri at dumidiskurso tungkol sa iba't ibang antas ng karanasan at pagpapakaranasan ng mamamayang Filipino at ang ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan at bayan.

WWW.SWFUPDILIMAN.ORG/MAGSUMITE-SA-AGOS/

# Pamantayan sa Pagpili ng mga Akda para sa *AGOS*

1. May tiyak na ambag sa malikhaing pagsulat at panitikan ng Pilipinas. (25%)

- May natatanging estilo, pamamaraan, at moda ng artikulasyon na ginamit sa akda.
- Nagbibigay ng bagong pananaw o direksyon sa mga larangan ng malikhaing pagsulat at panitikan.
- Umaangkop o tumutugon sa nagbabagong anyo o kalagayan ng panitikan bilang produktong pangkultura sa kasalukuyang panahon at sa hinaharap.

2. May tiyak na ambag sa pagpapayabong ng wikang Filipino bilang wika ng malikhaing pagsulat at produksyong pampanitikan sa Pilipinas. (25%)

- Maayos, mahusay, at makabuluhang gamit ng wika sa malikhaing pagsusulat at produksyong pampanitikan.
- Maayos na nailalahad ang paksa at nilalaman sa pamamagitan ng malaya, masining, mahusay, at malikhaing paraan ng pagsusulat gamit ang wikang Filipino at iba pang mga taal na wika sa Pilipinas.

3. Makabuluhan at napapanahon ang mga tema o paksain. (25%)

- Mahusay at matalas na natatalakay ang mga isyu, tema, at paksa na makabuluhan sa kasalukuyan.
- Naiuugnay o nailulugar ang kasalukuyang mga paksa sa isang panlipunan, pangkasaysayan, at pangkulturang kontinuum.
- Nagbubukas o naghahawan ng landas para sa kritikal na pagdidiskurso ng mga mahahalagang usapin sa lipunan.

4. Nadadalumat at napag-uugnay ang personal, pangkultura, at panlipunang kaligiran. (25%)

- Nailulugar ang mga karanasan at usapin bilang bahagi ng mas malaking danas ng lipunan at bayan.
- Nag-aambag sa pagtataguyod ng makabayan, makatao at makatarungang kultura, at pambansang identidad.

"Ang mga akdang bumubuo sa ikalawang isyung ito ng *Agos* ay ilang pagtatala sa kolektibong kasaysayan at karanasan ng Pilipinas sa panahon ng pandemya. Malikhain, mapaglimi, mapanuri, mapagtimbuwal, at mapangahas ang mga naratibo at salaysay na nagbibigay-saysay sa karanasan ng sambayanan. Ang mga akdang ito ay hindi lamang nangangahulugan ng pagsibol ng mga salita't talinghaga at pag-iral ng kabuluhan, kundi ito rin ay malawak at aktibong partisipasyon ng mga manunulat bilang mga mamamayan tungo sa pagharap at paghinuha ng kasalukuyan at hinaharap. Lagi't laging may halaga at ugnayan ang panitikan at kasaysayan, hindi lamang sa panahon ng pandemya, kundi sa malawakang pagbuo ng mas malusog na kinabukasan para sa sarili, kapwa, komunidad, at bayan."

—mula sa *Artifact para sa Hinaharap*
JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG, Kawaksing Patnugot

"Malinaw na nailatag ng mga akda sa *Agos* ang mga palatandaan at sintomas ng isang lipunang may malubhang "sakit" at ng mga mamamayan nitong nasa panganib. Una na rito ang sintomas ng kawalan-ng-malasakit ng umiiral na sistemang panlipunan. Sa halip na maging makatao at magmalasakit ang sistema ay kinasangkapan pa nito at ginamit ang global na pandemya para itaguyod ang mga mapaniil at mapang-abusong sistema. Sa halip na unahing mapabuti ang kalagayan ng mamamayan sa krisis pangkalusugan ay mas pinaigting pa ang pasismo, militarisasyon, at sistematikong pandarahas. Walang-pakundangang nilabag ang mga karapatang pantao para makontrol lamang at masiil ang mga kritikal sa kanilang kapangyarihan."

—mula sa *Isang Diagnosis Gamit ang Panulat*
ELFREY VERA CRUZ-PATERNO, Kawaksing Patnugot

"Ang malikhaing pagsulat ay dapat na pagpanig sa katotohanan at hustisya, lalo na sa interregnum na ito ng ating bansa na pinupuspos tayo ng disimpormasyon at dinidiktahan ng algoritmo ng monopolyo kapital. Hindi na lamang payak na pekeng balita ang hinahabi ng mga sinungaling, magnanakaw, diktador, at berdugo sa ating bayan. Nagbubuhos sila ng oras, salapi, at rekurso para sa proliperasyon ng "deep fake" at lisyang impormasyon, distorsyon ng katotohanan, pagbubura ng kasaysayan, at pandarahas sa kaalaman. Lahat ng pananalaula sa tereyn ng impormasyon at kaalaman ay sinasabayan nila ng politikal na karahasan at pamamaslang."

—mula sa *Praxis ng Pagpanig ang Panulat*
MYKEL ANDRADA, Punong Patnugot

agos
Tomo 2, 2021

SENTRO NG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON